

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan
February 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Mga aktibista sa Cordillera, ginigipit; kinasuhan ng rebelyon.....	8
Pagbansag na “terorista” sa isang doktor, binatikos.....	10
3rd SFB, muli na namang nanalasa sa Lianga.	12
Barikadang bayan laban sa mina sa Sibuyan, marahas na binuwag.....	13
Karapatan para magwelga, ipinagtanggol sa UK	15
Mga pasistang pulis sa Southern Panay, binigwasan ng BHB.....	17
Programa sa ekonomya ni Marcos, di sagot sa krisis.....	19
Dalawang magsasaka, binantaang pupugutan ng ulo ng 79th IB.....	21
Operasyong pagmimina sa Sibuyan Island, pansamantalang napatigil.....	22
EDCA, kinundena sa ika-124 anibersaryo ng pagsiklab ng gerang US-Pilipinas.....	24
Gratuity pay, ibigay sa mga manggagawang kaswal ng MMDA.....	27
Pagtatayo ng anim na nuclear power plant sa Pangasinan, tinututulan.....	28
Panggigipit sa fact finding mission ng mga demokratikong grupo sa India, kinundena.....	31

Propesor ng UP Diliman, di makatarungang inaresto.....	32
Dagdag sahod, ipinanawagan sa harap ng pagpalo ng implasyon sa 8.7%.....	34
Designasyong terorista sa PKP, NPA at NDFP, pinatatanggal.....	36
Lupa ng mga magsasaka ng Tinang sa Tarlac, ipinangakong ibibigay na.....	38
Pambobomba ng militar sa Cagayan, pinaimbestigahan.....	39
4 na sibilyang pinaratangang Pulang mandirigma, nakalaya na.....	41
Marcos, kinutya sa panawagang magbayad ng buwis.....	42
Presyo ng mga pangunahing bilihin, lalupang tataas ngayong Pebrero.....	44
Takot at pagkamuhi dulot ng airstrike at forced evacuation sa mamamayan ng Hacienda Intal sa Cagayan.....	45
Pagmamaliit sa datos ng disempleyo, binatikos	49
Konsultant ng NDFP, sibilyan, dinukot ng militar noong Pebrero 6.....	51
Mga Pilipino sa Japan, naprotesta sa pagbisita ni Marcos Jr sa bansa.....	53

Na-stroke at nagpapagaling na Pulang mandirigma, dalawa pa, minasaker ng militar	55
OBR 2023: Bumangon para sa kalayaan!.....	57
Sundalo, naghuramentado sa loob ng kampo; 5 patay.....	58
Kontra-siklistang patakaran sa Makati, binatikos	60
Mga sangsyon ng US sa Syria, ipinatanggal sa harap ng pinsala ng lindol.....	62
17 anyos, pinatay ng 9th ID sa “pekeng engkwentro”	65
Ilang senador, tutol sa cha-cha.....	66
Ka Joma, pinarangalan ng mga rebolusyonaryo at progresibong grupo sa Greece.....	68
Lualhati Bautista, 77.....	70
Protesta kontra EDCA, base militar ng US sa Pilipinas, idinaos sa US.....	71
Tanggalan sa Nexperia, tinutulan.....	73
Ayuda para sa nagdurusang mga OFW, nakamit	74
Durog ang puso ng mga guro sa pagpapabaya ng DepEd.....	75
Karapatan ng dinakip ng PNP sa Cagayan, dapat kilalanin.....	76

Pagbabalik ng harapang klase sa UP,
sinalubong ng protesta.....78

Pagwawakas sa gera ng US-NATO sa Ukraine,
ipinanawagan.....80

Batas sa liberalisasyon ng bigas, pasakit sa
magsasaka.....82

Mga Dumagat-Remontado, naglakbayan laban
sa Kaliwa Dam.....84

Panunutok ng “military-grade laser” ng China
sa barkong Pilipino, kinundena.....85

Protestang ‘Black Hearts Day,’ inilunsad ng
mga manggagawang pangkalusugan.....88

Krimen ni Duterte sa gera kontra droga,
gustong itago ni Gloria Arroyo mula sa ICC....90

Hybrid Seeds Program ni Marcos, itinakwil ng
mga magsasaka.....92

Pagbasura ng Korte Suprema sa kasong graft ni
Enrile, binatikos ng mga magniniyog.....94

Pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro
Inc sa Batangas, pinaimbestigahan.....96

Pagtatayo ng incinerator sa Davao City,
tinutulan.....98

A love story: It started with a bracelet.....100

Isang kwento ng pag-ibig: Nang dahil sa
bracelet.....105

Mga anak ng namartir na rebolusyonaryo sa Sorsogon, ilegal na inaresto.....	111
Kumpanya at gubyernong Dutch, tinuligsa sa papel nito sa konstruksyon ng Aerotropolis...	113
Tinyente, 2 pang sundalo ng 49th IB, napatay sa aksyon ng BHB.....	115
Barikadang bayan kontra mina, itinayo sa Palawan.....	116
Magsasaka, pinatay ng militar sa Albay.....	118
Mga kawani sa Senado, naigiit ang dagdag na alawans.....	119
Pamilyang inaakusahang tumulong sa BHB sa Bukidnon, ginipit ng militar.....	121
Sa gitna ng trahedyang Syria binomba ng Israel	122
Presensyang militar ng US sa Pilipinas, maaring magpasiklab ng gerang nukleyar.....	123
4 na batalyong itinambak sa Samar, magpapalala sa paglabag sa karapatang-tao.	129
Pesteng militar, pinalayas ng masa sa isang paaralan sa Abra.....	130
Pagratipika ng Senado sa RCEP, lalong wawasak sa ekonomya.....	131
5 pistola at shotgun, nakumpiska ng BHB sa operasyong dis-arma sa Canlaon City.....	133

Katutubo, anak nitong 5-taong gulang, ginipit ng 24th IB.....	135
Mga riders sa CDO, nanawagan ng benepisyo at seguro.....	136
Panagutin si Gen. Durante at 1001st IBde, giit ng mga grupo.....	137
Serye ng mga protesta kontra Kaliwa Dam, inilunsad.....	139
Anibersaryo ng EDSA People Power, ginunita sa Davao.....	140
Itigil ang pagphase-out ng mga dyip.....	141
Unang anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, sinalubong ng protesta.....	143
Anti-mangingisdang Philippine Fisheries Code of 1998, ipinababasura.....	145
Itigil ang gerang US-NATO sa Ukraine, giit ng mga grupo.....	147
Mga mambabatas ng EU, nakipagpulong sa blokung Makabayan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.....	149
Simbahan, dismayado sa pagbabasura ng Sandiganbayan sa kaso ng mga Marcos.....	150
Kalampagan para sa dagdag-sahod sa Buwan ng Kababaihan.....	152

Mga manggagawa ng asukarera sa Batangas,
nagpiket.....154

Planong demolisyon sa Taguig City, tinutulan
.....155

Mga aktibista sa Cordillera, ginigipit; kinasuhan ng rebelyon

Pebrero 1, 2023

Inaresto ng mga pulis si Jennifer Awingan, isang katutubo ng Kalinga at myembro ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) sa kanyang bahay sa Barangay Pinsao Proper, Baguio City noong Enero 30. Sinampahan siya, kasama ang walo pang progresibo, ng gawa-gawang kasong rebelyon sa rehiyon ng Cordillera at Ilocos.

Si Jen Awingan ay mula sa Limos, Kalinga, isa sa mga komunidad na apektado ng Saltan Dams. Aktibo siya sa pagkilos at pagkampanya laban sa proyektong maglulubog sa kanilang komunidad.

Ang atas na arestuhin siya at walong iba pa ay inilabas ni Judge Corpus Alzate ng Regional Trial Court Branch 2 sa Bangued, Abra noong Enero 24. Ang walong iba pa ay sina Windel Bolinget at Steve Tauli, kapwa mga upisyal ng CPA, Sarah Abellon, Lourdes Gimenez, Florence Kang ng Ilocos Center for Research, Empowerment and Development, mamamahayag ng Northern Dispatch na si Niño Oconer, at dalawang pinangalangang Jovensio Tangbawan at Salcedo Dumayom Dappay Jr. Hindi sila pwedeng magpyansa sa mga kasong ito.

Sa nagdaang linggo, binatikos ng iba't ibang mga demokratiko at progresibong grupo ang pag-aresto kay Awingan at ang gawa-gawang kaso laban sa kanilang siyam. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), walang naging maayos na proseso ang pagsasampa ng mga kaso laban sa kanila.

Tulad ng dati nang ginagawa ng pulis at militar, pinalalabas nila na si Awingan at ang iba pa ay matataas na mga upisyal ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyon.

Giit ng Bayan, dapat na umanong tigilan ang ganitong kalakaran ng estado. "Hindi dapat magpagamit ang mga prosekyutor at husgado sa ganitong mga gawa-gawang kaso at paglabag sa karapatang-tao," saad ng grupo.

Paliwanag pa nila, matagal nang ginigipit ang siyam na aktibista at naging target ng red-tagging at iba pang panggigipit ng estado. Si Bolinget ay dati nang ipina-aresto sa gawa-gawang mga kaso at si Tauli ay dinukot at tinortyur ng mga pwersa ng estado noong Agosto 2022.

Bilang tugon sa panggigipit, nagprotesta ang mga kabataan sa Baguio City Police Office main station sa Baguio City noong Enero 30 para igiit ang pagpapalaya kay Awingan at pagbabasura ng mga kaso laban sa kanila.

Sa Quezon City, nagprotesta rin noong araw na iyon ang mga progresibong organisasyon sa Commission on Human Rights.

Pagbansag na “terorista” sa isang doktor, binatikos

Pebrero 1, 2023

Kabi-kabila ang pagbatikos sa resolusyon ng Anti-Terrorism Council (ATC) na nagtalaga kay Dr. Natividad Castro, isang community doctor, bilang isang terorista. Isinapubliko ng naturang konseho ang resolusyong may petsang Disyembre 7, 2022 noong Enero 30. Ang ATC ay kapulungang nilikha sa bisa ng Anti-Terror Law.

Si Dr. Castro o Doc Naty ay kilalang duktor na piniling magsilbi sa mga komunidad ng Lumad at magsasaka sa Mindanao. Pinararatangan siyang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan at sa Partido Komunista ng Pilipinas sa Mindanao na walang-batayang binansagan na “terorista” ng estado.

Liban sa pagsisilbing doktor, tagapagtanggol din sa karapatang-tao si Doc Naty. Nagsilbi siyang katuwang ang grupong Karapatan. Sa 20 taon na kanyang paglilingkod, nakatulong siya sa pagtatayo ng aabot sa 50 organisasyong masa na naging susi sa pagpapalakas ng mga kampanyang pangkalusugan at para sa karapatang-tao.

Ayon sa Health Action for Human Rights (HAHR), ang pagtalaga kay Doc Naty ay ang mismong ipinangamba nila nang isabatas ang mapanupil at mabangis na Anti-Terrorism Act noong 2020. “Arbitraryo ang desisyon. May pagdinig bang naganap o abiso man lang bago ang designasyon?” giit ng grupo.

Anila, wala ni isang pagkakataon na ibinigay kay Doc Naty para sagutin ang mga akusasyon o alamin ang mga basehan ng designasyon.

Nakagagalit din ang pagdawit ng ATC sa mga community-based health programs (CBHPs) sa armadong rebolusyonaryong kilusan at kadugtong nito ay pagbansag sa kanila bilang mga “terrorista.”

“Ngayon, hindi na lang si Doc Naty ang pinalalabas na masama. Sa pag-red tag sa CBHP bilang organisasyong may kaugnayan sa [rebolusyonaryong kilusan], isinasapanganib nito ang buhay ng ilan libong manggagawang pangkalusugan sa komunidad at lahat ng nasa propesyon sa kalusugan na nagtatrabaho para sa CBHP,” ayon sa HAHR.

Giit nila, “walang lugar sa isang demokratikong lipunan ang ATA at ATC.” Tinawag nilang “witch-hunt” ang pinakabagong designasyon ng ATC sa mga kritiko ng gubyerno.

Una nang inaresto si Doc Naty noong Pebrero 18, 2022 sa San Juan City sa gawa-gawang mga kaso ng kidnapping at illegal detention. Nakalaya siya matapos ang higit isang buwan matapos ibasura ng korte ang mga kaso laban sa kanya, at sa paggigiit ng kanyang mga kaanak at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao.

3rd SFB, muli na namang nanalasa sa Lianga

Pebrero 3, 2023

Limang magsasaka ang pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 3rd SFB, 9th company sa ilalim ni Army Captain Agoña noong Enero 24, 2023 alas-8 ng umaga sa Sityo Emerald, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur. Nasawi rito si Danny Malinao, 48 taong gulang, residente ng naturang lugar.

Dinala sa sentro ng sityo ang labi ni Malinao. Troma at takot naman ang idinulot ng panghahasik ng militar sa apat pang nakaligtas.

Ayon sa ulat, hindi namalayan ng mga magsasaka ang presensya ng mga sundalo sa lugar. Laking gulat na lang nila nang pagbabarilin sila habang nag-aani ng mga gulay.

Pinabulaanan naman ni Ka Sandara Sidlakan, tagapagsalita ng NPA-Surigao Del Sur, ang kasinungalingan ng AFP na engkwentro ang naganap. Ayon kay Ka Sandara, walang yunit ng NPA sa naturang lugar sa panahong iyon.

Hinihikayat ni Ka Sandara ang mga nakaligtas na biktima na isiwalat ang karumaldumal na paglabag ng AFP sa kanilang karapatang-tao. "Huwag ninyong hayaang ilibing na lang sa limot ang mga brutal na pagpatay sa mga sibilyan na walang kalabanlaban," ani Ka Sandara.

Hinimok din nito ang mga taong midya at mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao na tumulong sa pag-imbetiga sa naturang insidente upang ipabatid sa publiko at mapanagot ang mga berdugong salarin.

Hindi na bago ang ganitong pangyayari sa Lianga. Dahil sa mahigpit na pagtutol ng mamamayan rito

sa mapangwasak na mina at mga proyekto, militar ang kasangkapan upang dahasin at supilin sila. Ang militar ang nagsilbing gwardya at tagahawan ng daan ng naglalaway na mga kapitalistang korporasyon.

Sariwa pa sa alaala ng mga residente rito ang masaker noong Hunyo 15, 2021 kung saan pinatay ang tatlong Lumad-Manobo na si Willy Rodriguez, Lenie Rivas at ang 12-anyos na si Angel Rivas; masaker noong Setyembre 1, 2015 na ikinasawi nina Emerito Samarca (ALCADEV Executive Director), Dionel Campos at Datu Bello Sinzo. Hanggang ngayon, mailap pa rin ang hustisya.

Barikadang bayan laban sa mina sa Sibuyan, marahas na binuwag

Pebrero 4, 2023

Marahas na binuwag ng mga pulis na nagsisilbing gwardya ng Altai Philippines Mining Corporation (APMC) noong Pebrero 3 ang barikadang bayan ng mga residente ng isla ng Sibuyan, Romblon laban sa pagmimina. Ito ay matapos hinarang ng mga residente, sa pangunguna ng Sibuyanons Against Mining, ang tatlong trak na may kargang nickel ore palabas ng isla.

Dalawa ang nasugatan sa karahasan ng pulis. Nagsimula ang barikadang bayan noon pang Enero 26.

Kinundena ng iba't ibang grupo ang pandarahas ng mga pulis sa barikadang bayan. "Dapat itigil ang karahasang ito!" ani Cleng Julve, Campaigns

Officer ng AGHAM. Nanawagan din ang grupo na paimbestigahan ang mga sangkot na tauhan ng PNP sa marahas na dispersal.

Hindi ito ang unang beses na marahas na inatake ang mga residente sa paglaban nila sa pagmimina. Noong Oktuber 3, 2007, binaril at napatay si Armin Marin habang nasa nagpipiket kontra mina sa Sityo Olango sa Barangay España. Si Marin ay konsehal ng San Fernando.

Giit ng mga residente, iligal ang operasyon ng APMC dahil wala itong maipakitang mga dokumento na nagpapahintulot sa pagmimina nito sa isla. Ang APMC ay pag-aari ng pamilyang Gatchalian at bahagi ng Sibuyan Nickel Properties Development Corporation.

Buhay, tubig, kagubatan, kabundukan at kabuhayan ang mawawala sa mga residente kung magtutuluy-tuloy ang mapangwasak na pagmimina at pagdambong sa kalikasan. Mayaman sa mineral na nickel ang isla ng Sibuyan. Ang nickel ay isang uri ng metal na pangunahing sangkap sa mga produktong elektroniko at bakal.

Noong Pebrero 20, 1996, idineklarang protected natural park ang Mt. Guiting-guiting sa isla ng Sibuyan na sumasaklaw sa higit 15,200 ektarya. Ang mineral production sharing agreement ng APMC ay sumasaklaw sa 1,581 ektarya kung saan ang malaking bahagi ay nasa loob ng protektadong lugar.

Kamakailan, nanawagan ang mga residente sa mga bayan ng San Fernando, Cajidiocan, at Magdiwang kay Marcos Jr na ideklara ang Sibuyan bilang “mining-free.”

Karapatan para magwelga, ipinagtanggol sa UK

Pebrero 4, 2023

Inilunsad ng halos kalahating milyong manggagawang bumubuo sa iba’t ibang unyon sa United Kingdom ang mga pagkilos noong Pebrero 1 para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa pagwewelga. Nasa sentro ng paglaban na ito ang pagtatakwil sa ipinapanukalang batas kontra-welga (Strikes Bill). Laman ng panukala ang pagpwera sa mga unyon na mag-iwan ng mga nagtatrabahong mga manggagawa sa panahon ng welga sa mga sektor ng kalusugan, seguridad, edukasyon, transportasyon at iba pang serbisyong pangkagipitian tulad ng mga ambulansya, bumbero at rescue. Bumwelo ang mga welga sa mga sektor na ito mula nakaraang taon hanggang sa kasalukuyan.

Malinaw ang layunin ng panukalang ito na sikilin ang karapatan sa welga habang bumubwelo sa bansa ang mga pakikibaka para sa dagdag-sahod, mga makataong kundisyon sa paggawa at iba pang benepisyo. Pahihinain nito ang lakas ng mga manggagawa sa pagtatanggol ng kanilang karapatan sa pakikipagtawaran o negosasyon. Dagdag na probisyon ng panukala ang pagbibigay ng karapatan sa mga kapitalista at estado na

sisantihin ang mga manggagawa na tatangging magbigay serbisyo sa panahon ng mga welga.

Kasabay nito, dala rin ng mga manggagawa ang panawagan laban sa iba pang hakbang ng paghihigpit ng sinturon o austerity measure ng estado, na higit pang nagpapahirap sa mamamayan.

Pinakamaraming lumahok sa mga pagkilos ang mga guro na nanawagan para sa dagdag na sweldo, tauhan at pondo para sa mga paaralan. Nagwelga rin ang mga unyon ng mga manggagawa sa unibersidad at kolehiyo, mga inhinyero at bumbero, gayundin ang mga manggagawa sa tren, barko at iba pang transportasyon. Liban sa kabisera ng bansa na London, nagkaroon ng mga pagkilos sa di bababa sa walo pang syudad.

Liban sa koordinadong welga na ito, isinasagawa ng mga unyon ang kani-kanilang mga pagkilos at welga sa harap ng pagmamatigas ng kani-kanilang mga maneydsment sa pakikipagtawaran. Mula nakaraang taon, paparami, papadalas at mas nagtatagal ang mga welga.

Nangako ang mga manggagawa na paiigtingin pa nila ang kanilang mga welga hanggang hindi tinutugunan ng estado ang kanilang mga makatarungang kahilingan. Muling magkakaroon ng pambansang welga sa Marso 15 kung kailan isasalang sa parlamento ng UK ang pambansang badyet.

Mga pasistang pulis sa Southern Panay, binigwasan ng BHB

Pebrero 4, 2023

Iniulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Panay ang mga armadong aksyong inilunsad nito sa nagdaang mga buwan laban sa pasista at salot na mga pwera ng pulis at militar sa timog na bahagi ng isla. Ayon sa yunit, sagot ang mga ito sa matinding militarisasyon at walang puknat na pananalasa ng militar at pulis sa buhay at kabuhayan ng masang magsasaka at katutubo.

Pinaputukan ng yunit ng BHB ang detatsment ng 2nd Platoon, 1st Iloilo Mobile Company ng Philippine National Police sa Barangay Mayang, Tubungan, Iloilo, bandang alas-10:00 ng gabi noong Pebrero 1. Bago nito, pinaputukan rin ng BHB-Southern Panay ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Tubudan, San Remegio, Antique noong Enero 28.

Samantala, noong Disyembre 11, 2022, inambus ng BHB ang pinagsanib na pwera ng San Remegio Municipal Police Station at Antique Mobile Force na nag-ooperasyon sa Barangay Aningalan, San Remigio, Antique. Dalawang pulis ang nasugatan sa naturang ambus.

Sa mga opensibang ito, pilit itinatago ng estado ang kanilang mga pagkatalo. Nagpakalat sila ng maling mga impormasyon para lamang itago ang mga kabiguan.

Paliwanag ni Ka Ariston Remus, tagapagsalita ng BHB-Southern Panay, "...sagot ito sa matinding militarisasyon at walang puknat na combat clearing, strike at civil military operations ng AFP at PNP sa kanayunan sa implementasyon ng proyekto at programa ng NTF-Elcac at ng Retooled Community Support Program. Ang pagpapatupad nitong programa ay nagdulot ng laganap na paglabag ng karapatang-tao."

Ayon pa kay Ka Ariston, "pilit na pinapasurender ang masang magsasaka at pina-aamin na kasapi ng NPA, myembro ng rebolusyunaryong organisasyon kung di man mga taga-suporta na kilusan para kwartahan at gawing gatasan sa pamamagitan ng programang E-CLIP."

Dagdag pa niya, tinatakot ang mga residente na kakasuhan ng paglabag sa Anti-Terror Act at ikukulong ng 12 taon. Isinalaysay din ni Ka Ariston ang labag sa internasyunal na makataong batas na okupahin ang mga sibilyang imprastruktura at lugar tulad ng mga plaza, health center, daycare, simbahan at mga kabahayan ng mga residente.

Liban sa nakaliligalig na presensya, kinukubabawan din ng militar ang mga sibilyang awtoridad hanggang sa antas-barangay. Pinipresyur nila ang mga ito na ideklarang persona non grata ang hukbong bayan at magsalita laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa harap ng mga ito, determinado ang BHB na ipagtanggol ang buhay at kabuhayan ng masa sa Southern Panay. Salaysay ni Ka Ariston, "tungkulin ng NPA na ipagtanggol ang masa laban

sa matinding pang-aapi at pagsasamantala ng naghaharing sistema. Tungkulin rin nito na pukawin, organisahin at pakilusin ang uring anakpawis na depensahan ang sarili laban sa militarisasyon at pasismo ng estado.”

Programa sa ekonomya ni Marcos, di sagot sa krisis

Pebrero 4, 2023

Hindi mareresolba ang pangmatagalang krisis sa ekonomya ng Pilipinas sa pamamagitan ng Philippine Development Plan (PDP) 2023-2028, ang pinakahuling programa sa ekonomya ng estado sa pamumuno ni Ferdinand Marcos Jr. Sa isang porum ng Ibon Foundation noong Enero 30, tinawag nito ang plano na “luma na” at kailangang “baligtarin” para magkaroon ng ekonomyang mapakikinabangan ng mas marami.

Ang PDP na ito, ayon sa instituyon, ay pang-siyam na sa mga “programang pangkaunlaran” mula sa panahon ng diktadurang Marcos. Mula noon hanggang sa kasalukuyan, nakatuon ito sa pagpapatupad ng mga reporma para sa “malayang kalakalan.” Ang ibig lamang sabihin nito ay ang pagpapatuloy ng nakatuon-sa-eksport na produksyon habang nagkukumahog na makaakit ng dayuhang pamumuhunan.

Inilahad ng Ibon ang datos ng estado na nagsasabing lumaki ang bahagi ng produksyong pang-eksport mula 16% ng GDP noong dekada 1980 tungong 40% noong dekada 2000. Anim na beses namang lumaki ang dayuhang

pamumuhunan mula dekada 1980 (5% ng GDP) tungong 29% sa kasalukuyan.

Sa harap nito, pabagsak ang padron ng pagmamanupaktura at agrikultura mula pa dekada 1950. Gayundin, papaliit ang bilang ng iniempleyo nitong mga manggagawa.

Ayon sa Ibon, mabibigo ng PDP na iahon sa krisis ang ekonomya sa sumusunod na dahilan:

Una, nakabalangkas ito sa patakarang globalisasyon na sanhi na ng malawakang kawalan ng trabaho, kahiraan at kawalan ng pag-unlad sa nakaraang apat na dekada.

Pangalawa, walang intensyon ang PDP na paunlarin ang produktibong sektor ng ekonomya, partikular ang agrikultura. Wala rin itong mga hakbang para tiyaking sustainable ang produksyon.

Pangatlo, wala itong itinakdang hakbang para iahon sa kahirapan ang nakararami (equity at inclusion). Walang itong binabanggit tungkol sa nakabubuhay na sahod, pagtaas ng presyo sa pagbili ng mga produktong pang-agrikultura ng mga magsasaka, at pagtanggap ng pasaning buwis ng mas nakararami. Wala ring pagpapalawak sa mga proteksyong panlipunan.

Binweltahan ng Ibon ang pagmamatigas ng estado sa liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan na anito'y likas na "exclusionary" o nagbebenepisyo lamang sa iilan.

Hindi garantiya ang dayuhang pamumuhunan sa pag-unlad ng bansa, ayon sa institusyon. Mas malaki ang pumapasok na dayuhang pamumuhunan na pumapasok ngayon sa Pilipinas kumpara sa pumasok sa South Korea, China at Taiwan noong bumebwelo pa lamang ang paglago ng kani-kanilang mga ekonomya. Sa harap nito, nananatiling maliit ang sektor ng pagmamamupaktura ng bansa, at atrasado ang agrikultura.

Dalawang magsasaka, binantaang pupugutan ng ulo ng 79th IB

Pebrero 5, 2023

Iligal na idinetine ng mga sundalo ng 79th IB ang mga magsasakang sina Rex Lumayno at Eric Opinggo sa Sityo Odiong, Barangay Bandila, Toboso, Negros Occidental. Habang nasa kustodiya ng militar, dinala sila sa malayong lugar at binantaang pupugutan ng ulo. Tatlong oras silang hawak ng mga sundalo mula alas-6 hanggang alas-9 ng umaga noong Pebrero 2.

Sina Lumayno at Opinggo ay papunta sa kanilang mga sakahan para asikasuhin ang kanilang mga alagang hayop. Napag-initan at dinakip sila ng nag-ooperasyong mga sundalo.

Samantala, niransak ng mga sundalo ang bahay ni Toto Palay sa parehong barangay kamakailan lamang. Ninakaw ng mga sundalo ang duyan ng kanyang apo dahil pag-aari umano ito ng Bagong Hukbong Bayan. Binantaan pa silang bobombahin ang kanilang bahay. Ilang ulit nang binabalik-

balikan ng mga sundalo si Palay sa kanyang bahay. Pinaparatangan siyang mandirigma ng BHB at pinipilit na “sumurender.”

Noong Enero 7, sangkot rin ng parehong yunit ng militar sa panggigipit sa sibilyang si Wendel Pasinabo. Matapos dakpin si Pasinabo, binantaan siyang pupugutan ng ulo gamit ang bolo na kinumpiska sa kanya. Ilegal din siyang idinetine ng mga nang mapag-itan habang nagpapastol ng kanyang mga alagang hayop.

Operasyong pagmimina sa Sibuyan Island, pansamantalang napatigil

Pebrero 5, 2023

Dahil sa mga barikada at sama-samang pagkilos ng mga residente ng Sibuyan Island, natulak ang Altai Philippine Mining Corporation (APMC) na pansamantalang itigil ang mga operasyon nito noong Sabado, Pebrero 4. Napatigil ito matapos mabunyag sa publiko ang maraming paglabag ng kumpanya sa batas at pangwawasak nito sa kapaligiran.

Sa harap ng malakas na panawagan ng mga residente na kagyat ipatigil ang operasyon ng APMC, inilabas ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang ikalawang Notice of Violation laban sa kumpanya. Tinukoy ng DENR ang apat na kaso kabilang ang paglabag sa Water Code of the Philippines, pagtatayo ng causeway na walang Environmental Compliance Certificate (ECC) at pagpuputol ng mga puno ng walang permit.

Bagaman ang notice na inilabas ng DENR laban sa kumpanya ay hindi pa pagbawi sa kanilang permiso sa eksplorasyon o mineral production agreement (MPSA), paunang tagumpay ito para sa mga residente.

Ang mga hakbanging ito ng DENR ay kasunod ng inilunsad na dayalogo noong Pebrero 1 ng mga residente, tagapagtanggol ng kalikasan, mga upisyal ng gubyerno at iba pang ahensya. Napagkasunduan sa pulong na ito na dapat itigil ng kumpanya ang pagmimina.

Sa pulong, pinuna ng mga tagapagtanggol ng kalikasan ang kawalan ng transparency, koordinasyon at pagrespeto ng mga pambansang ahensya sa lokal na gubyerno at kanilang pagtutol sa pagmimina. Ipinahayag din nila ang pagkadismaya ng mga residente sa serye ng marahas na pambubuwag ng pulis sa mga protesta at barikada. Anang mga residente, mananatili sila sa barikada hanggang lumisan ang mga barge at malalaking barko ng Altai at itigil ang mga operasyon nito.

Ipinaabot ng grupong Kalikasan People's Network for the Environment ang pagpupugay nito sa matapang na pagtindig at paglaban ng mga Sibuyanon sa mapanirang pagmimina. "Ang karanasan ng mga Sibuyanon ay nagpapakita ng kapangyarihan ng kolektibong aksyon at kung paanong ang pagkakaisa ng mga komunidad ay makapagpapahinto sa mga mapanirang proyekto," ayon pa sa Kalikasan.

Dagdag nila, mahaba pa ang laban para tuluyan nang ipatigil ang mapanirang operasyong mina sa lugar. Gayundin, iginigiit ng grupo ang isang moratoryum sa lahat ng mga operasyong mina sa Sibuyan, at sa lahat ng mga susing lugar na pinagmumulan ng tubig (watershed) at kanlungan ng iba't ibang halaman at hayop (biodiversity) sa bansa.

EDCA, kinundena sa ika-124 anibersaryo ng pagsiklab ng gerang US-Pilipinas

Pebrero 6, 2023

Binatikos ni House Deputy Minority Leader at ACT Rep. Frances Castro ang todo-todong pagtataguyod ng rehimeng Marcos sa Enhanced Defense Cooperation Agreement o EDCA at ang nagpapatuloy na presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa noong Pebrero 4, ika-124 anibersaryo ng pagsiklab ng gerang Pilipino-Amerikano.

“Tila hindi umalis ang mananakop,” pahayag niya sa kanyang talumpati sa isang programa ng paggunita sa Sta. Mesa, Maynila. “Maaaring mapamura sa galit si Heneral Luna, at umalab muli ang gerilyang diwa ng Tinio Brigade at ng mga bayaning Lumad kung malaman nilang nagbalik sa kanilang mga probinsya ang noo’y kanilang pinalayas.”

Sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899 nang paputukan ng isang sundalong Amerikano ang nagpapatrulyang

sundalong Pilipino. Pinanghawakan ng naturang mga sundalong Pilipino ang hangarin ng mamamayang Pilipino na maging malaya pareho sa kolonyalistang Espanyol at mga Amerikanong mananakop. Tumagal ang digmang ito hanggang Hulyo 2, 1902.

Panawagan ni Rep. Castro, ang pagwawakas sa panghihimasok militar ng US sa Pilipinas, na lalupang tumingkad matapos sinang-ayunan ng papet na rehimeng Marcos noong nakaraang taon ang pagtatayo ng dagdag na limang base militar sa bansa. Dagdag ang mga ito sa nauna nang limang pasilidad militar na dati nang napagkasunduan sa ilalim ng EDCA. Ipinirmi ang mga lokasyon ng apat sa limang dagdag na base militar at pagpapabilis sa konstruksyon ng naunang lima sa pagbisita ni US State Sec. Lloyd Martin sa bansa noong nakaraang linggo.

Base militar saan man sa bansa

Mas malala sa nagdaang mga kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US ang EDCA. Ito ay dahil pinahihintulutan nito ang pagtatayo ng mga base at pasilidad militar ng US sa loob mismo ng kampo ng AFP kahit saang bahagi ng bansa. Iniikutan nito ang probisyon sa konstitusyong 1987 na nagbabawal sa mga dayuhang mga base militar, tropa at pasilidad na walang tratadong pinagtibay ng 2/3 boto sa senado.

Anupaman ang palusot ng US, sa aktwal ay gagamitin ang mga permanenteng base at pasilidad na ito bilang lagakan ng mga armas, kampuhan ng mga tropa at mga depot para sa

pagkumpuni at pagrefuel ng mga barko at eroplanong pandigma. Tulad sa nakaraan, magiging sentro ang mga ito ng malalalang paglabag, pang-aabuso at anti-sosyal na mga gawi. Napatunayan na sa nakaraang mga taon ang kawalang panangutan ng US sa mga krimen ng kanilang mga tauhan habang nasa loob ng bansa.

Para panatilihing maamo ang tutang estado nito sa Pilipinas, hindi bababa sa \$54-\$55 milyon ang inililimos ng US sa Armed Forces of the Philippines sa nakaraang limang taon. Sa nagdaang pagbisita ni Austin, ipinagmalaki niyang maglalaan ang US ng \$82 milyon para sa pagtatayo ng unang limang base militar nito sa ilalim ng EDCA. Tinawag niya itong “suporta sa ekonomya at paglikha ng mga trabaho.”

Libreng gamit ng mga rekurso

Binweltahan ng mga demokratikong grupo ang pahayag na ito ni Austin. Sa ilalim ng EDCA, walang babayaranang upa para sa pwesto at walang babayaranang anumang buwis ang US sa pamamalagi nito sa loob ng bansa. Wala rin silang pananagutan na linisin ang mga baseng ito ng maiiwan nilang mga basura at nakalalasang kemikal, tulad ng wala silang pananagutan na linisin ang dati nilang iniwang mga base sa Clark at Subic.

“Habang ang mamamayang Pilipino ay naghihirap at nagkukumahog na mabuhay sa ilalim ng lumalalang krisis pang-ekonomiya, ang US military ay pagkakalooban ng libreng gamit sa rekurso ng Pilipinas,” pagkundena ng Kilusang

Mayo Uno. “Ang kanilang paggamit ng mga pampublikong utilities tulad ng tubig at kuryente ay tax-exempt o libre mula sa anumang buwis. Higit pa rito, papayagan silang magpagana ng sarili nilang sistemang telekomunikasyon at bibigyan ng libreng access sa radio frequencies.”

Sa esensya, ayon sa grupo, ang sambayanang Pilipino ang babalik sa gastusin ng mga base at pasilidad na gagamitin ng US para sa panghihimasok militar nito sa Pilipinas, at pakikipaggirian nito sa China.

Gratuity pay, ibigay sa mga manggagawang kaswal ng MMDA

Pebrero 6, 2023

Sinuportahan ng grupong Courage (Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees) at KALAKON (Kawani Laban sa Kontraktwalisasyon) ang laban ng mga kawani ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) para ipagkaloob sa kanila ang ₱5,000 gratuity pay.

Sa sulat na ipinadala ni Ma. Theresa Gonzales, pangkalahatang kalihim ng KKK-MMDA (Kapisanan para sa Kagalingan ng mga Kawani sa Kalakhang Maynila), sa ahensya noong Enero 27, hiniling ng grupo na ibigay na sa mga kawani ang benepisyong ito para sa mga taong 2021 at 2022.

Ani Gonzales, sang-ayon sa Administrative Order No. 3 at 46, kwalipikado ang mga kawaning may 12 taon, anim na taon at limang taon nang

nagtatrabaho sa ahensya para makatanggap ng gratuity pay. Ang panawagan ng grupo ay naka-direkta kay MMDA Acting Chairman Atty. Romando S. Artes.

Ang mga kawani at manggagawa ng MMDA ay nangangasiwa sa pagbibigay ng serbisyo sa buong Metro Manila. Ang ahensya ay nasa direktang pangangasiwa ng Office of the President of the Philippines.

Pagtatayo ng anim na nuclear power plant sa Pangasinan, tinututulan

Pebrero 6, 2023

Nagpahayag ng pangamba at pagkumdena ang Kalikasan People's Network for the Environment sa planong pagtatayo ng anim na nuclear power plant sa bayan ng Labrador, Pangasinan. Iniulat ang naturang impormasyon ng Pangasinan People's Strike for the Environment (PPSE).

Naisiwalat ang naturang plano ng lokal na gubyrno matapos dumulog ang mga residente ng bayan sa PPSE at ipinakita ang pinapipirmahang "consent" ng lokal na gubyrno sa mga residente para pahintulutan ang pagtatayo ng mga ito.

Dagdag pa ng PPSE, sa anim na planong itayong planta, isa ang kagyat na pinaplanong itayo ng lokal na gubyrno.

Ayon sa PPSE, pinalalabas umano ng lokal na gubyrno na "ligtas, mura, malinis at maasahan" ang plantang nukleyar at sinasabi pang "kikita

ang munisipyo, magbibigay ng benepisyo at trabaho” sa mga residente.

Ipinahayag ng Kalikasan ang babala nito na mananatiling radioactive at delikado ang mga nuclear waste sa loob ng ilampung libong taon at magdudulot ng banta sa mga komunidad ang mga planta dahil sa climate change.

Paninindigan nila, “hanggang matugunan ang mga usaping ito, isusulong namin ang pagpapaunlad ng community-led solar, wind at iba pang porma ng renewable energy.”

Masiglang tinututulan ng mga grupo ang pagbubukas ng mga plantang nukleyar sa bansa. Noong Setyembre 2022, muling itinatag ng iba’t ibang organisasyon ang alyansang tutol sa muling pagbubukas ng Bataan Nuclear Power Plant. Kasama dito ang grupong Kalikasan at AGHAM - Advocates of Science and Technology for the People.

Tulak ng US

Matatandaang isa sa pinirmahang kasunduan sa pagitan ng US at ng papet na rehimeng Marcos Jr ang 123 Agreement Negotiations for Civil Nuclear Energy Cooperation kung saan mag-eeksport ang US ng kagamitang nukleyar at materyal sa Pilipinas. Nakapaloob din sa kasunduang ito ang pagdedeploy ng US ng advanced nuclear reactor technology sa bansa. Pinormalisa ang kasunduan noong bumisita si US Vice President Kamala Harris sa Pilipinas noong nakaraang taon.

Noon pa, binatikos na ito ng mga kinatawan ng Makabayan sa Kongreso. Anila'y pabalat lamang na para sa kakulangan ng suplay ng kuryente ang pagtatayo ng mga plantang nukleyar. Sa aktwal, layunin ng US na gamitin ito sa mga layuning militar.

Dahilan ng Makabayan, mayroong dual o dalawahang gamit ang nuclear technology na nais ipasok ng US sa Pilipinas. Maraming imperyalista at malalaking kapitalistang bansa, kabilang ang US, ang hindi pumirma sa mga kasunduang disarmament at anti-nuclear proliferation dahil nakikipagkarera ang mga ito sa isa't isa. Makikita ito sa kasaysayan ng ibang bansang nangunguna sa karera sa siyensiyang nukleyar gaya ng US, Russia, China at Japan. Maraming aspeto ng isang nuclear program gaya ng mga programa ng mga bansang ito ay napakadaling i-divert for purposes of war, lalo na kung technologically advanced ang bansa, ayon sa Makabayan.

Sa loob ng US, pinaunlad ngayon ng estado nitoa ng Project Pele na naglalayong maglatad ng mga "mobile nuclear power plant" o "battlefield nuke reactors" na bahagi ng paghahanda nito ng "teatro ng digma" sa rehiyon ng Asia. Tulad sa nakaraan, gagamitin nito ang Pilipinas, na may isa sa pinakatutang gubyerno at hukbo, bilang laboratoryo ng proyektong ito, na nasa antas eksperimento pa lamang. Ayon sa mga ekspertong Amerikano, ang proyektong ito "di ligtas" at di rin "economically sound."

Panggigipit sa fact finding mission ng mga demokratikong grupo sa India, kinundena

Pebrero 6, 2023

Kinundena ng grupong Forum Against Corporatization And Militarization (FACAM) sa India ang panggigipit at pananakot ng mga pwersa ng estado sa 25 delegado ng isang fact finding mission ng Coordination of Democratic Rights Organisations (CDRO) sa bayan ng Dubbatota, Sukma District sa estado ng Chhattisgarh noong Pebrero 1-5. Layon ng misyon na mag-imbetiga kaugnay ng maraming paglabag sa karapatang-tao ng armadong pwersa ng estado sa hangganan ng Telangana-Chhattisgarh.

Ang mga delegado ng CDRO ay mga mamamahayag, aktibista, tagapagtanggol ng karapatang-tao, myembro ng mga demokratikong grupo at mga dayuhang tagamasid.

Walang tigil silang ginipit ng mga pwersa ng estado simula pagdaan nila sa tsekpyont ng Central Reserve Police Force (CPRF) sa bayan ng Dubbatota mula Pebrero 1. Sapilitan ding ipinasara ng CPRF ang mga tindahan para pagkaitan ng pagkain at tirahan ang mga delegado. Pinagpahinga lamang sila sa isang waiting shed at pinalibutan ng mga pwersa ng estado.

Iimbestigahan ng grupo ang mga kaso ng pambobomba ng pwersa ng estado sa mga komunidad ng Bijapur at Sukma sa hangganan ng

Telangana-Chhattisgarh; panunupil sa pagkilos ng mga residente laban sa mga kampo militar sa Burji at iba pang lugar; at ang iligal na pang-aagaw ng lupa ng estado para magtayo ng mga daanan at kampo na walang consent sa Gramsabha o konseho ng mga lider katutubo.

Ayon sa FACAM, ginipit pa rin ang mga delegado sa kabila ng paghingi nito ng permiso sa lokal na mga pulis sa mga eryang saklaw ng fact finding mission.

Dulot ng walang-tigil na panggigipit, napilitang umatras ang grupo at ipagpaliban ito.

“Mahalagang maunawaan na ang ganitong mga panggiipit...ay malinaw na tangka ng mga pwersa ng estado...(na) itago ang kanilang henosidyong gera nang walang umuusisa,” pahayag ng FACAM.

Anila, ang pagsupil sa impormasyong ito na nagsimula nang ipatupad ang Operation Green Hunt noon ay higit na naging malupit ngayon sa ilalima ng pinatinding operasyong kontrainsurhensya na Operation SAMADHAN-PRAHAR. Sa ilalim nito, nagtayo ang armadong pwersa ng India ng mga kampo-militar sa bawat 3-4 kilometro ng mga bayan.

Propesor ng UP Diliman, di makatarungang inaresto

Pebrero 6, 2023

Inaresto ng mga pulis ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) si Prof. Melania

Flores, propesor ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Diliman, kaninang umaga sa kanyang bahay sa loob ng kampus ng UP Diliman sa Quezon City. Sinampahan siya ng kasong “paglabag sa Social Security Law” dahil umano sa hindi niya pagremit ng kontribusyon sa Social Security System para sa kanyang kasambahay.

Pumasok ang mga ahente ng CIDG sa loob ng kampus nang walang koordinasyon sa mga awtoridad ng unibersidad. Labag ito sa UP-DND Accord, kasunduang nagbabawal sa presensya ng armadong pwersa ng estado sa mga kampus ng UP nang hindi pinahihintulutan ng administrasyon ng unibersidad. Tusong nagpanggap na mga ahente ng Department of Social Welfare and Development ang mga pulis para ihain ng mandamyento de aresto at diretsong arestuhin si Prof. Flores.

Si Prof. Flores ay dating pambansang tagapangulo ng All UP Academic Employees Union na nagtataguyod sa kagalingan ng mga guro at akademiko sa buong UP System. Siya ay guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa unibersidad.

Ang mandamyento de aresto na inihain kay Prof. Flores ay inilabas noon pang Setyembre 6, 2022 ni Judge Hon. Maria Gilda Loja-Pangilinan ng Quezon City Regional Trial Court Branch 230. Giit ng mga grupo, nilabag ang karapatan ni Flores sa tamang proseso matapos hindi man lamang makatanggap ng anumang notice o subpoena sa nagdaang mga buwan.

Tinuligsa ng All UP Academic Employees Union, Alliance of Concerned Teachers (ACT) at DFPP ang labag sa prosesong pag-aresto ng pulis kay Prof. Flores. Giit nila na kagyat siyang palayin at ibasura ang kasong isinampa sa kanya.

Ayon sa ACT, ang pag-arestong ito ay karugtong lamang ng mahabang rekord ng lansakang pag-atake ng mga pwersa ng estado laban sa mga guro at unyonista sa nagdaang mga taon.

Panasamantalang nakalaya si Prof. Flores kaninang hapon matapos magpyansa.

Dagdag sahod, ipinanawagan sa harap ng pagpalo ng implasyon sa 8.7%

Pebrero 7, 2023

Dagdag-sahod ang panawagan ng mga manggagawa sa harap ng lalo pang pag-arangkada ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin at serbisyo noong Enero. Pumalo sa 8.7% ang inflation rate o bilis ng pagtaas ng presyo sa nakaraang buwan, mas mataas sa 8.1% noong Disyembre 2022. “Record breaking” ang kutya ng mga manggagawa dahil pinakamataas ito mula 2008, alinsunod sa datos ng Philippine Statistics Authority. Taliwas ito sa bukambibig ng mga opisyal sa ekonomya ni Marcos Jr na babagal na ang pagtaas ng mga presyo pagkatapos ng Pasko.

Tulad sa nakaraan, pangunahing nagpataas ng inflation rate ang pagkain at inumim, 10.7% mula sa 10.2% noong Disyembre 2022. Nananatili ring mataas ang mga singil sa pabahay at lalupang

tumaas ang singil sa tubig, kuryente, panggatong (LPG at iba pa) tungong 8.5% mula 7% noong Disyembre 2022.

“Para sa aming mga manggagawa, nagangahulugan ito ng pagdausdos ng tunay na halaga ng sahod namin dito sa NCR patungong ₱482,” pahayag ng sentro ng mga manggagawang Kilusang Mayo Uno. Pinakamataas ang minimum na sahod sa pambansang kabisera kaya dagdag pang bumagsak ang tunay na halaga ng sahod labas nito. Malala pa, higit na mas mabilis ang pag-arangkada ang pagtaas ng mga presyo ng bilihin sa labas ng NCR. Sa nakaraang dalawang buwan, pinakamabilis ang implasyon sa Western Visayas, at bago nito, sa Davao region.

“Kada buwan, patindi lang nang patindi ang hirap at gutom na kinakaharap namin at ng aming mga pamilya,” ayon pa sa KMU. “(S)a buong panahon ng kanyang panunungkulan, wala pa siyang kahit anong nababanggit tungkol sa aming mga isyu at panawagan.”

Katunayan, binawasan pa ni Marcos ang pondo para sa mabigyan ng pansamantalang ginhawa ang mamamayan. Hindi nito ipinamahagi ang ipinangakong ₱18.3 bilyong ayuda noong nakaraang taon at kinaltasan nito ang pondo para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) para ngayong taon. Milyun-milyong mahirap na pamilya ang umaasa sa napakaliit na 4Ps para makaapay sa kanilang mga pangangailangan.

Noong Disyembre kung saan 8.1% ang implasyon, nasa ₱1,146 na ang nakabubuhay na sahod, ayon sa IBON Foundation.

Hindi totoong awtomatikong tataas ang tantos ng implasyon kung itataas ang sahod tulad ng idinadahilan ng estado at malalaking kapitalista sa pagtanggì nito sa makatarungang hiling ng mga manggagawa. Sa pag-aaral ng Ibon, sa 31 pagkakataong itinaas ang sahod sa nakaraang 37 taon (mula 1986), 16 beses lamang tumaas ang implasyon. Sa 15 pagkakataon, bumaba pa nga ang tantos ng implasyon sa sumunod na anim ba buwan. Hindi magiging “inflationary” ang dagdag-sahod laluna kung oobligahin ang mga kapitalista na bahagyang kaltasan ang kani-kanilang mga dambuhalang kita.

Designasyong terorista sa PKP, NPA at NDFP, pinatatanggal

Pebrero 8, 2023

Nanawagan ang mga grupong demokratiko sa ilalim ng Bayan na tanggalin ang arbitraryong designasyon ng Anti-Terror Council sa Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan, National Democratic Front of the Philippines at lahat ng mga konsultant at mga aktibista bilang mga “terorista.” Nagmartsa sila ngayong araw, Pebrero 8, tungong Department of Justice para igiit ito.

“Sa halip na designasyong terorista, dapat makipagnegosasyong pangkapayapaan ang

gubyernong Pilipino para lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian,” pahayag ng Bayan.

Nagresulta sa mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ang mga programang kontra-insurhensya ng gubyerno, ayon sa grupo. Walang awat ang red-tagging at terrorist-labeling (o pagbabansag na terorista) at paninira sa mga lehitimong organisasyon at kriminalisasyon sa pampulitikang pagtutol.

“Nakita na sa kasaysayan na hindi solusyon ang scorched earth policy sa armadong tunggalian,” ayon sa grupo. “Ang solusyon, sa gayon, ay nasa pagresolba sa mga ugat ng panlipunang inhustisya. Ang mga pambansang kilusang mapagpalaya ay nakabatay dito.”

Nananawagan ang grupo na muling buksan ang usapang pangkapayapaan para sa makatarungang kapayapaan para maabot ang isang kasunduang pulitikal para wakasan ang armadong tunggalian. “Kailangang wakasan ang pagdedeklara sa mga rebolusyonaryo at konsultant bilang terorista,” ayon sa grupo. “Hadlang ito sa pagkamit na makatarungan at matagalang kapayapaan.”

Kasabay nito, naghapag ng resolusyon ang mga kinatawan ng Makabayan sa Kongreso para sa pagtatanggal ng designasyon.

Ani Rep. France Castro (ACT Teachers party-list), Rep. Arlene Brosas (Gabriela Women’s party) at Rep. Raoul Manuel (Kabataan party-list), ang designasyon ay taliwas sa paghahangad ng

mapayapang solusyon pabor sa militaristang pagharap sa armadong tunggalian.

Sa ngayon, lampas 800 ang mga ordinaryong magsasaka, aktibista at rebolusyonaryong ikinulong ng reaksyunaryong estado sa gawagawang mga kaso sa tulak ng kampanyang kontra-insurhensya. Libu-libong sibilyan ang ginawang target ng mga pambobomba, militarisasyon at sapilitang pagpapalayas sa tangka ng reaksyunaryong estado na “limasin ang dagat” at ihiwalay ang rebolusyonaryong armadong pwersa sa kanayunan.

Nagresulta ang mga ito sa malalalang paglabag sa karapatang-tao at mga krimen sa digma tulad ng sadyang pagpatay ng mga sibilyan, iligal na pang-aaresto at panghahalughog, blokeyo sa ekonomya at pagkain, malawakang pananakot at intimidasyon, panunugis at maging pagkidnap ng mga batang pinaghihinalang mga “anak ng NPA.”

Lupa ng mga magsasaka ng Tinang sa Tarlac, ipinangakong ibibigay na

Pebrero 8, 2023

Nakakuha ng pangako noong Lunes, Pebrero 7, ang mga magsasaka sa Tinang, Concepcion, Tarlac na igagawad na sa kanila ang lupang sinasaka nila sa loob ng 45 na araw. Sa ulat ng Pokus Gitnang Luzon Multimedia Network, ginawa ang pangako ng kalihim ng Department of Agrarian Refrom na si Conrado Estrella sa isang

dayalogo na sinabayan ng protesta sa harap ng opisina ng ahensya.

Nangako rin umano si Estrella na maglalabas ng cease-and-desist order laban sa militar na patuloy na nananalasa sa mga komunidad ng magsasaka. Ikinagalak ng Malayang Kilusang Samahan ng Magsasaka ng Tinang ang pangako ng kalihim. Gayunpaman, magiging mapagbantay sila hanggang ganap na maisakatuparan ito.

Saklaw ng ipinaglalaman ng mga taga-Tinang ang 200-ektaryang lupa na binubungkal nila mula pa dekada 1990. Noong Pebrero 1, 2022, nagtayo sila ng kubol bilang simbolo ng pagtindig nila sa kanilang karapatan sa lupa. Noong Hunyo 2022, inaresto ang mahigit 90 tao mga residente at kanilang tagasuporta habang nagsasagawa ng bungkalan sa lupa.

Pambobomba ng militar sa Cagayan, pinaimbestigahan

Pebrero 8, 2023

Hinimok ng National Democratic Front (NDF)-Cagayan ang mga lokal na ahensyang sibilyan, taong-simbahan, tagapagtanggol ng karapatang-tao at kalikasan na maglunsad ng imbestigasyon sa pambobombang isinagawa ng 5th ID at Tactical Operation Group ng Philippine Air Force (TOG2-PAF) sa mga sakahan at maisan ng Sityo Birao, Barangay Hacienda Intal, Baggao, Cagayan noong Pebrero 2 bandang alas 1:30 ng hapon.

Ayon kay Celia Corpuz, tagapagsalita ng NDF-Cagayan, ang mga pwersa ng militar ay naghulog ng apat na bomba, nagpaulan ng mga rocket at walang-habas na nagmasinggan sa mga kaingin sa lugar gamit ang pang-atakeng helikopter na Sikorsky S70i Black Hawk at Agusta Westland 1129 ATAK.

“[Naghatid ito ng] pinsala sa buhay at kabuhayan ng mga taga Hacienda Intal. Hindi malayong may mga sakahan, kalabaw at iba pang alagang hayop na napinsala sa insidente,” ayon kay Corpuz.

Salaysay pa niya, nagdulot ito ng malawakang ebakwasyon, takot at troma sa mamamayan lalo na sa mga bata. Mahigit 150 pamilyang apektado ng air strikes ang nakikituloy sa kanila ng mga kamag-anak at mga evacuation center. “Hanggang sa kasalukuyan, namamayani pa rin ang pangamba sa kanila sa araw-araw na [pagpapaikot-ikot] ng Bell AH-1 HueyCobra attack helicopter bitbit ang mga bomba nito,” dagdag ni Corpuz.

Paliwanag pa niya, bago ang aktwal na pambobomba, dalawang gabing nanligalig sa mga komunidad ang mga drone at reconnaissance plane sa nasabing lugar.

Sa impormasyon ng NDF-Cagayan, isinagawa ang teroristang pambobomba pagkatapos ng engkwentro sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) - East Cagayan at mga bayarang tropa ng 95th IBPA. Sa ulat ng yunit ng BHB, walang nasugatan o nasawi sa mga tropa nito na nagsasagawa ng

pagsisiyasat hinggil sa epekto ng magkakasunod na bagyo at kalamidad sa kabuhayan ng mga magsasaka.

“Dapat palalimin ang pinalilitaw na balita ng AFP na diumano’y may mga nasawing mandirigma ng BHB,” giit ni Corpuz. Posibleng mga sibilyan ito na nagtatrabaho sa mga sakahan.

Dagdag pa ni Corpuz, “dapat na paigtingin ang kampanya at panawagan laban sa airstrike at higit lalong dapat na panagutin ang 5th ID at TOG2-PAF sa walang patumanggang aerial bombing at panganganyon nito na nagsapanganib sa buhay ng mga sibilyan at kanilang mga ari-arian at naghasik ng matinding takot at ligalig sa mga magsasaka sa kanayunan.

4 na sibilyang pinaratangang Pulang mandirigma, nakalaya na

Pebrero 9, 2023

Nakalaya noong Pebrero 6 si Rommel Nuñez, isang sibilyang dinakip, tinortyur at ikinulong sa paratang na siya’y isang Pulang mandirigma matapos ang pitong taong pagkakabilanggo. Una nang nakalaya noong Enero 31 sina George Bruce, Jose Nayve at Armando Matres na kasama niyang dinakip at sinampahan ng gawa-gawang kaso.

Ang apat na kinilala bilang “Cavite 4” ay dinakip at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms at malicious mischief. Ibinasura ang naturang mga kaso ng Taguig Regional Trial Court noong Enero 26.

Pinaunlakan ng korte ang mosyon ng abugado ng apat ng mabilis na pagpapalaya lalupa't matagal nang nakapiit ang apat. Si Nayve noo'y tumatayong koordineytor ng Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operators Nationwide (PISTON) sa Cavite. Sina Nuñez at Matres ay mga manggagawa sa konstruksyon habang drayber si Bruce.

Hinuli ang apat noong Nobyembre 23, 2015 sa isang peryahan sa Barangay Manggahan, General Trias, Cavite matapos makarining sila ng mga putok sa paligid. Pinaratangan sila ng mga pulis na sila ang nagpaputok. Binugbog ang apat at isinailalim sa matinding tortyur habang inakusahang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Marcos, kinutya sa panawagang magbayad ng buwis

Pebrero 9, 2023

Kaliwa't kanang pangungutya ang sumalubong sa panawagan ni Ferdinand Marcos Jr sa mamamayan noong Pebrero 7 na magbayad sila ng tamang buwis sa takdang panahon.

“Walang moral ascendancy” (wala sa katayuang moral) ang bwelta sa kanya ng maraming Pilipino dahil sa di pagbabayad ng kanyang pamilya ng estate tax na nasa ₱203.819 bilyon noong 2022. Lumabas noong Marso 2022 sa kasagsagan ng kampanyang eleksyon na tumatanggi ang pamilyang Marcos na bayaran ito. Ang desisyong

singilin ang mga Marcos sa buwis na ito ay ipininal ng Korte Suprema noong 2004.

Noong Marso 2022, kinumpirma ng noo'y kalihim ng Department of Finance sa ilalim ng rehimeng Duterte na si Carlos Dominguez na hindi pa binabayaran ng mga Marcos ang utang na buwis. Noong Hunyo 2022, sinabi ng noo'y hepe ng Bureau of Internal Revenue na si Lilia Guillermo na "mandato" ng ahensya na singilin ang mga Marcos dahil mayroon nang hatol ang korte. Ilang panahon matapos niya ito ipinahayag, sinipa siya ni Marcos sa pwesto. Ipinalit sa kanya si Romeo Lumagui Jr, isang abugadong dating nagtrabaho sa law firm ni First Lady Liza Araneta-Marcos.

Umani rin ng batikos ang pahayag ni Marcos na "hahabulin" niya ang mga tax evader. Lumobo tungong ₱203 bilyon ang utang na buwis ng mga Marcos, mula sa ₱23 bilyon, dahil sa mga multang ipinataw ng guberno. Noon pang 1997 unang inilabas ng Korte Suprema ang kautusang dapat magbayad ng estate tax ang mga tagapagmana ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr.

"Matagal nang nagdesisyon ang Korte Suprema sa usapin ng estate tax ng pamilya Marcos at dapat na nila itong bayaran," ayon pa kay House Deputy Minority Leader at ACT Rep. France Castro sa kanyang pahayag noong Pebrero 8. Hirap na nga ang mamamamyan sa pagbabayad ng tamang buwis mula sa ipinapataw sa mga bilihin, singil sa mga yutilidad, income tax at iba. Ang kailangan nila ay pansamantalang pahinga sa buwis, aniya. "Tanggalin muna ang mga buwis tulad ng excise

tax at value added tax (VAT) sa langis at VAT sa basic commodities,” ayon sa kongresista.

Makatutulong nang malaki sa pagpapaliit sa depisit sa badyet kung babayaran ng mga Marcos ang kanilang utang na buwis. Maari rin itong ipambayad sa utang ng bansa na lumobo na tungong ₱13 trilyon.

Presyo ng mga pangunahing bilihin, lalupang tataas ngayong Pebrero

Pebrero 9, 2023

Tumaas nang hanggang 10% ang presyo ng mga pangunahing bilihin tulad ng delata, nudels, gatas at tinapay kumpara sa mga presyo ng mga ito noong Agosto 2022. Alinsunod ito sa suggested retail price bulletin o pabatid tungkol sa presyo na inilabas ng Department of Trade and Industry noong Pebrero 8. May mga aytem na tumaas nang higit 10%, karamihan mga di-pagkain.

Pinahintulutan ng DTI ang mga pagtaas sa kabila ng pagsirit ng tantos ng implasyon tungong 8.7% noong Enero. Wala umano silang magagawa, ayon sa isang upisyal ng ahensya. Nakatatanggap umano ang ahensya ng mga banta mula sa mga nagmamanupaktura na isasara nila ang kani-kanilang mga produksyon kung hindi sila papayagang magtaas ng presyo.

Alinsunod sa pabatid ng DTI, tataas ang presyo ng isang pakete ng sliced bread (tasty) nang ₱2; ang isang supot ng pandesal na may sampung piraso

nang ₱1.50 at ang isang latang sardinas nang hanggang ₱4.

Ang presyo ng isang klase ng nudels ay tataas nang ₱0.50 at ang 300-gramong gatas nang ₱2.25. Tataas din ang kapeng 3-in-1 nang hanggang ₱0.50 at ang patis nang hanggang ₱2 kada bote.

Posible pang tumaas ang naturang mga presyo dahil sa paghahabol ng mga nagmamanupaktura. Isa rito ang Canned Sardines Association of the Philippines na nagsabing kulang ang ₱0.50 dagdag-presyo at kailangang itaas ito nang hanggang ₱3/lata. Humingi naman ang Philippine Baking Industry na gumagawa ng Pinoy Tasty ng ₱4 dagdag kada pakete ng slice bread at ₱3 kada supot ng pandesal. Dahilan nila ang tuluy-tuloy na pagtaas ang presyo ng asukal at panggatong (LPG).

Ang mga pagtaas na ito sa mga produktong pagkain ay lalupang magpapahirap sa mamamayang hirap na hirap na sa kanilang kabuhayan.

Takot at pagkamuhi dulot ng airstrike at forced evacuation sa mamamayan ng Hacienda Intal sa Cagayan

Pebrero 9, 2023

Malaking dagok sa kabuhayan at mental na kalusugan ng mga magsasaka ng Hacienda Intal ang nangyaring pambobomba mula sa himpapawid ng mga tropa ng 501st Infantry Brigade Philippine Army at Tactical Operation Group 2 - Philippine

Air Force (TOG2-PAF) sa ilalim ng direktiba at pamumuno ng Northern Luzon Command (NolCom). Naganap ang nasabing airstrike sa Purok Erya na malapit sa Sityo Birao, Brgy Hacienda Intal, Baggao, Cagayan noong Pebrero 2. Lugmok na nga sa utang at lugi dala ng magkakasunod na bagyo noong nakaraang anihan, sumahol pa ang kalunus-lunos nilang kalagayan matapos bagsakan ng mga bomba at paulanan ng bala ang kanilang mga sakahan at maisan.

Kabilang sa kanila ang mag-asawang magsasakang sina Susan at Boyet na nasa sakahan noong panahon ng pambobomba. Kumaripas sila ng takbo nang marinig at yanigin ang lupa ng sunud-sunod na istraping at bomba. “Nagpapahinga kami noon. Katatapos lang naming magside-dress (maglagay ng abono sa maisan) ni lakay nang gulatin kami ng magkakasunod na putok at pagsabog,” maluha-luhang wika ni Manang Susan habang nagsasalaysay. Aniya, hindi pa rin siya nakatutulog nang maayos. “Bigla na lang akong manginginig kapag naririnig ko ang tunog ng mga helicopter na araw-araw umiikot sa tapat namin. Hindi na rin ako pinapatulog ng gabigabing tunog ng hindi ko mawari kung eroplano ba o kung anong bagay na lumilipad at paikut-ikot lang sa ere,” dagdag niya.

Hindi lamang pambobomba ang ginawa ng militar sa lugar. Ipinailalim din ito sa matinding militarisasyon kung saan mahigpit na minanmanan at hinigpitan ang kilos ng mga residente. Ayon pa sa magsasakang si James, “nakiusap akong kahit isang sako lang ng saba

ang ibababa ko para sa lingguhan alawans ng mga anak ko pero pinagbawalan nila ako.”

Pinagpipilitan daw ng mga militar na sembreak (o walang pasok) naman ang kanyang mga anak kaya hindi na kailangang maghanapbuhay. “Kung tutuusin, kulang na kulang ang limang kilo ng bigas para sa pamilya ko lalo na’t walang katiyakan kung hanggang kailan kami ganito.”

Laking gulat naman ni Joshua nang minsang umakyat sila para magpakain ng mga alagang hayop nang madatnan niya ang kalapaw (kubo) nilang animo’y dinaanan ng malakas na bagyo. “Sobrang kalat! Pinagtatapon ang mga gamit namin sa labas ng bahay. Hinalughog at pinasok nang walang pahintulot ng mga nag-ooperasyon na sundalo ang aming kubo.” Natatakot din siya na hindi agad makahingi ng saklolo kung may mga emergency dahil pinagbawalan silang magdala ng selpon sa bundok.

Samantala, malaking abala rin kay Rina ang pagbabakwit nila sa kasagsagan ng sembreak. Isa siyang katutubong Agay na nasa Grade 12. Sa pag-aakalang makakapagpahinga mula sa napakaraming gawain sa eskwela at panahon din para makatulong sa mga trabaho sa bukid, laking dismaya at lungkot niya na sa mga kakilala nila muna sila pansamantalang tutuloy dahil sa malawakang ebakwasyon.

“Malaki sana ang maitutulong kong magside-dress ng mais at sa mga gawaing bahay lalo na’t may malubhang sakit si Nanay. Dahil pinalikas kami, si Tatay lang ang makakaakyat doon sa lugar namin

at para lamang asikasuhin ang kalabaw at iba pang alagang hayop.”

Nag-aaalala na rin si Bobby sa nagkakaubusan na sedula. Aligaga na ang mga tao sa biglaang pagpaparehistro at pagpapasedula na bigla ring nagmahal. “Noong nagbabanta pa lang ang mga sundalo na bobombahin ang Arimit, agad kaming nagpasedula dahil natatakot kaming paghinalaang NPA. Kahit maglipat lang kami ng kalabaw ay magdadala kami ng National ID baka bigla kaming macheck-point sa aming mga bukirin.”

Tulad ng iba pang nagbakwit, malaking dagok sa kanila ang ginawang terorismo mula sa ere maliban pa sa restriksyon sa kabuhayan at paggalaw. Puno pa rin ng takot at pangamba ang mga residente dahil sa nagpapatuloy na pagpapalipad ng mga attack helicopter, reconnaissance planes at mga drone.

Sa kasalukuyan, lumalakas ang sigaw at panawagan ng mga residente at mamamayan ng Baggao na itigil ang aerial bombing at forced evecuation at palayasin ng mga militar sa kanilang mga komunidad. Nananawagan din sila sa iba't-ibang ahensya na imbestigahan at kundenahin ang dumaraming kaso sa paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Ulat-koresponsal mula sa BHB-Cagayan Valley
(Fortunato Camus Command)

Pagmamaliit sa datos ng disempleyo, binatikos

Pebrero 11, 2023

Nananatiling mataas ang tantos ng disempleyo ng Pilipinas, anupamang gawin ng mga ahensya ng reaksyunaryong estado na pagmukhain itong maliit.

Noong Pebrero 8, inianunsyo ng Philippine Statistics Authority na nasa 4.3% ang tantos ng disempleyo sa bansa noong Disyembre 2022 mula sa sa tantos na 4.2% noong Nobyembre 2022 o 2.2 milyon mula sa 2.18 milyong walang trabaho. Minaliit ito ng PSA bilang “bahagya” at “di signipikante.” Taliwas ito sa inasahang pagbaba ng disempleyo tuwing huling kwarto ng taon dulot ng inasahan ding pagtaas ng demand tuwing papalapit ang Pasko at Bagong Taon.

Katulad ng pagbaba ng pangkalahatang paggasta ng mga pamilya, bumaba rin ang nalikhang mga trabaho sa Disyembre 2022. Tulad sa nakaraang mga buwan at taon, pinakamaraming nawalang trabaho sa sektor ng agrikultura (225,000).

Kasabay nito, bumaba din umano ang bilang ng mga underemployed o naghahanap ng dagdag na trabaho. Mula sa 14.4% noong Nobyembre, nasa 12.6% ito noong Disyembre. Gayunpaman, aminado ang PSA na maaaring dulot lamang ito ng pagpasok ng Kapaskuhan. Tradisyunal nang nangangailangan ang mga negosyo na magpatrabaho ng dagdag ng mga oras ng kanilang manggagawa tuwing Pasko at Bagong

Taon. Ibig sabihin, “seasonal” o temporaryo ang kaayusang ito, tulad ng dagdag na mga tindera sa mga mall. Liban sa muling tataas ang bilang ng mga underemployed, asahang dadami ulit ang mawawalan ng trabaho pagpasok ng unang kwarto ng bagong taon.

“Kapag pumasok ang buwan ng Enero, may nawawala at nare-retain,” pag-amin ng upisyal ng PSA sa press conference nito noong Pebrero 8. “Sa nakaraan, nakikita na may ganitong pagbagsak.”

Tulad sa nakaraan, hindi isinama ng PSA sa pagkwenta ng mga walang trabaho ang bilang ng mga manggagawang nalaglag sa upisyal na sarbey ng pwera ng paggawa (labor force survey).

“Hindi kasali sa iniulat na disempleyo ang mga Pilipinong walang trabaho na nalaglag sa labor force dahil sa kabiguan nilang makahanap ng trabaho matapos ng mahabang panahong paghahanap,” ayon kay Jose Enrique Africa, executive director ng Ibon Foundation. Sa pagitan ng Nobyembre at Disyembre, bumibilang sila ng 661,000.

Hindi rin naniniwala ang Ibon na tumaas na ang kalidad ng mga trabaho ng mga Pilipino dahil lamang lumiit ng tantos ng underemployment na ipinagpapalagay ng PSA na idinulot ng mas mahahabang oras ng paggawa.

“Sa gitna ng mahinang merkado ng paggawa, ang pagliit ng underemployment rate ay maaaring hindi dahil kuntento na sa kanilang mga trabaho

at kita ang mga Pilipino, kundi dahil tumigil na silang maghanap ng mas maayos na trabaho na wala naman talaga,” ayon kay Africa. Umaabot sa 21.2 milyong Pilipino ang nasa “impormal na trabaho,” o 43.2% ng lahat ng mga Pilipinong itinuturing na may trabaho.

“Huwag po nating pagkamalan ito na marka ng pagbangon ng bayan mula sa krisis ng pandemya,” bwelta naman ni Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel sa pahayag ng PSA na “tumataas” na ang kalidad ng mga trabaho ng mga Pilipino. “Hindi natin masasabi na mas dekalidad ang iilang trabahong binunga nito dahil lang mas maraming oras na nagtrabaho ang manggagawa.”

“Kakarampot na nga ang dumadagdag na trabaho, lalong dumadami pa ang gutom at mahirap na Pilipino,” ayon naman kay ACT Rep. France Castro. “Ibig sabihin lang nito, mas matagal na nagtatrabaho ang mga manggagawa pero hindi ito natutumbusan ng nakabubuhay na sahod at sapat na sahod pa nga. Hindi ito dekalidad na trabaho.

Hindi umubra ang datos ng PSA sa sarbey ng Social Weather Station, na naglagay sa bilang ng mga Pilipinong walang trabaho sa 9.6 milyon noong Disyembre 2022 o 21.3% ng lahat ng mga manggagawang Pilipino.

Konsultant ng NDFP, sibilyan, dinukot ng militar noong Pebrero 6

Pebrero 12, 2023

Dalawang kaso ng pagdukot o desaparecidos ang naitala noong Pebrero 6. Naiulat na dinukot ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Ariel Badiang sa Bukidnon at ang sibilyan na si G. Elyong sa Oriental Mindoro. Parehong hindi pa sila inililitaw hanggang sa kasalukuyan.

Si Badiang, 64, ay dinukot ng mga pwersa ng estado sa Manolo Fortich, Bukidnon. Ang kanyang pamilya ay humingi ng tulong sa publiko sa pagtunton ng kinaroroonan ni Badiang at para makita nila siya at mapuntahan.

Ayon sa grupong Karapatan, “kung nasa kustodiya siya ng AFP, giit namin na kagyat na ilitaw si Badiang, at dapat nilang igalang ang kanyang konstitusyunal na karapatan gayunin ang mga karapatan niya sa ilalim ng internasyunal na makataong batas.”

Sa Oriental Mindoro, dinukot ng mga pwersa ng 203rd Brigade si G. Elyong, residente ng Sitio Sinariri, Brgy. Panaytayan, Mansalay. Papunta siya sa tindahan para bumili ng kape nang siya’y dakpin ng mga sundalo. Kinuha siya ng sampung sundalo sa harap ng mga residente nang walang ipinakikitang kasulatan o paliwanag sa dahilan ng pagdakip.

Sa tala ng Ang Bayan, hindi bababa sa 26 na ang biktima ng iligal na pagdukot ng mga pwersa ng estado sa ilalim ng rehimeng Marcos. Sa mga ito, 13 ang nananatiling nawawala, 9 ang paglao’y inilitaw at 4 ang pinatay.

Mga Pilipino sa Japan, naprotesta sa pagbisita ni Marcos Jr sa bansa

Pebrero 12, 2023

‘MARCOS DOROBO!’ o ‘Marcos magnanakaw!’ ang sigaw ng mga migranteng Pilipino sa isang protesta sa Tokyo Nihombashi Tower sa Tokyo City, Japan ngayong araw kasabay ng pakikipagpulong ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr sa mga Pilipino sa bansa. Si Marcos Jr ay nasa Japan mula Pebrero 8 hanggang 12.

Binatikos ng mga migrante si Marcos Jr at kanyang pamilya sa kanilang nakaw na yaman at mga kasalanan sa bayan. Dagdag pa dito, kinundena nila ang pagiging pasista, palpak, at pahirap niya sa sambayanang Pilipino.

“Nakikiisa ang Migrante-Japan sa iba’t ibang organisasyong Pilipino sa Japan para mahigpit na labanan ang mga kasinungalingan at panlilinlang ni Marcos Jr,” ayon kay Roger Raymundo, tagapagsalita ng grupo.

Sa pahayag ni Raymundo, sinabi niyang nagpunta si Marcos Jr at kalihim ng Department of Migrant Workers (DMW) na si Susan Ople sa bansa para “murang ibenta ang lakas-paggawang Pilipino sa mga negosyanteng Japanese.”

Pinakikita lang umano nito na ang prayoridad ng bansa ay para lang makahuthot ng remitans sa mga migrante nang walang sapat na proteksyon at maayos na kalagayan sa paggawa sa mga migrante.

Ayon sa Migrante-Japan, tumaas ang bilang ng mga naitalang kaso ng hindi maayos na pakikitungo sa mga migranteng Pilipino sa Japan noong 2021. “Liban pa, ilandaang Pilipino ang kumakaharap sa ligal na mga kaso at nakakulong sa mga pasilidad sa pagkukulong sa mga migrante o idine-deport na kailangan ng ligal na tulong mula sa gubyerno ng Pilipino,” ayon kay Raymundo.

Liban dito, ipinanawagan nilang ibasura ang mga hindi patas at pahirap na mga patakaran sa kanilang mga migrante tulad ng sapilitang paniningil ng mga bayarin at kontribusyon. Kabilang umano dito ang binansagan nilang ‘PhilHealth Scam.’ Anila, hindi sila mga gatasan para huthutan ng dagdag na singilin at bayarin.

Maluhong byahe

Ika-9 na bansa na ang Japan sa mga “binisita” ni Marcos Jr sa loob ng 8 buwan, kasama ang 150 mga upisyal at negosyante.

“Naglustay ng ilandaang milyong piso ang mga byaheng ito mula sa kaban ng bayan,” pahayag ni Raymundo. Pero anila, tulad sa ibang byahe, wala siyang iuuwi kundi mga pangakong puhunan at dagdag na utang.

Aniya, kasa-kasama pa dito ang maraming “sabit” at personahe na ginagastusan din ng pera ng bayan.

Na-stroke at nagpapagaling na Pulang mandirigma, dalawa pa, minasaker ng militar

Pebrero 12, 2023

Walang-awa at sadyang pinatay ng mga sundalo ng 94th IB ang isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros na nagpapagaling matapos ma-stroke kasama ang isang medik ng BHB na nag-aasikaso sa kanya at isang magsasaka noong Pebrero 5 sa Barangay Oringao, Kabankalan City.

Ayon sa ulat, ilang araw nang nagpapagaling sa isang bahay sa Sityo Mugni sa naturang barangay ang Pulang mandirigmang si Arjen Mahinay (Ka Nonong) matapos ma-stroke. Kasama niya ang upisyal sa medikal na si Junjun Callet (Ka Roben) nang dakpin sila ng mga sundalo noong Pebrero 4 ng alas-4 ng hapon.

Liban sa kanila, dinakip din ng mga berdugo ang magsasakang si Jomarie Calumba sa parehong sityo. Inaasikaso niya ang kanyang kalabaw nang pag-initan siya ng mga sundalo at iligal na dinakip.

Sa sumunod na araw, pinalabas ng 94th IB na napatay ang tatlo sa isang engkwentro sa lugar bandang alas-5 ng hapon. Nagkaroon umano ng 20-minutong bakbakan na nagresulta sa pagkamatay ng tatlo. Pinalilitaw pa ng militar na nakumpiska sa kanila ang isang ripleng M14, dalawang pistola at mga kagamitang militar.

“Lubos na kinukundena ng BHB-South Central Negros ang ginawang ito ng AFP! Kaisa ang buong rebolusyonaryong kilusan sa panawagang hustisya sa mga biktima,” pahayag ni Ka Dionesio Magbuelas, tagapagsalita ng yunit ng BHB.

Aniya, labag sa Internasyunal na Makataong Batas (IHL) ang ginawang pagdakip, pagtortyur at sadyang pagpatay sa dalawang hors de combat na mga Pulang mandirigma, at isang sibilyan.

Hindi na bago ang ganitong paglapastangan ng Armed Forces of the Philippines sa IHL. Simula 2016, mahigit 100 aktibo at retiradong kasapi ng PKP, BHB, mga konsultant at tauhan ng NDFP at kasama nilang mga sibilyan na nadakip, sugatan o wala sa katayuang lumaban, ang labag sa batas na pinatay ng mga armadong pwersa ng GRP.

Hinimok ng BHB-South Central Negros ang lokal na gubyerno, mga taong simbahan at iba pang mga grupo ng tagapagtanggol ng karapatang-tao na tulungan ang pamilya ng mga biktima na makamtan ang hustisya. Ani Magbuelas, dapat igiit ang isang imbestigasyon sa karumal-dumal na krimeng ito ng 94th IB at papanagutin ang mga sangkot.

Ang 94th IB ay pinamumunuan ni Ltc. Van Donald Almonte. Itinalaga si Almonte bilang kumander ng berdugong batalyon noong Marso 2022. Sila ang reponsable sa napakaraming paglabag sa karapatang-tao sa Binalbagan, Himamaylan City at Kabankalan City sa Negros Occidental at sa mga bayan ng Jimalalud, Tayasan, Ayungon, Bindoy at Manjuyod sa Negros Oriental.

OBR 2023: Bumangon para sa kalayaan!

Pebrero 12, 2023

Katambal ang lokal na pamahalaan ng Quezon City, inilunsad ng Gabriela at Gabriela Women's Party ang One Billion Rising Philippines sa Liwasang Aurora, Quezon City Memorial Circle, kahapon, Pebrero 11. Ika-10 taon na itong ginanap sa Pilipinas. Sa ilalim ng temang "Bumangon para sa kalayaan!" (Rise for Freedom), sumayaw at nagparada ang libu-libong kababaihan, kabataan at bata.

Nakisayaw ang meyor ng Quezon City na si Joy Belmonte, kasama sina District 1 Rep. Arjo Atayde, Caloocan City Vice Mayor Karina Teh, Gabriela Womens Partylist Rep. Arlene Brosas, at kinatawan ng iba't ibang organisasyon.

Sa talumpati ni Belmonte, ibinahagi niya ang mga programa na ipinatupad sa Quezon City para lalong mabigyang proteksyon at mapangalagaan ang mga karapatan ng mga kababaihan, kabataan at mga myembro ng LGBT.

"Naninindigan kami para sa kalayaan laban sa karahasan—isang Pilipinas at mundong malaya sa pagkamuhi sa kababaihan, bakla, transgender, at panghahas, panggagahasa, at lahat ng uri ng karahasan laban sa kababaihan, bata, at komunidad ng LGBTQIA+," pahayag naman ng Gabriela.

“Bumangon tayo para sa kalayaan mula sa lumang kultura at sa pagsilang ng bago—isang kultura hindi ng kawalang-katarungan at pang-aapi, kundi isang kultura kung saan namamayani ang pag-asa, pag-ibig, pagkalinga, pagdadamayan, at pagkakapantay-pantay,” dagdag pa nito.

Nagkaroon din ng parada at sayawang OBR sa Olandes, Barangay. IVC, Marikina City sa pangunguna ng Salinlahi Youth, Children’s Collective, Young Marikina Artists Collective at Olandes Lesbian and Gay Association noong Pebrero 4. Bago nito ay nagdaos ang grupo ng Educational Discussion Festival na may temang “Matuto’t Maglaro sa Kwela Eskwela” na dinaluhan ng mahigit 100 na mga kalahok mula sa iba’t ibang komunidad sa Marikina, Pasig at Quezon City.

Ang One Billion Rising (OBR) ay isang pandaigdigang kilusan para wakasan ang karahasan laban sa kababaihan (cisgender at transgender), mga taong may ibang kasarian, mga bata at pagdambong sa planeta. Ang sentro ng OBR sa Pilipinas ay isa lamang sa libu-libong pandaigdigang aktibidad na ginaganap sa mahigit 90 bansa ngayong Pebrero. Isa lamang din ito sa 130 pang aktibidad na gaganapin sa buong Pilipinas. Inilulunsad ito taun-taon.

Sundalo, naghuramentado sa loob ng kampo; 5 patay

Pebrero 12, 2023

Limang sundalo ang napatay sa loob mismo ng hedkwarters ng 4th ID sa Camp Evangelista, Barangay Patag, Cagayan de Oro City kahapon, Pebrero 11, ala-1:10 ng madaling araw nang magamok ang isang sundalo.

Kinilala ang mga napatay na sina Sgt. Rogelio Rojo Jr (29), Cpl. Bernard A. Rodrigo (31), Pvt. Joseph A. Tamayo (38) at si Pfc. Prince Kevin C. Balaba habang sugatan si Ssg. Braulio E. Macalos Jr. (43). Kinilala ang naghuramentado bilang si Pvt. Johmar A. Villabito (35). Napatay siya matapos agawin sa kanya ang kanyang armas at barilin siya ng kapwa niya sundalo.

Ayon sa isang upisyal ng kampo, posible diumanong dumaranas ng PTSD o post traumatic stress disorder si Villabito. Madalas ding dumaranas ang mga sundalo sa reaksyunaryong hukbo kapag tinatamaan ng mga opensiba ng Bagong Hukbong Bayan at mga armadong grupong Moro.

Iginiit ng mga upisyal ng AFP na “isolated case” o bihirang mangyari ang ganitong mga kaso. Gayunpaman, nagaganap ang mga pagpaslang, brutalidad at iba pang pang-aabuso ng mga sundalo sa kapwa nila sundalo sa iba’t ibang mga kampo. Noong Setyembre 29, 2020, napatay si SSgt. Joefrey Turqueza habang sugatan naman si SSgt. Vivencio Raton nang pagbabarilin sila ng kanilang kasamahan na si Airman 2nd Class Christopher Lim. Nakipagpalitan si Raton ng putok na ikinasugat naman ng suspek. Naganap ang insidente sa loob ng Philippine Military Academy, Fort Gregorio del Pilar, Baguio City.

Namatay rin hapon nang araw na iyon ang namaril.

Noong Agosto 2, 2021, nauwi sa pamamaril ang alitan ng dalawang kasapi ng CAFGU sa loob mismo ng kanilang kampo sa Sityo Tublijon, Barangay Rizal, West District, Sorsogon City.

Kadalasang pinagmumulan ng alitan ang labis na pang-aabuso ng mga upisyal sa ordinaryong mga sundalo. Lalong matinkad ang pag-abuso sa mga tauhan ng CAFGU. Kulang na kulang na nga ang sinasahod, nagmistula pa silang punching bag, utusan, tagalinis ng sapatos, tagasalo ng pang-aalimura at pain sa mga operasyon ng kanilang mga upisyal.

Kung ganito kasahol ang mga sundalo sa kapwa nila sundalo, mas masahol pa ang ginagawa ng mga asong ulol na ito sa mga komunidad ng magsasaka at katutubo. Saanman sila mapadpad, takot at ligalig ang kanilang hinahasik, sa lupa man o himpapawid.

Sa isang kaso, pitong sibilyan ang natamaan nang mag-amok ang isang lasing na sundalo na sakop ng 72nd IB sa Barangay Calapaton, Kitaotao, Bukidnon noong Oktubre 17, 2021. Matapos ang pamamaril, kinuyog ng mga residente ang sundalo at pinagbubugbog.

Kontra-siklistang patakaran sa Makati, binatikos

Pebrero 13, 2023

Sama-samang nagbisikleta bilang protesta ang mga siklista sa Makati Avenue, Makati City kahapon para tuligsain ang pagtatanggal sa mga bike lane na tinawag nilang anti-siklista. Iginiit nila ang isang panlahat at protektadong sistemang bike lane. Nakiisa ang ilampung siklista at mga tagapagtaguyod ng ligtas na transportasyon sa naturang pagkilos.

Binaybay ng mga nagprotesta ang kahabaan ng Makati Avenue bitbit ang kanilang panawagan para sa ligtas at protektadong mga bike lane. Naglabas ng nagkakaisang pahayag ang halos 200 indibidwal at 31 organisasyon na sumusuporta sa pagkilos.

Sa pahayag, ipinabatid nila ang “pagtutol sa sistematikong pagtanggap ng mga protektadong bike lane dahil inilalagay nito sa panganib ang buhay ng lahat ng mga gumagamit ng kalsada, hindi lamang ng mga siklista.”

Inilunsad ang naturang pagkilos matapos maglabas ang lokal na gubyerno ng Makati City ng patakarang magtatanggal sa mga “protektadong bike lane” sa Ayala Avenue upang paboran ang paghalo-halo sa isang lane o daan (o shared lane marking) simula sa Pebrero 15. Pagdadahilan ng lokal na gubyerno, kinakailangang gawin ito para umano umagapay sa dumaraming bilang ng mga komyuter at para padaliin ang daloy ng trapiko sa syudad.

Sagot ng grupong PARA: Advocates for Inclusive Transport, isa sa mga grupong lumahok sa pagkilos, “Hindi solusyon sa dumaraming

pasahero ang pagsasantabi sa kapakanan ng mga pedestrian at bike commuter.”

Giit ng grupo, “sa halip na tanggalin ang mga protektadong bike lane, dapat pa ngang palawakin ng gobyerno ang mga pampublikong espasyo at paunlarin ang pampublikong transportasyon.”

Mga sangsyon ng US sa Syria, ipinatatangal sa harap ng pinsala ng lindol

Pebrero 13, 2023

Umabot na 33,000 ang kumpirmadong nasawi sa lindol na yumanig sa hangganan ng Turkey at Syria noong Pebrero 6. Sa taya ng United Nations, maaaring umabot pa sa doble o higit pa ang kabuuang nasawi sa lindol na nasukat na may lakas na 7.8 magnitude.

Ayon sa opisyal na mga ulat, 24,617 ka tao na ang kumpirmadong nasawi sa Turkey habang 3,574 naman sa Syria. Gayunpaman, maraming kaswalti sa Syria ang hindi pa naitatala dulot ng bagal at kakulangan ng mga rescue team sa mga apektadong lugar.

Mahigit 26 milyon ang naapektuhan ng malakas na lindol. Sa Turkey mahigit 12,000 gusali ang nawasak kabilang ang ilang ospital.

Nagpapatuloy hanggang ngayon ang search-and-rescue operation. Tinatayang umabot sa 32,000 ang lumahok rito. Mayroon ding mahigit 8,000 rescuers mula sa iba’t ibang bansa. Nito lamang Pebrero 10, nagpadala ang Cuba ng mga

manggagawang pangkalusugan nito para mag-abot ng tulong medikal sa Turkey at Syria.

Ayon sa embahada ng Pilipinas sa Turkey, mayroong 248 Pilipino na nasa Turkey ang apektado ng lindol. Noong Pebrero 6, naiulat na kabilang sa mga nasawi ang dalawang Pilipino.

Trahedyang pinatindi ng imperyalismo

Napilitan ang US na pansamantalang isuspinde nang anim na buwan ang ilan sa unilateral na sangsyon na ipinataw nito sa Syria matapos ulanin ito ng batikos ng mamamayan at mga makataong organisasyon. Matagal nang ipinanawagan ng United Nations ang lubos na pagtatanggal sa naturang mga sangsyon na inilalarawang “nakamamatay” at nagpapatindi sa troma at pinsalang dinaranas ng ordinaryong mamamayang Syrian kahit bago pa ang lindol.

“Ang mapanggipit na mga sangsyon na ipinataw ng US sa Syria ay nagpapataas ng presyo at humahadlang sa mga operasyong makatao,” pagkumenda ng International Federation of Red Cross at Red Crescent Societies noong Pebrero 8. Ayon sa IFRC, higit na nahihirapan ang organisasyon na maglikom ng kinakailangang mga suplay para sa Syria dahil sa mga sangsyon.

“Itinataas nito ang presyo ng lahat ng aming pangangailangan (at) nagpapabagal sa paghatid ng mga serbisyo,” Dagdag dito, may “antas ng takot” na mapaparusahan sila sa kanilang trabahong makatao. Maraming airlines ang takot maghatid ng ayuda sa Syria dahil sa mga

sangsyon, gayundin ang mga kumpanya. Kabilang sa ipinagbabawal ng US na ipadala o ibenta sa Syria ang mahigpit na kinakailangang mga gamot. Apektado maging ang pangangalap ng suporta para sa mamamayang Syrian na idinadaan sa mga website tulad ng GoFundMe. Tahasang isinara ng website na ito ang mga pagsisikap ng ordinaryong mamamayan na mangalap ng pondo para ipadala sa Syria.

Sa aktwal, mabilis na nakapagmobilisa ang US at mga kaalyado nito para mabigyan ng tulong at mga rescue worker ang Turkey, habang pikit-mata sa katulad na trahedya sa Syria. Pakikiramay at bukambibig na ayuda lamang ang ipinaabot nila sa mamamayang Syrian. Kahit matapos tanggalin ang ilang sangsyon, tanging Italy pa lamang ang aktwal na nagpadala ng ayuda sa Syria.

Kabilang sa mga ito ang tutang estado sa Pilipinas na nagpadala 85-kataong misyon sa Turkey, habang “pakikiramay” lamang ang ipinaabot sa Syria.

Sa krusyal na mga unang araw ng sakuna, ang tanging pinadalhan ng US at Europe ng ayuda ay ang mga erya na hawak ng mga maka-US na grupo tulad ng White Helmets (Syrian Civil Defense). Ayon sa isang upisyal ng Syria, kalakhan ng pondo at lahat ng makinarya mula sa Europe at US ay ipinadala sa Turkey.

Sa kabilang panig, agad na nagpadala ng ayuda, medisina at mga rescue unit ang Russia, China at Cuba kapwa sa Turkey at Syria. Gayundin ang ginawa ng Mexico at mga bansa sa Latin America

kabilang Brazil, Venezuela, El Salvador at Colombia.

17 anyos, pinatay ng 9th ID sa “pekeng engkwentro”

Pebrero 14, 2023

Pinagbabaril at napatay ng mga tropa ng 9th ID ang 17 anyos na sibilyang si Argie Salvador sa Sityo Sapang Bato, Barangay Canapawan, Labo, Camarines Norte noong Pebrero 11, ala-1:40 ng hapon. Pinalalabas ni Major General Adonis Bajao ng 9th ID na napatay si Salvador sa isang engkwentro ng tropa nito at ng Bagong Hukbong Bayan.

“Mariing pinabubulaanan ng BHB sa Camarines Norte ang napaulat na labanan sa bayan ng Labo noong Sabado,” pahayag ni Carlito Cada, tagapasalita ng BHB sa prubinsya. Aniya, si Salvador ay hindi kasapi ng BHB at isang sibilyang katutubong Manide na taga-Tanauan, Capalonga. Paliwanag pa ni Cada batay sa kanilang imbestigasyon, si Salvador ay naghahanap ng pulot (honey) nang pagbabarilin ng mga sundalo. Sa katunayan, aniya, siya ay isang empleyado ng programang TUPAD ng Department of Labor and Employment.

“Kasinungalingan ang sinasabi nilang engkwentro sa pagitan ng kanilang tropa at diumano’y lima-kataong New People’s Army noong 1:40 ng hapon sa Sityo Sapang Bato ng Barangay Canapawan,” paggigiit ni Cada. Pinalalabas pa ng 9th ID na

mayroong nakumpiskang baril sa umano'y "engkwentro."

Hindi na bago ang ganitong taktika ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa tala ng Ang Bayan, hindi bababa sa 15 ang mga sibilyan at magsasakang pinaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos na pinalabas ng AFP na mga armadong kombatant ng BHB na napaslang sa gawa-gawang mga engkwentro.

Liban dito, marumi at mapanlinlang na gawi na nilang lagyan ng mga armas, bala at iba pang gamit militar ang kanilang mga patay na katawan, kuhaan ng litrato at ipakalat sa social media para pagpyestahan ng mga troll ng militar.

"Nananawagan ang BHB-Camarines Norte kay Kapitan Espiras ng barangay Canapawan at kay Mayor Jojo Francisco ng bayan ng Labo na paimbestigahan ang naturang insidente," pahayag pa ni Cada.

Samantala, suportado ng yunit ng BHB ang pamilya at mga kaanak ng biktima sa panawagang hustisya at pagpapanagot sa mga kriminal na 9th ID.

Ilang senador, tutol sa cha-cha

Pebrero 14, 2023

Tatlong senador ang direktang kumontra sa inihapag na resolusyon sa Senado para baguhin ang Konstitusyong 1987. "Hindi kailangan sa ngayon ang charter change (cha-cha)" ayon kina Senate Minority Leader Aquilino Pimentel III at

mga senador na sina Grace Poe at Nancy Binay sa kanilang mga pahayag noong Pebrero 9.

Anila, abala ang mamamayan sa kanilang araw-araw na kabuhayan at dapat unahin ang pagharap sa batayang mga problemang pangkabuhayan tulad ng mataas na implasyon, matataas na gastusin, kawalang trabaho, korapsyon at marami pang iba. Makahihintay ang charter change para sa mga pagbabago sa sistema ng pagguberno, anila.

Nagtataka sila sa resolusyong inihapag ng isa pang senador na kunwa'y nakatuon sa pagbabago lamang sa mga probisyon sa ekonomya sa pamamagitan ng pagtatayo ng constituent assembly. Iba pa ito sa nakahapag sa Mababang Kapulungan ng Kongreso na nakatuon pareho sa pagbabago ng mga probisyon sa ekonomya at pulitika (pagpapalawig sa pwesto ng halal na mga upisyal) na ipinapanukalang idaan sa isang constituent convention o con-con.

“Kung priorities lang naman po ang pag-uusapan, ang usapin ng Charter Change eh medyo lihis sa kumakalam na sikmura - ‘di po kasama ang [constituent assembly] sa ulam ng bawat pamilyang Pilipino,” ayon pa kay Sen. Binay.

Malaon nang tinututulan ng mga kinatawan ng Makabayan sa Mababang Kapunungan ang mga hakbang para baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon.

Ka Joma, pinarangalan ng mga rebolusyonaryo at progresibong grupo sa Greece

Pebrero 14, 2023

Nagdaos ng isang pagtitipon ang mga progresibong organisasyon at indibidwal sa Greece para parangalan si Kasamang Jose Maria Sison noong Pebrero 11. Isinagawa ang pagtitipon sa syudad ng Athens. Inorganisa ito ng Communist Organization of Greece (KOE) katuwang ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP), at Road of the Left, pahayagang may kaugnayan sa KOE.

Ayon sa ulat, lumahok sa pagtitipon ang higit 70 katao na mula sa KOE, mga migranteng Pilipino sa Athens, at mga progresibong organisasyon sa Greece.

“Isang malaking karangalan para sa akin na pagpugayan si Kasamang Joma, isa sa mga pinakamagiging na rebolusyonaryo ng ating panahon,” pahayag ni Rudi Rinaldi, lider ng KOE. Ibinahagi ni Rinaldi ang mga pagkakataong nakadaupang-palad niya si Ka Joma sa Utrecht, the Netherlands.

Aniya, makikilala sa kasaysayan si Ka Joma bilang magiting at walang pag-iimbot na lider rebolusyonaryo at teoretista na nag-iwan ng legasiya para sa mamamayan at kilusang komunista sa buong daigdig.

Binasa sa pagtitipon ang mga tula ni Ka Joma tulad ng *Guerilla is Like a Poet, Stages of My Life*, at *In the Dark Depths*. Binalik-aralan ng mga dumalo ang mga kontribusyon ni Ka Joma sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas at muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at pagtatayo ng Bagong Hukbong Bayan.

Dumalo rin sa pagtitipon si Liliana Cioria ng Anti-Imperialist Front na nagbigay diin sa mga ambag ni Ka Joma sa pagtatayo ng malapad na anti-imperyalistang kilusan sa buong daigdig. Sa pahayag naman ni Ladislao Laya, kinatawan ng NDFP-Europe, “para sa lahat ng pinagsasamantalang mamamayan sa buong daigdig, si Ka Joma ay isang hiyas sa sangkatauhan.”

Dagdag ni Laya, magsisilbing inspirasyon at gabay ang kanyang buhay para sa pagpupunyagi at pagtatagumpay ng rebolusyong Pilipino at pagsusulong ng proletaryong rebolusyon.

Nagpasalamat sa mga nakiisa at dumalo sa pagtitipon si Ka Julie de Lima, naiwang asawa at kasama ni Ka Joma. “Nais kong ipabatid ang taospusong pasalamat sa mga kasama mula sa Communist Organization of Greece sa kanilang parangal kay Kasamang Joma.”

Hamon ni de Lima, tumatayo ring interim chairperson ng NDFP Negotiating Panel, “palalimin natin ang proletaryong relasyon at pakikipagtulungan sa pagitan ng PKP at KOE sa pagsisikap na pakilusin ang lahat ng

rebolusyonaryo at demokratikong mga pwersa sa buong mundo.”

Lualhati Bautista, 77

Pebrero 14, 2023

Pumanaw noong Linggo, Pebrero 12, ang bantog na nobelistang si Lualhati Bautista. Siya ay 77.

Pinakanakilala si Bautista sa nobelang “Dekada `70.” Malawak rin na nakilala ang iba niyang akda tulad ng “Bata, Bata... Pa’no Ka Ginawa?” at “Desaparesidos.”

Aktibong lumahok si Bautista sa paglaban sa diktadurang Marcos Sr. Ang asawa niya ay naging bilanggong politikal sa ilalim ng batas militar. Napilitan si Bautista na lumahok sa kilusang lihim sa kanayunan kasama ang kanyang asawa. Sa kanyang pagbalik sa kalunsuran, nagpatuloy siya sa pagsusulat paksa ang riyalidad sa lipunan.

Ang mga nobela ni Bautista, laluna ang Dekada `70, ay naging popular na babasahin ng mga aktibista. Sinasalamang ng mga ito ang brutalidad at panunupil sa ilalim ng pasistang paghaharing militar ng rehimeng Marcos. Ipinakikita rin ng mga akdang ito ang aktibismo, rebelyon at mga paglaban ng mamamayan sa diktadura, laluna ng mga kababaihang nagnanais lumaya mula sa pagkakakulong sa mga tradisyunal na papel sa lipunan.

Isinapelikula ang mga librong Bata, Bata...Pa’no Ka Ginawa at Dekada `70 ay noong 1998 at 2002.

Sa mga kwentong ito, malikhaing ibinunyag ang kalupitan ng mga Marcos.

Mahigpit na tinutulan ni Bautista ang panunumbalik ng mga Marcos sa poder. Aktibo rin siya sa pagkontra sa mga maling impormasyon at pambabaluktot sa kasaykasayan na ipinapalaganap ng mga Marcos.

Di matatawaran ang naging ambag ni Bautista sa panitikang Pilipino, partikular na sa agos ng sosyal reyalismo. Nanatiling makabuluhan ang kanyang mga akda sa kasalukuyan.

Protesta kontra EDCA, base militar ng US sa Pilipinas, idinaos sa US

Pebrero 14, 2023

Nagprotesta ang mga migranteng Pilipino, kaisa ng mamamayang Amerikano sa Times Square, Midtown Manhattan, New York City noong Pebrero 11 para kundenahin ang pagpapalawak militar ng US sa buong mundo at pagbabase ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas sa tabing ng tagibang na Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Nagtipon ang mga grupo sa lugar kasabay ng isinasagawang rekrutment ng US Armed Forces doon.

Pinangunahan ang pagkilos ng Malaya Movement USA, Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA at International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP). Ang protesta ay binansagan nilang “Pambansang Araw ng Pagkilos” para kundenahin ang pagpapalawak ng lakas militar at

pang-uupat ng gera ng US sa Asia Pacific. Bitbit nila ang isang malaking balatenggang may panawagan na “US troops out of the Philippines!”

Una nang naglabas ng pahayag ang Malaya Movement USA para ipanawagan ang pagtatanggol sa pambansang soberanya ng Pilipinas at pagbabasura sa mga hindi pantay na tratadong militar nito sa gubyrerno ng US.

Binatikos nito ang planong pagdadag ng apat na bagong base militar ng US sa Pilipinas sa bisa ng EDCA. “Magiging siyam na ang base militar sa Pilipinas na isinuko ng naghaharing uri sa kontrol ng US,” ayon pa dito.

“Sa nagdaang anim na buwan, kinausap ng Malacañang ang maraming upisyal ng US na niyakap ang umaalingasaw na reputasyon ng rehimeng Marcos Jr habang nangangako ng pagtataguyod ng karapatang-tao,” paliwanag nila.

Ayon pa dito, hindi na kagulat-gulat na binibigyan ni Marcos Jr ng dagdag na kontrol ang militar ng US. “Tulad ng kanyang ama, nakikipaglaro siya sa dalawang superpower. At ang lohika niya ay kung paanong makakaganansya mula sa tunggalian ng dalawa. Ngunit ito rin ang naghahatid sa Pilipinas sa isang delikadong pusisyon,” giit nila.

Sa harap nito, anang grupo, ang kinakailangan gawin ng mamamayang Pilipino ay igiit ang nagsasariling patakarang panlabas na mangangalaga sa interes ng sambayanan.

Tanggalan sa Nexperia, tinutulan

Pebrero 14, 2023

Tinutulan ng Nexperia Workers Union-NAFLU KMU ang napipintong tanggalan sa isang departamento ng kumpanya ngayong taon. Nakatakdang isara ng Nexperia Philippines ang Sensors Department nito at ililipat sa ibang site dahil “nagpull-out” diumano ang negosyo nito sa kumpanya.

“Paano makakabangon ang mga manggagawa sa kahirapan kung tatanggalan (sila) ng kabuhayan?” tanong ng unyon. “Hindi solusyon ang pagtanggap sa manggagawa. Bagkus, marapat lamang humanap pa ng mas epektibong pamamaraan bago humantong sa tanggalan.”

Ayon sa unyon, mapanlinlang ang mga pahayag ng kapitalistang may-ari ng Nexperia para ipalunok ang “pangangailangan” na magtanggap ng trabahador. “(P) ero sa malaon, magha-hire (kukuha) naman ng mura at maamong lakas-paggawa bilang mga kontraktwal.”

Apektado sa pagsasara ang 375 na regular na manggagawa at 80 manggagawang kontraktwal. Kasama sa mga kontraktwal na ito ang 30 manggagawang naipaglaban ng unyon na gawing regular.

“Hindi dapat matali sa mindset (pag-iisip) na laban lang ito ng mga apektadong manggagawa sa Sensors Department kundi laban ng buong Unyon,” pahayag ng NWU-NAFLU-KMU. Kasama din sa laban ang mga manggagawang kontraktwal

partikular ang mga nasa 801 na may desisyon ng dapat gawing regular, anito. “Hindi rin dapat nating pinag-uusapan ang offer ng management na bayaran.”

Panawagan ng unyon na gumawa muna ng paraan ang Nexperia Management para masiguro ang regular na hanapbuhay ng mga manggagawa. Iginiit nilang dapat naayon ang lahat ng mga hakbang ng kapitalista ayon sa kanilang Collective Bargaining Agreement.

Ayuda para sa nagdurusang mga OFW, nakamit

Pebrero 15, 2023

Naigiit ng mga overseas Filipino workers (OFW) ang ayuda para sa mga nagdurusang OFW matapos dumugin ang upisina ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) sa Pasay City kahapon. Ang protesta ay inilunsad ng mga kasapi ng Samahan ng mga Domestic Workers sa Gitnang Silangan) SANDIGAN, Migrante Philippines at Concerned Seafarers of the Philippines (CSP).

Natulak ang OWWA na ibigay sa 50 OFW ang mahigit ₱500,000 na ayuda dahil sa kanilang protesta.

Binatikos ng mga OFW ang OWWA na “walang puso,” na pumapatungkol sa pagpapabaya ng ahensya sa kanila. “Hindi mauwi sa militanteng pagkilos ang mga OFW ngayong araw kung nabigyan sila ng maagap na tulong ng OWWA.

Ang istorya ng mga OFW na napakinggan natin ngayon ay patunay na maraming bilang ng mga migrante ay hindi natutulungan ng OWWA,” ayon kay Arman Hernando, chairperson ng Migrante Philippines.

Ayon sa OFW na si Jonnary Clemente, “Kung hindi pa kami magra-rally, hindi kami mapapansin.”

Iginiit din nila ang agarang pagpapauwi sa mga distressed OFW sa Middle East, tulong medikal sa mga may sakit na OFW, kabuhayan sa mga displaced OFW, suportang edukasyon at ayudang ligal.

Ipinanawagan din nilang ibasura ang sistemang kafala sa buong Middle East at huwag gawing negosyo ang serbisyo sa OFW. “Hindi kami titigil hangga’t hindi lubos na natatamasa ng bawat OFW ang kanilang mga karapatan,” pahayag ni Rechilda Desunia, tagapagsalita ng SANDIGAN.

Durog ang puso ng mga guro sa pagpapabaya ng DepEd

Pebrero 15, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga guro sa pangunguna ng kanilang unyon na Alliance of Concerned Teachers-National Capital Region (ACT-NCR) sa pambansang upisina ng Department of Education (DepEd) sa Pasig City kahapon, araw ng mga puso, para ipabatid kung gaanong kadurog ang kanilang puso sa pagbabaya ng ahensya sa kanilang kalagayan.

Hiling ng mga guro sa ahensya na dinggin ang kanilang mga panawagan para sa dagdag na sweldo, mga benepisyo tulad ng Performance Based Bonus para sa 2021 at Overtime Pay para sa nagdaang mga akademikong taon. Liban dito, giit nila ang pagbabawas ng mga trabaho sa pagtuturo at non-teaching na tungkulin ng mga guro sa eskwelahan.

Ayon sa ACT-NCR, ito ang “lagay ng kanilang mga puso” at kagyat nilang hiling ang “makabuluhan at mabilis” na aksyon ni DepEd Secretary VP Sara Duterte. “Tumaas ang presyo ng tinapay kahapon, mayroong inaasahang pagtaas ng pasahe sa LRT, at hindi magawang kontrolin ng gubyerno ang sumisirit na implasyon. Ang kailangan namin ay makabuluhang dagdag sweldo,” pahayag ni ACT NCR Union President Ruby Bernado.

Nagdala ng malalaking plakard na hugis puso ang mga guro sa kanilang protesta. Ipinakita ng mga plakard na ito ang “broken heart” dahil sa nakalulungkot na kalagayan ng sektor. Nagbuo rin sila ng malalaking karakter na hugis “SG15” gamit ang mga bulaklak na kanilang natanggap mula sa kani-kanilang mga estudyante bilang regalo sa araw ng mga puso. Simbolo ito ng panawagan nilang itaas sa Salary Grade 15 na entry-level na sweldo para sa mga bagong guro, mula sa kasalukuyang Salary Grade 11.

Karapatan ng dinakip ng PNP sa Cagayan, dapat kilalanin

Pebrero 15, 2023

Nanawagan ang mga grupong tagapagtaguyod sa karapatang-tao na igalang ang karapatan ng isang dating estudyante ng De La Salle University (DLSU) na ayon sa ulat ng pulis ay nadakip sa isang labanan sa Baggao, Cagayan noong Pebrero 13 ng hapon.

Ayon sa grupong Karapatan-Cagayan Valley (CV), dapat igalang ng 5th ID at mga pulis ang karapatan ni Orion Yoshida—kombatant man siya o sibilyan—alinsunod sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at International Humanitarian Law. Si Yoshida ay nagtapos ng kursong AB Political Science sa DLSU.

Ayon sa mga ulat, sumiklab ang labanan sa pagitan ng Armed Forces Philippines at Bagong Hukbong Bayan sa Sityo Nangbaggayan, Barangay Sta. Margarita, Baggao, Cagayan noong Pebrero 13 ng hapon.

Iginiit ng Karapatan na dapat agarang bigyan ng medikal na atensyon at igalaang ang kanyang karapatan na malayang mabisita at makausap ng pamilya at piniling abugado. Dapat ding tiyakin na ligtas siya sa anumang banta ng hasasment, tortyur (sikolohikal at pisikal), at intimidasyon.

Si Yoshida ay kasakuluyang nasa kustodiya ng AFP sa Camp Melchor F. Dela Cruz Station Hospital sa Gamu, Isabela.

Nanawagan rin ang Karapatan-CV at ang pamilya sa Commission on Human Rights at International

Committee of the Red Cross na agad puntahan at alamin ang kasalukuyang kalagayan ni Yoshida sa poder ng militar. “Marami nang insidente ng paglabag sa karapatang pantao ang 5th Infantry Division sa mga sugatan, wala nang kakayahang lumaban, at mga sibilyan sa mga probinsya ng Cagayan Valley,” diin ng grupo.

Nananawagan ang grupo na alamin ang kalagayan ng mga residente ng apektadong komunidad. Sa paunang ulat, umabot sa 68 pamilya ang nagbakwit sa daycare center ng Barangay Sta. Margarita. Mayroon ding mga ulat ng mga nasirang pananim sa bahaging nilapagan ng helicopter ng militar.

Pagbabalik ng harapang klase sa UP, sinalubong ng protesta

Pebrero 15, 2023

Ang muling pagbabalik sa harapang porma ng klase sa mga kampus ng University of the Philippines (UP) sa buong bansa ay sinalubong ng mga kilos-protesta ng mga iskolar ng bayan noong Pebrero 13. Binansagan nila itong ‘First Day Fight.’ Binuksan na ang mga kampus para sa harapang klase matapos ang ilang taong pagkakasara dulot ng pandemyang Covid-19.

Sa UP Diliman, nagmartsa ang mga iskolar ng bayan sa kampus sa pangunguna ng University Student Council (USC)-UP Diliman at mga progresibong organisasyong pangkampus. Ipinanawagan nila ang pagtataguyod ng libre, dekalidad, at pangmasang edukasyon para sa

lahat. Liban dito, nagkaisa ang mga estudyante sa pagtataguyod ng kalayaang akademiko sa harap ng bantang panghihimasok ng mga armadong pwersa ng estado sa mga kampus ng UP.

Ipinabatid din ng mga grupo ng kabataan ang pagtutol sa mapanupil at pasistang pakanang ROTC o Reserve Officers' Training Corps ng rehimeng Marcos. Nagsalita sa programa ang bagong luklok na presidente ng UP na si Atty. Angelo Jimenez.

Sa pahayag ni Latrell Felix, chairperson ng konseho ng mag-aaral, hinamon niya ang pamunuan ng UP na pahigpitin ang pakikipagkaisa sa komunidad nito para sa paglaban sa anumang banta sa kanilang mga demokratikong karapatan mula sa armadong pwersa ng rehimeng Marcos. Kabilang dito ang pagtatanggol sa kalayaang pang-akademiko, pagtitiyak ng tunay na representasyon ng mga mag-aaral at pagbibigay ng batayang serbisyo.

Sa UP Los Baños, nagprotesta ang mga estudyante at organisasyon sa Carabao Park sa loob ng kampus. Nagkaisa sila para sa panawagang dagdag-badyet sa unibersidad at pagtugon ng pamantasan sa kakulangan ng mga klase at pasilidad sa kampus. Matapos ang programa dito, nagmartsa ang ilampung iskolar ng bayan tungong UPLB Freedom Park.

Nagsalita sa programa sa Freedom Park si Siegfred Severino, rehente ng mga mag-aaral ng UP. Ang naturang protesta rin ang nagbukas sa

inilulunsad na UP Los Baños February Fair na nagtatampok ng iba't ibang isyung panlipunan.

Naglunsad din ng mga protesta ang mga kabataan at progresibong organisasyon sa UP Cebu, UP Manila, at UP Mindanao sa parehong araw. Binatikos ng mga kabataan sa mga protestang ito ang panunupil ng estado at walang tigil na red-tagging sa mga progresibo at ang mga neoliberal na patakaran sa edukasyon na nagpapahirap sa mga kabataan.

Nauna nang nagsagawa ng First Day Fight ang mga estudyante ng UP Baguio noong Pebrero 7 nang buksan ang klase sa kanilang kampus.

Pagwawakas sa gera ng US-NATO sa Ukraine, ipinanawagan

Pebrero 15, 2023

Ipinanawagan ng International People's Front ang pagwawakas sa gera ng US at ng alyansang North Atlantic Treaty Organization (NATO) sa Ukraine isang taon mula nang ilunsad ito noong Pebrero 12.

“Nananawagan ang International Peoples' Front sa lahat ng mga mamamayan na magkaisa, mag-organisa at militanteng lumaban para wakasan ang gera ng US-NATO sa Ukraine,” ayon sa pahayag nito sa araw na iyun.

Anito, ang gera sa Ukraine ay inudyok ng US dahil sa laki ng interes nito sa rehiyon. Ipinwesto nito ang isang tutang presidente sa Ukraine noong 2013 sa pamamagitan ng kudeta at inarmasan at

aktibong sinulsulan ang militar nito para pulbusin ang lumalabang mamamayan sa Donbass — isang susing rehiyon na may mayamang industriya ng bakal at mga kemikal. Binalewala ng tuta ng US ang mga kasunduan sa pagitan ng Ukraine at Russia at sa halip ay naghangad na maging myembro ng NATO, labag sa naunang mga kasunduan.

Sa ganitong konteksto mailalarawan ang operasyong militar ng Russia bilang dependensibang tugon sa ekspansyunismo ng NATO. Naudyok ang Russia sa isang preemptive strike laban sa plano ng NATO na idestabilisa ito at ipailalim ang buong Eastern Europe sa kontrol ng alyansa.

Gayunpaman, ang kontra-agresyong operasyon ng Russia ay nagbunga rin ng pinsala sa mamamayan at imprastruktura ng Ukraine.

“Kailangang wakasan na ang proxy war ng US,” ayon sa IPF. Mahigit daanlibo na ang napatay at libu-libo na ang napalayas dulot ng walang awat na pambobomba sa mga teritoryong nasa hangganan. Milyun-milyon na ang napilitang magbakwit.

Babala ng maraming grupo, maaaring humantong sa paggamit ng mga armas nukleyar ang gera, lalo't parehong may arsenal ang US at Russia. Sa ngayon, nagbunga na ang sigalot sa lalong pagiging sa pandaigdigang krisis sa ekonomya na umaapekto sa milyun-milyon sa buong mundo. Nagresulta na ito sa pagsirit sa presyo ng mga bilingin at panggatong dulog ng mahihigpit na sangsyon na ipinataw ng US sa Russia.

“Ang panawagan para wakasan na ang gera ay hindi lamang nakaatang sa balikat ng mamamayan sa Russia at Ukraine — ito ay nakaasa sa ating lahat, anuman ang distansya natin sa sentro ng sigalot,” anito. Kailangan ng mga militanteng pagkilos para itulak ang mga gubyrerno na pigilin ang ekspansyon ng NATO at tuluyan itong lansagin.

“Kailangan ng mga mamamyan na mag-organisa sa kanilang mga sarili para labanan at biguin ang makinarya sa gera ng US na NATO,” anito.

Batas sa liberalisasyon ng bigas, pasakit sa magsasaka

Pebrero 16, 2023

Nagprotesta ang mga magsasaka at iba pang demokratikong grupo mula Metro Manila, Rizal, Laguna, Batangas at Cavite sa Department of Agriculture sa Quezon City noong Pebrero 14, ika-apat na anibersaryo ng pasasabatas sa pasakit na Rice Liberalization Law. Binatikos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Amihan National Federation of Peasant Women at Bantay Bigas ang pagtataksil at pagpapabaya ng gubyrerno sa mga magsasaka.

“Ilang taon matapos ang pagpapatupad ng liberalisasyon ng bigas, dumausdos ang presyo ng palay sa buong bansa, laluna sa mga prubinsya at rehiyon na nagpoprodyus ng bigas. Lalong nabaon sa utang ang mga magsasakang wala na halos kinikita sa panahon ng anihan,” pahayag ni Danilo Ramos, tagapangulo ng KMP.

Simula 2019, umabot ng tinatayang ₱261 bilyon ang nalugi sa mga magsasaka mula nang ipatupad ang batas sa liberalisasyon. Binibili sa napakababang halaga ang palay sa mga magsasaka sa halagang ₱13-₱18 kada kilo habang napakalaki ng kanilang gastos sa produksyon mula sa binhi, abono, pestisidyo at iba pang farm input.

Ayon sa Bantay Bigas, mas malaki pa ang nalugi sa mga magsasaka kumpara sa nakolektang taripa ng gubyrerno na P46.6 bilyon mula 2019-2021.

“Ano ang napala natin sa loob ng 4 na taon? Nananatiling mahal ang bigas kahit nalulunod na tayo sa imported!” ayon kay Cathy Estavillo, tagapagsalita ng Bantay Bigas. Dagdag pa niya, ang dapat umanong gawin ay ibalik ang ₱27 at ₱32 kada kilong NFA rice sa mga palengke para makaimpluwensiya sa pagbaba ng presyo sa pamilihan.

Anila, nalubog ang agrikultura ng bansa dahil sa pagsandig ng Pilipinas sa bangkaroteng World Trade Organization-Agreement sa agrikultura na nagsusulong ng liberalisasyon.

Sa harap nito, ipinanawagan ng mga grupo ang pagbaba sa pwesto ni Marcos Jr bilang kalihim ng Department of Agriculture na anila ay “walang puso at manhid sa totoong dinaranas at kahingian ng mga magsasaka at nagpoprodyus ng pagkain.”

Isinusulong at binibigkis ng mga magsasaka ang kanilang pagkakaisa para igiit ang makabuluhang suporta sa lokal na produksyon mula sa gubyrerno.

Liban sa pagkilos sa Metro Manila, naglunsad din ng protesta ang mga magbubukid na kasapi ng alyansang Pamanggas sa Iloilo City. Sa Legazpi City ay nag-ikot naman ang mga magsasaka para magpapirma sa palengke at kaisahin ang mga konsyumer sa pagbabasura sa liberalisasyon ng bigas.

Nagtipun-tipon din para sa 'protesta sa bukid' ang mga magsasaka sa prubinsya ng Aklan, at rehiyong Cagayan Valley at Bicol.

Mga Dumagat-Remontado, naglakbayan laban sa Kaliwa Dam

Pebrero 16, 2023

Mahigit 300 katutubong Dumagat/Remontado ang nagsimula ng martsa noong Pebrero 15 para ipaabot ang kanilang mahigpit na pagtutol sa planong Kaliwa Dam. Mula sa baybay ng Sulok, Barangay Catablingan sa General Nakar, Quezon, nagsimula silang maglakad patungo sa Malacañang sa Maynila.

Dadaan ang Alay-Lakad sa mga bayan ng General Nakar, Real, Famy, Pililia at Teresa, hanggang Antipolo City, Quezon City, at Maynila na may distansyang humigit-kumulang 150 kilometro. Ang ilan sa mga bayang nabanggit ay sasaklawin ng dambuhalang dam.

Iginigiit ng mga katutubo at grupong makakalikasan na wawasakin ng mega dam ang Sierra Madre na nagsilbing pananggalang laban sa mga bagyong tumatama sa Luzon. Mahigit

1,400 pamilyang Dumagat-Remontado sa dalawang lalawigan ang maaapektuhan ng Kaliwa dam.

Iginiit nila kay Marcos Jr ang kagyat na pagpapahinto sa paghuhukay sa munisipalidad ng Teresa sa Rizal. Anila, hindi pa tapos ang proseso ng pagkuha ng pagsang-ayon ng mga komunidad sa proyekto.

Ayon sa community leader na si Conchita Calzado, hindi sila aalis sa Metro Manila hanggat walang malinaw na sagot mula kay Marcos.

Noong Disyembre 12, 2022, nalantad ang pagmamanipula ng Manila Water Sewerage System (MWSS) at National Commission on Indigenous People (NCIP), nang ihayag ng mga ito ang diumano’y pagsang-ayon ng mga komunidad ng Dumagat sa naturang proyekto. Bilang pagkumenda sa pataksil na hakbanging ito ng MWSS, kinalampag ng mga katutubo ang upisina nito sa Quezon City noong Disyembre 29, 2022.

Panunutok ng “military-grade laser” ng China sa barkong Pilipino, kinundena

Pebrero 16, 2023

Binatikos ng mga demokratiko at progresibong grupo ang agresyon at panunutok ng “military-grade” na laser ng Chinese Coast Guard (CCG) sa isang sasakyang pandagat ng Philippine Coast Guard sa West Philippine Sea noong Pebrero 6. Kaugnay nito, naghain ng isang resolusyon ang

blokeng Makabayan sa House of Representatives para kundehin ang naturang insidente at tuligsain ang malamyang tugon dito ng gubyernong Marcos.

Ayon sa mga ulat, tinutukan ng laser ng CCG ang sasakyang pandagat ng Pilipinas habang nag-iikot ito at naghahatid ng suplay para sa Philippine Navy na naka-istasyon sa Ayungin Shoal sa West Philippine Sea.

Sa House Resolution No. 781 na inihain ng blokeng Makabayan, iginiit nila sa Committee on Foreign Affairs (komite sa usaping panlabas) na magsagawa ng isang imbestigasyon sa naturang insidente. Pinuna nila na hanggang ngayon ay wala pang malinaw na hakbang kung paanong matutugunan ang isyu kahit pa nakipagpulong na si Marcos Jr kay Chinese Ambassador Huang Xilian.

Nilaman din ng resolusyon ang pagbatikos sa pangangatwiran ng China sa “lantarang agresyon” nito sa West Philippine Sea. Ayon pa sa mga mambabatas ng blokeng Makabayan, isa itong “gaslighting” o sinisisi pa ang Pilipinas para baluktutin ang mga katotohanan sa pangyayari.

“Tayo pa raw ang nanghimasok sa kanilang teritoryo nang walang pahintulot gayong bahagi ang Ayungin Shoal ng ating exclusive economic zone. Hindi rin katanggap-tanggap ang military action ng Chinese vessel sa counterpart nito sa Pilipinas,” pahayag ni Gabriela Womens Party Representative Arlene Brosas.

Maliban dito, ipinananawagan din nito sa administrasyong Marcos na maglabas ng “mas matikas na kontra-hakbang” at igiit ang soberanong karapatan ng Pilipinas sa Ayungin Shoal, at itulak ang pagpapaatras ng mga barkong pandigma ng China sa sakop na karagatan ng Pilipinas.

Ayon pa kay Rep. Brosas, dapat umanong kagyat na umaksyon at magrekomenda ang bansa pareho ng mga bilateral at antas rehiyon na pakikipag-usapan para tugunan ang agresyong ito ng China.

Para naman sa grupong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), mistula itong ‘flashback’ o pag-uulit sa ginawang paninindak at panggigipit ng Chinese Coast Guard sa mga mangingisdang Pilipino sa nagdaang mga taon. “Kung kayang takutin ng Chinese Coast Guard ang mga awtoridad ng Pilipinas, paano na lang ang mga walang kadepe-
dependensa at mas bulnerableng sektor ng mga mangingisda?” pahayag ni Fernando Hicap, pambansang pangulo ng Pamalakaya.

Hamon pa ni Hicap, “dapat pagtibayin ng AFP ang mandato nito sa konstitusyon...na pangalagaan ang pambansang soberanya. Hindi ito pag-uudyok ng gera, kundi panawagan para sa aktibong pagtatanggol sa ating teritoryo mula sa ating mga awtoridad na nakasaad sa konstitusyon.”

Protestang 'Black Hearts Day,' inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan

Pebrero 16, 2023

Nagtungo sa upisina ng Department of Health (DOH) ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa pribado at pampublikong ospital para sa protestang 'Black Hearts Day' kasabay ng araw ng mga puso noong Pebrero 14. Ayon sa Alliance of Health Workers (AHW), kinalampag nila ang ahensya para ibigay sa kanila ang mga benepisyong nararapat at wakasan ang kontraktwalisasyon sa kanilang hanay.

“Tinutuligsa namin ang DOH at administrasyong Marcos Jr sa patuloy na pagpapabaya sa kagalingan ng mga manggagawang pangkalusugan,” pahayag ni Robert Mendoza, pambansang pangulo ng AHW.

Dagdag pa niya, malaki ang ginagampanang tungkulin ng kanilang sektor sa sistema ng pampublikong kalusugan pero hindi sila pinahahalagahan. “Malubha pa, pinahihirapan pa kaming lalo ng administrasyong Marcos Jr sa patuloy na pagpapatupad nito ng kontraktwalisasyon sa hanay ng manggagawang pangkalusugan at pagkakait ng makatarungan at nakabubuhay na sahod,” ayon pa kay Mendoza.

Iginiit nila ang pagpapatupad ng sweldong ₱33,000 kada buwan sa lahat ng mga empleyado ng guberno at ₱1,100 kada araw sa mga pribadong manggagawa. “Napapanahon at

makatwiran ito dahil sa ekonomikong krisis... pagtaas ng presyo ng batayang mga bilingin,” ayon kay Ernesto Bulanadi, pangulo ng Tondo Medical Center Employees Association-AHW.

Ipinanawagan din nila ang regularisasyon ng mga kapwa nila manggagawang pangkalusugan laluna sa pampublikong sektor. “Mayroong bakanteng 21,038 na pusisyong plantilla sa DOH pero hindi ito pinupunan ng ahensya. Kulang na kulang ang tauhan sa mga pampublikong ospital. Kailangan natin ng mga regular na manggagawang pangkalusugan para sa mas maayos na serbisyo sa kalusugan,” salaysay ni Edwin Pacheco, pangulo ng National Kidney and Transplant Institute Employees Association-AHW.

Sa datos ng DOH noong 2022, mayroon itong 16,951 kaswal na mga empleyado at 9,947 kontraktwal na mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng Human Resources for Health (HRH). Ayon pa sa AHW, nakatakdang mag-empleyo ang DOH ng 26,035 kontraktwal na doktor, nars, kumadrona, dentista at iba pang propesyunal sa kalusugan sa ilalim ng programang National Health Workforce Support nito sa mga kanayunan at malalayong lugar.

Sa lahat ng kapalpakang ito, ayon sa AHW, “malinaw na walang maaasahan ang mga manggagawang pangkalusugan at buong mamamayang Pilipino sa walang pusong administrasyong Marcos Jr.” Sa huli, pinagtibay nila na magpapatuloy sila sa pakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan at kalusugan ng mamamayang Pilipino.

Krimen ni Duterte sa gera kontra droga, gustong itago ni Gloria Arroyo mula sa ICC

Pebrero 17, 2023

Binatikos ng grupong Karapatan ang resolusyong isinusulong ng dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at 18 iba pang mambabatas na bigyan si dating pangulong Rodrigo Duterte ng “unequivocal defense” o buong-pasyang pagtatanggol laban sa imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) sa mga krimen ni Duterte sa huwad na gera kontra droga. Inihain ni Arroyo ang resolusyon sa House of Representatives kahapon.

Ayon sa Karapatan, isa itong malaking insulto sa libu-libong biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay ng rehimeng Duterte at kanilang mga pamilya. “Mga mamamayan sila ng bayan na nagdusa sa hindi makataong pagtrato ng pumapatay na rehimen,” ayon pa sa grupo.

Liban kay Arroyo, ang iba pang naghain ng resolusyon ay sina:

- Deputy Speaker Aurelio Gonzales (Pampanga 3rd District)
- Deputy Majority Leader Marilyn Primicias-Agabas (Pangasinan 6th District)
- Assistant Majority Leader Richard Gomez (Leyte 4th District)
- Mohamad Khalid Dimaporo (Lanao del Norte 1st District)
- Wilton Kho (Masbate 3rd District)
- Edwin Olivarez (Parañaque 1st District)
- Jose Alvarez (Palawan 2nd District)
- Lorento Amante (Laguna 3rd District)
- Mary Mitzi

Cajayon-Uy (Caloocan 2nd District) • Dale Corvera (Agusan del Norte 2nd District) • Edward Hagedorn (Palawan 3rd District) • Jon Lazatin (Pampanga 1st District) • Eric Martinez (Valenzuela 2nd District) • Ann Matibag (Laguna 1st District) • Johnny Pimentel (Surigao del Sur 2nd District) • Eduardo Rama Jr. (Cebu City 2nd District) • Zaldy Villa (Siquijor) • Anna York (Pampanga 4th District)

“Dapat pansinin na ang mga nagsusulong ng resolusyon ito ay iyong mga nasa gubyerno na pinapurihan si Duterte at ngayon ay mistulang tumutulong sa kanya para makatakas sa pananagutan,” dagdag ng Karatapan. “Ang mga dugo ng pinatay ni Duterte ay nasa kanilang mga kamay. Kahiya-hiya,” giit ng grupo.

Hibang pang idineklara ng resolusyon ni Arroyo na ang administrasyong Duterte umano ay nagbigay daan sa mga “katangi-tanging tagumpay na idinulot ng kanyang walang-tigil na kampanya laban sa iligal na droga.”

Muling binuksan ng ICC ang imbestigasyon nito sa gera kontra droga ni Duterte noong huling bahagi ng Enero matapos itong pansamantalang tumigil noong Nobyembre 2022. Sa tala ng mga grupo sa karapatang-tao, tinatayang hindi bababa sa 30,000 ang pinatay sa gera kontra drogra.

“Pinapakita lamang nito kung paanong sinusuportahan ng isang pasistang pangulo ang isa pa...at kung paanong dapat tayong manindigan kasama ang mga biktima, nakaligtas at kanilang pamilya sa pagkakamit ng hustisya saanman at

kailanman kailangan,” pagtatapos ng pahayag ng Karapatan.

Hybrid Seeds Program ni Marcos, itinakwil ng mga magsasaka

Pebrero 18, 2023

Tinawag ng mga magsasaka sa ilalim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na “walang alam sa pagsasaka” at “manhid” si Ferdinand Marcos Jr matapos imungkahi nitong tamnan ng binhing hybrid ang may 1.9 milyong ektaryang palayan sa susunod na apat na taon. Target itong ipatupad sa Panay, Eastern Visayas, SOCCSKARGEN at BARMM.

“Katulad lamang itong hybrid seed program sa Masagana 99 ni Marcos Sr na nagtali sa mga magsasaka sa mga binhing high-yielding (mataas ang produksyon) at nakaasa sa mga kemikal, mamahaling pataba at pestisidyo,” ayon kay Ka Paeng Mariano ng KMP.

Mapipiltang laging bumili ng bihin ang mga magsasaka kung binhing hybrid ang ipatatanim sa kanila, ayon kay Ka Paeng. Ito ay dahil hindi pwedeng ibinhi ang mga buto nito, di katulad ng inbred o sertipikadong mga binhi.

“Kaiba sa (sertipikadong mga buto), ang mga hybrid (na buto) ay hindi na pwedeng i-binhi. Palaging bibili ang magsasaka. Ang kumpanya ng hybrid seeds ang may tiyak na kita dito,” aniya. Binatikos ang SL Agritech Corporation, isang

kumpanyang nagbebenta ng hybrid seeds, na nangunguna sa pagtutulak sa naturang programa.

“Dapat magparami tayo ng klase ng binhi ng palay, tuloy-tuloy lang ang (pagpapaunlad ng buto) ng palay at palakasin ang produksyon ng lokal na palay,” paliwanag ni Ka Paeng. “Kapag taniman, nakapagtatabi ng binhi ang mga magsasaka, nakakapagpalitan din sila ng binhi (seed exchange). Kapag hybrid rice seeds lang ang ipatatanim, hindi na pwede ito.”

“Huwag lang iisa o iilang klase binhi ng palay ang dapat itanim. Kapag ganito, magkakaroon ng erosion of genetic diversities (pagkawala ng pagkakaiba-iba). Kung may genetic uniformities o iisa lang ang binhi, kapag tinamaan ng sakit, peste o virus ang palay, salanta agad. Ganun ang nangyari sa IR8 sa Masagana99 ni Marcos Sr. ‘Yung resistance (o kakayahang lumaban) ng pananim na palay humihina din pagtagal ng panahon kaya dapat patuloy ang breeding at conservation ng mga binhi. Marami na rin tayong improved inbred varieties ng palay kaya hindi dapat ipilit ang hybrid rice lang.”

Nagsimulang kontrolin ng malalaking kumpanyang kemikal at agribisnes ang agrikultura sa pamamagitan ng pagtataguyod ng International Rice Research Institute ng mga genetically modified na binhi ng palay na pumatay sa mahigit 4,000 tradisyunal at makalumang klase ng bigas.

Lahat ng mga binhi ay dapat libreng gamitin, iimbak, paghaluin at ibenta ninuman, ayon naman sa KMP.

Pagbasura ng Korte Suprema sa kasong graft ni Enrile, binatikos ng mga magniniyog

Pebrero 18, 2023

Labis na nadismaya ang mga magniniyog sa pagbasura ng Korte Suprema sa kasong graft na isinampa laban kay Juan Ponce Enrile noon pang 1990. Ang desisyon ng korte na may petsang Enero 16 ay inilabas noong Pebrero 8. Kaugnay ito ng paglulustay ng milyun-milyong pondo sa coco levy habang nanunungkulan si Enrile sa pamunuan ng United Coconut Planters Bank (UCPB).

Liban kay Enrile, pinaburan din ng Korte Suprema ang mga negosyanteng sina Jose Concepcion, Rolando dela Cuesta, Narciso Pineda, at Danilo Ursua. Kaugnay ang kaso sa paggamit ni Enrile sa kanyang pusisyon sa UCPB para ilipat ang ₱840 milyong pondo ng coco levy tungo sa Agricultural Investors Inc, negosyong pag-aari ng kroni ni Marcos Sr na si Eduardo Cojuangco Jr.

Ang pondong coco levy ay nagmula sa buwis na ipinataw ng gubyerno sa mga magniniyog noong panahon ng batas militar na ibinulsa ng mga kroni ni Marcos Sr. Sa kasalukuyan, tinatayang lampas ₱100 bilyon na ang pondo.

Ayon sa grupong Pinagkaisang Lakas ng mga Magbubukid sa Quezon (Piglas), “pambabastos ang desisyong ito sa mga biktima ng Guinayangan Massacre na ating inalala nito lamang Pebrero 1.” Isa ang Guinayangan Massacre sa malalagim at brutal na masaker ng rehimeng Marcos Sr noong panahon ng diktadura.

Noong Pebrero 1, 1981, dalawa ang napaslang habang daan-daan ang nasugatan matapos pagbabarilin ng Philippine Constabulary ang mga Quezonin na nagmartsa sa bayan ng Guinayangan para iprotesta ang di pantay na partihan ng magsasaka at may-ari ng lupa, mababang presyo ng kopra at pagbawi sa Coco Levy Fund.

Para sa grupong CARMMA (Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law), nakapangingilabot na matapos ang pitong taon na bigong pagdesisyon sa paunang imbestigasyon sa kaso, mismong upisyal pa sa graft ng Ombudsman ang nagtulak na ibasura ito.

“Ang pagbawi sa nakaw na yaman ng mga Marcos at kanilang mga tau-tauhan at kroni ay isang mahirap na laban, lalupa ngayon na mayroong panibagong Marcos sa Malacañang,” pahayag pa ng CARMMA.

Subalit, anila, walang imposible sa pagsisikap ng mamamayang Pilipino na makamtan ang hustisya at papanagutin ang mga Marcos at kanilang kroni sa grandsyosong pagnanakaw sa pondo ng bayan.

Pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc sa Batangas, pinaimbestigahan

Pebrero 18, 2023

Pinaiimbestigahan ng mga manggagawa ng Central Azucarera de Don Pedro Inc. (CADPI) at manggagawang bukid sa Batangas ang pagsasara ng asukarera ngayong taon. Pormal silang naghain ng resolusyon, kasama ang blokeng Makabayan, sa House of Representatives noong Pebrero 15 para paimbestigahan ang biglaang pagpapasara dito ng Roxas Holdings Inc. Kinapanayam din nila ang ibang kinatawan sa kongreso para makakuha ng suporta sa kanilang panawagan.

Ayon sa Sugarfolks Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas, tinatayang 12,000 manggagawang bukid at mahigit 7,000 na maliliit na plantador ang nawalan ng kabuhayan dahil sa hindi makatarungang pagsasara ng asukarera. “Sinisira nito ang lokal na industriya ng asukal hindi lamang sa prubinsya, kundi sa buong bansa,” ayon pa sa grupo.

Bago nito, iginiit ng SUGAR-Batangas sa gubyerno na bilhin at pangasiwaan ang operasyon ng CADPI para maisalba ito upang palakasin ang lokal na industriya ng asukal sa prubinsya.

Ayon kay Christian Bearo, tagapagsalita ng SUGAR, lubhang maapektuhan nito ang mga plantador sa Batangas dahil 4,500 metriko toneladang asukal lamang kada araw ang kayang

gilingin ng nalalabing sugar mill sa prubinsya kumpara sa kapasidad ng CADPI na 12,000 metriko tonelada kada araw. Sa taya noong 2020, sinasaklaw ng CADPI ang 10,980 ektarya ng tubuhan sa prubinsya.

Paliwanag ni Bearo, naunang nangako ang lokal na gubyerno ng Batangas na bayaran ang gastos sa transportasyon na ₱30,000 kada trak para ibyahe ang mga tubo tungong Central Azucarera de Tarlac (CAT). Subalit anito, hindi kayang sagutin ng lokal na gubyerno ang gastos para sa 200 trak kada araw na umaabot sa halos ₱6 milyon.

Naiulat din na magbibigay ng ₱80 milyong ayuda sa 2,000 manggagawa at maliliit ang plantador para makaagapay. Reklamo ng SUGAR, di ito sapat at kaunti lamang ang masasaklaw nitong manggagawa at plantador. Giit ni Bearo, dapat itong magbigay ng subsidyo sa paggawa sa lahat ng mga manggagawa sa tubuhan na bahagi ng produksyon at sapat na kumpensasyon laluna sa maliliit na plantador.

Insulto umano ang kainutilan ng Sugar Regulatory Administration (SRA) na sinabi nitong ang tanging magagawa nito ay kumbinsihin ang CADPI na muling magbukas para sa taong ito.

Ayon sa SUGAR, dapat bigyan ng gubyerno ng subsidyo sa produksyon ang maliliit na plantador, laluna ang pataba. Bukod ito sa pagbili sa gilingan.

Binatikos ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ang kawalang tugon ni Marcos Jr at pagtutulak nito na papasukin ang kumpanyang DATAGRO na nakabase sa Brazil para umagapay diumano sa suplay ng asukal sa bansa at sa produksyon ng ethanol.

Pagtatayo ng incinerator sa Davao City, tinutulan

Pebrero 18, 2023

Magpapalala lamang sa climate crisis ang planong itayong waste-to-energy (WTE) incinerator ng lokal na gubyerno ng Davao City. Magsusunog ito ng mga plastik at lilikha ito ng greenhouse gas at nakalalasong usok, ayon sa mga grupong maka-kalikasan.

“Hindi WTE incinerator ang sagot sa limitadong kapasidad para sa koleksyon at segregation (paghiwa-hiwalay) ng basura ng Davao City,” ayon sa Ecowaste Coalition, isa sa mga tumututol sa proyekto. Sa halip dapat nitong ipatupad ang ecological solid waste management at itaguyod ang mga sistemang Zero Waste (pagbabawas ng basura) at mga inobasyon na makatarungan at angkop para sa maayos na pagliligpit ng basura. Tinukoy din nilang labag ito sa Clean Air Act of 1999.

Alinsunod sa datos ng lokal na gubyerno, umaabot sa 600 hanggang 650 toneladang basura ang nalilikha ng syudad kada araw. Kahalati nito ay biodegradable at sa gayon ay di kinakailangang sunugin. Sa kasalukuyan, dinadala ang mga ito sa

isang tambakan sa Barangay New Carmen sa Tugbok District. Noon pang 2016 napuno ang naturang tambakan, na may kapasidad lamang na 700,000 hanggang 800,000 tonelada. Ayon sa syudad, nasa 900,000 tonelada na ang naitambak na basura sa lugar.

Nakatak dang itayo ang incinerator sa 10-ektaryang lupang agrikultural sa Biao Escuela na saklaw pa rin ng Tugbok District. Ang pagsusunog ng basura dito ay makaaapekto sa kalusugan ng mga residente sa 20 komunidad sa loob ng 10-kilometrong radius ng proyekto.

Tutustusan ng utang at magastos na proyekto

Liban sa mapanira, magastos ang proyektong incinerator na may halagang ₱5.23 bilyon. Manggagaling sa kaban ng syudad ang ₱3.5 bilyon, katumbas sa 60% ng badget ng buong Department of Environment and Natural Resources. Ang natitirang ₱2.052 bilyon ay tutustusan ng utang mula Japan.

Noong Enero, inilabas ang isang pahayag na pinirmahan ng 71 maka-kalikasang grupo para ipanawagan sa gubyrerno ng Japan na itigil ang suporta nito sa naturang proyekto. Binatikos nito ang Japan International Cooperation Agency sa kawalan nito ng accountability sa “maling mga solusyon sa waste manaagement” sa Davao City. Ito ay matapos itanggi ng JICA na pinopondohan nito ang proyekto.

“Mula 2010, susi na ang Japan sa pagpasok ng mga WTE incinerators sa Davao CIty,” ayon sa

pinag-isang pahayag. Tuso nitong itinulak ang proyekto sa ilalim ng isang “collaboration program” sa pribadong sektor para sa “diseminasyon” o pagpapalaganap ng teknolohiyang Japanese. Sa aktwal, nagkaroon ng kasunduan ang gubyrerno ng Japan at Pilipinas noong 2019 sa pamumuno ni Rodrigo Duterte.

A love story: It started with a bracelet

Pebrero 19, 2023

For Valentine’s Day, Ang Bayan tells this story of two Red fighters who met, fell in love and got married under the guidance of the Party.

Translated from its Bisaya original, this is the story of Ka Safa and Ka Asyong. ____

“Love at first sight” is how Safa describes her first encounter with Asyong.

“I was in a youth conference back then, he was an instructor at Padepa (national-democratic school). His topic was on the national democratic revolution. He was clad in an all-black uniform and full battle gear while teaching. Wow, he’s so cool! I immediately had a crush on him ,” Safa recalled laughing. She was then a student activist for two years.

“I had my political reasons, too,” Safa quickly added. “He is good with comprehensive work, good in instruction, military work, highly-disciplined, not messy!”

When Safa decided to join the people's army, she was deployed to Asyong's unit where he served as the platoon's medic. It was there that she fell in love with him.

"Not that handsome but up to my standards! Hahaha." She noticed Asyong's tidiness, that he had clean nails. "He knows how to embroider," Safa shared. "I was even more impressed when I saw his skills in choreographing dances."

On Asyong's part, he first noticed Ka Safa's openness and her interest in learning new things. "Very lively, down to earth," he recalls thinking when he first met Safa. They had their interest in dance in common. Safa used to be a cheerleader and Asyong knew martial arts.

"She's a very good listener, and is not arrogant," Asyong said. "She might be city-bred but she's not fussy. She eats whatever food we have in the forest. She easily fitted in with the comrades. She is quick to earn the trust of the masses."

Asyong also noticed Safa's skills and initiative at all times. "Ka Safa has been a great help to our unit in the people's army," he said. "She had great recommendations for the development of activities inside the NPA."

"On the other hand, she's a slowpoke!" Asyong said fondly. "But she didn't let her weaknesses stop her from participating in the armed struggle, and for that I fell in love with her."

Asyong admits that at times, Safa finds it difficult to adjust especially when some situations change

so fast. "But as she is always open to the advice of comrades, she has been able to overcome these situations."

Their courtship began with agsam bracelets.

"Your bracelet design is so nice, Ka Asyong," Safa remembered saying. "Can I have it?"

"I made it for you, actually," Asyong answered with a smile. "I can even teach you so you can make one yourself."

Safa laughed as she remembered thinking how handsome she found Asyong when he smiled. "His teeth are so even!" she thought then, "it's like he once wore braces." She thought of Asyong's melting smile as his "most handsome" feature. Since then, Asyong has given her a lot of bracelets that have made her "kilig" (giddy).

"Too bad I lost most of them," Safa said.

Although they knew the attraction was mutual, the two did nothing about it. In the people's army, new recruits are not allowed to court, or to be courted, within a specific length of time so that they can focus on their duties. Long and clandestine conversations among "singles" are discouraged to avoid situations that create conditions for secret relationships.

"We did not talk without the presence of comrades. We went through the formal process," Safa said. "I had plans of presenting a program (for a relationship) with Asyong to my collective." In a "program" like this, a comrade formally

expresses his/her/their intention to have a relationship with another comrade, spells out his/her/their basis, readiness and plans. If there are no complications, the unit of the “courtee” will send the program to the unit of the person who is being courted. “And then, he beat me to it!”

A year after Asyong sent his intentions, their respective units set up their meeting. “We talked and he told me he was going to court me,” Safa said. “Of course, I said yes right away.” But even though they were already in a relationship, they will be separated for the next two years. Asyong remained in his original unit to focus on military and political work while Safa was transferred to mass work.

While apart, they were very confident in one another. However, they also struggled with being away from each other in the beginning. There were times when they wanted to talk to each other on a daily basis or visit sooner even when the situation did not permit it. They overcame these situations.

“The comrades helped, as well as being in mass work,” said Ka Safa. “I was able to strengthen my revolutionary resolve, and to remold myself.”

During this time, Ka Safa came to appreciate the seriousness of being in a relationship inside the movement, as against having casual relationships in a bourgeois society.

“We met again after two years and assessed our feelings,” Safa said. They informed their

collectives of their plans. Eventually, they were married under the Party flag.

Like many Party weddings, the couple met with their “godparents” — comrades who are or have been in long-lasting marriages-before the ceremony. They advised the couple from the decades long experience of the Party in handling marriages.

“The advice of our comrades and the masses has been great,” said Asyong and Safa said. “Some said the marriage will strengthen us further. As we take on more responsibilities in the movement, we gain a partner in carrying out our tasks.”

On the other hand, the comrades and masses also advised that marriage relations should not be tied to personal relationships alone and that political or comradely relations should always prevail.

“We should be honest with each other,” “Safa said.

“We promised each other that whatever problem we will face in our marriage should not get in the way of carrying out our tasks,”they said. “If we had problems, we will consult with our collectives.”

“Till death do us part” is a promise that is too real between two fighters who face life-and-death situations every day.

Ka Safa and Ka Asyong plan to have children one day.

“Two,” said Asyong. “With a 4-year gap between them so I wouldn’t be on successive maternity leaves,” added Safa. “And not immediately.”

They intend to give themselves time to get to know each other more and prepare for a family. Ka Safa knows the challenges that revolutionary women face, especially women fighters, when they have children. “It’s better to be prepared, to be firmly grounded on the proletarian way so that when personal problems arise, we will know how to handle them,” they said.

They trust the Party that will be able to take care of their future children. “Having others take care of our children does not mean that we are neglecting our responsibilities,” Ka Safa said. She understands that revolutionary mothers only expand this responsibility to the fight for national liberation.

Isang kwento ng pag-ibig: Nang dahil sa bracelet

Pebrero 19, 2023

Para sa Araw ng mga Puso, inilalathala ng Ang Bayan ang kwento ng magkarelasyong mandirigma na nagkakilala, naging magkarelasyon at nag-asawa sa gabay ng Partido.

Salin mula sa orihinal na Bisaya, ito ang kwento nina Ka Safa at Ka Asyong. ____

“Love at first sight” ang paglalarawan ni Safa nang una niyang makita si Asyong.

“Kumperensya naming mga kabataan noon, instruktur namin siya sa Padepa (Pambansa-demokratikong Paaralan). Demokratikong rebolusyong bayan ang paksa niya. Naka-all black uniform at full battle gear habang nagtuturo. Wow, astig! Crush ko agad siya,” natatawag kwento ni Safa. Dalawang taon nang aktibista sa isang paaralan si Safa noon.

“May mga batayang pulitikal din,” habol ni Safa. “Komprehensibo sa trabaho, mahusay sa gawaing instruksyon, militar, mataas ang disiplina, hindi makalat sa mga gamit!”

Nang magpasyang magpultaym si Safa sa hukbong bayan, napabilang siya sa yunit kung saan nagsisilbing medik ng platun si Asyong. Dito lalong nahulog ang kanyang loob sa kasama.

“Hindi kagwapuhan pero pasado sa standard! Hahaha.” Napansin niyang malinis ang kasama, marunong mag-pedicure at manicure. “Marunong din siya magburda,” kwento ni Safa. “Lalo akong napahanga nang makita ko ang husay niya sa pagko-koryo (choreograph ng sayaw).”

Sa panig ni Asyong, una pa lamang ay pansin na niya ang pagiging bukas ni Ka Safa at interes niya na matuto sa mga bagay na bago sa kanya. “Samokan (makulit), jologs,” pag-alala niya sa unang mga araw na nakilala niya ang kasama. Naging komun nilang hilig ang pagsayaw. Dating cheerleader si Safa at may kasanayan sa martial arts si Asyong.

“Interesado siya makinig at hindi arogante,” ayon kay Asyong. “Kahit laking-syudad, hindi mapili. Kahit anong pagkain sa gubat, kakainin niya. Madali siyang maka-relate sa mga kasama. Madali ring mahulog ang loob ng masa sa kanya.”

Pansin din ni Asyong ang husay ng kasama sa mga gawain at ang mataas nitong inisyatiba sa lahat ng panahon. “Malaki ang tulong ni Ka Safa sa gawain sa hukbo,” aniya. “May mahuhusay siyang rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng mga gawain sa loob nito.”

“Sa kabilang banda, mabagal siyang kumilos!” pabirong kwento ni Asyong. “Pero hindi naging sagabal ang mga kahinaan niya sa paglahok sa armadong paglaban at dahil dito, napaibig ako sa kanya.”

Aminado si Asyong na minsan, nahihirapan si Safa na mag-adjust laluna kung mabilis na nagbabago ang sitwasyon. “Pero dahil lagi siyang bukas sa mga payo ng mga kasama, napangingibabawan niya ang mga ito.”

Nagsimula ang kanilang ligawan sa paggawa ng bracelet o polseras na agsam.

“Ang ganda naman ng design ng bracelet na gawa mo, Ka Asyong,” naalala ni Safa na sinabi niya noon. “Pwede akin na lang?”

“Para sa yo talaga”yan,” nakangiting sagot ni Asyong. “Turuan pa kita para marunong ka rin gumawa.”

Tawang-tawa si Safa sa pagkaalala niyang gwapong-gwapo siya kay Asyong noong nginitian siya. “Ang pantay ng ngipin!” naisip niya. “Parang nag-braces.” Tinawag niyang “pinakanakapagpagwapo” kay Asyong ang “nakatutunaw” niyang ngiti.

Mula noon, marami nang ibinigay na bracelet si Asyong na nagpakilig sa kanya. “Sayang lang at nangawala ko na,” kwento ni Safa.

Bagamat ramdam na nila ang mutwal na atraksyon, walang ginawa ang dalawa kaugnay dito. Sa loob ng hukbong bayan, ipinagbabawal ang panliligaw sa, at pagpapaligaw ng, mga bagong rekrut sa loob ng takdang panahon para mabigyang-bwelo ang kanilang gawain. Hindi rin iniengganyo ang tago at matatagal na kwentuhang one-on-one sa pagitan ng mga “single” para iwasan ang mga sitwasyong nakapagbubuo ng mga kundisyon para sa lihim na mga relasyon.

“Hindi kami nag-uusap na kaming dalawa lang. Dumaan kami sa pormal na proseso,” kwento ni Safa. “May balak na akong magpaalam sa kolektib ko na maghapag ng programa (ng pakikipagrelasyon) kay Asyong.” Sa paghahapag, isinasalaysay ng nais magpaabot ng “programa” ang kanyang mga batayan, kahandaan sa pakikipagrelasyon at plano kaugnay dito. Kapag walang kumplikasyon, ipapaaabot ito ng yunit ng naghahapag sa yunit ng hinahapagan. “Yun nga lang, naunahan niya ako!”

Isang taon matapos pormal na maghapag ang binata, itinakda ng mga yunit nila ang kanilang

pagkikita. “Nagkausap kami at sabi niya sa akin na manliligaw siya,” kwento ni Safa. “Syempre, sinagot ko agad.” Pero kahit magkarelasyon na sila, magkahiwalay sila ng trabaho sa sumunod na dalawang taon. Si Asyong ay nanatili sa orihinal niyang yunit para makapokus sa gawaing pulitiko-militar habang inilipat sa gawaing masa si Safa.

Lubos ang kanilang tiwala sa isa’t isa sa panahong magkalayo sila. Gayunpaman, nahirapan din sila sa kaayusang magkalayo sa simula. May mga panahong gusto nilang makausap ang isa’t isa araw-araw o makabisita sa mas madaling panahon kahit hindi naman pinapayagan ng sitwasyon. Napangibabawan naman ito ng magkasintahan.

“Nakatulong ang kolektib, gayundin ang paggagawaing masa,” ayon ka Safa. “Napantay ko ang paninindigan ko bilang rebolusyonaryo, nakapagpanibagong-hubog.” Sa panahong ito lalong tumatak kay Ka Safa ang kaseryosohan ng pakikipagrelasyon sa loob ng kilusan, kaiba sa “uyab-uyab lang” o kaswal na pakikipagrelasyon sa burgis na lipunan.

“Nagkita kami ulit matapos ang dalawang taon at tinasa namin ang aming mga nararamdaman,” kwento ni Safa. Isinangguni nila sa kani-kanilang mga grupo ang kanilang mga napag-isipan. Di kalaunan, ikinasal sila sa ilalim ng bandila ng Partido.

Tulad sa maraming kasal sa Partido, nagkaroon ng pulong ang mga ikakasal at kanilang mga “ninang” at “ninong,” mga kasama at masang may

mahahaba nang karanasan sa pag-aasawa, bago ang seremonya. Dito ibinabahagi sa ikakasal ang mga payo ng ilang dekada nang praktika ng pag-aayos ng Partido sa kasal.

“Mahuhusay ang mga payo ng mga kasama at masa sa amin,” kwento nina Asyong at Safa. “May nagsasabing nakakapagpatatag ang pagpapakasal. Habang paparami ang mga responsibilidad namin sa kilusan, magkakaroon kami ng katimbang sa pagpapatupad ng mga gawain.”

Sa kabilang panig, payo rin ng mga kasama at masa na hindi dapat matali sa personal na relasyon ang relasyong mag-asawa at dapat namamayani pa rin ang relasyong pulitikal o relasyong magkasama sa rebolusyon.

“Dapat laging tapat sa isa”t isa,” kwento ni Safa. “Kung may problema, isangguni sa kolektiba para matulungan.”

“Pangako namin sa isa”t isa na anumang problema na kahaharapin namin sa pagiging mag-asawa, hindi ito magiging hadlang sa pagpapatupad namin sa aming mga gawain,” kwento ng dalawa. “Kung mayroon kaming di pagkakaunawaan, hindi kami mahihiyang humingi ng payo sa aming mga kakolektib.”

Sa pagitan ng dalawang mandirigmang araw-araw na sumusuong sa buhay-at-kamatayang pakikibaka, realidad ang pangakong “till death do us part.”

Balang araw, balak ni Ka Safa at Ka Asyong na magkaanak. “Dalawa,” ayon kay Asyong. “May

apat na taong pagitan para hindi masinsin ang leave,” ayon naman kay Safa. “Pero di agad.”

Balak nilang bigyan-panahon ang relasyong mag-asawa para higit pang magkakilanlan at ihanda ang mga sarili para sa pagpapamilya. Hindi kaila kay Ka Safa ang mga hamon na sinusuong ng kababaihang rebolusyonaryo, laluna ang mga kababaihang mandirigma, oras na magkaroon ng anak. “Mas mabuting may sapat na kahandaan, matatag sa proletaryong paninindigan para sa panahong tamaan ng personal na problema, alam kung paano i-handle,” aniya.

Tiwala sila sa Partido na mahusay na maipupwesto ang kanilang magiging mga anak pagdating ng panahon. “Ang pagpapaalaga sa ating mga anak ay hindi nangangahulugan na nagpapabaya tayo,” ayon kay Ka Safa. Naiintindihan niya na pinalalawak ng mga rebolusyonaryong ina ang responsibilidad na ito tungo sa pakikipaglaban para sa pambansang pagpapalaya.

Mga anak ng namartir na rebolusyonaryo sa Sorsogon, ilegal na inaresto

Pebrero 19, 2023

Matapos ang ilang taong panggigipit sa pamilya Hubilla, hindi makatarungang inaresto ng mga pulis ang magkapatid na sina Ramises at William noong ikalawang linggo ng Pebrero sa Sorsogon. Sinampahan sila ng mga gawa-gawang kasong pagpatay, tangkang pagpatay at bigong pagpatay.

Si Ramises, 37 taong gulang, ay inaresto ng mga pulis sa Barangay North Poblacion, Juban noong Pebrero 8. Sinampahan siya ng dalawang kaso ng tangkang pagpatay at limang kaso ng pagpatay. Ang kanyang kapatid na si William, 33 taong gulang, ay inaresto sa Barangay Central, Casiguran noong Pebrero 9. Pitong kaso ng bigong pagpatay at isang kaso ng pagpatay ang isinampa laban sa kanya.

Ang dalawa ay anak ni Andres Hubilla (Ka Magno), namartir na lider ng komite ng Partido sa Sorsogon. Si Ka Magno, kasama ng isang Pulang mandirigma at dalawang sibilyan, ay sadyang pinatay ng mga sundalo at pulis noong Hulyo 2017 sa Barangay Trece Martinez, Casiguran.

Ang mga mandamyento de aresto na ginamit sa magkapatid ay inilabas ni Hon. Bernardo R. Jimenez ng Regional Trial Court Branch 54 ng Gubat, Sorsogon.

Ayon sa mga ulat, si Ramises ay nauna nang “sumuko” matapos gipitin ng militar noong Abril 2018 sa kampo ng 31st IB sa Barangay Rangas, Juban. Ngunit matapos nito, at ng ipingako ng mga sundalo na “kapayapaan,” patung-patong na mga kaso ang isinampa laban sa kanya.

Katulad ang insidenteng ito ng pagpapasuko noong 2018 kay Michael Bagasala at kalaunan ay pagpatay sa kanya ng mga pwersang militar at pulis noong Enero 24, 2021 sa Barangay San Antonio, Barcelona, Sorsogon. Si Bagasala ay anak ng aktibistang lider-masang si Nelly Bagasala na pinaslang din ng mga elemento ng estado noong

Hunyo 2019. Malaon nang pinag-iinitan ng mga pasista ang kanilang pamilya.

Ganito rin ang sinapit ng magsasakang si Danilo Fombuena Hapa nang arestuhin siya ng pulis sa mga kasong illegal possession, manufacture, acquisition of firearms, and explosives noong Mayo 2022 sa Sityo Parad, Barangay Fabrica, Barcelona. Bago nito, “sumuko” at nagpa-clear na ng pangalan si Hapa noong 2020 kasama ang higit 50 residente ng Barangay Fabrica sa 31st IB matapos paulit-ulit na gipitin.

Kumpanya at gubyernong Dutch, tinuligsa sa papel nito sa konstruksyon ng Aerotropolis

Pebrero 20, 2023

Tinuligsa ng organisasyong Global Witness ang gubyerno at dalawang kumpanyang Dutch sa pagtanggap at pagpondo nito sa isang bahagi ng proyektong Aerotropolis ng San Miguel Corporation. Sa pahayag na inilabas ng grupo noong Pebrero 2, sinabi nitong nakatakdang tumabo ng kita ang dalawang kumpanya sa isang proyektong lumalabag sa karapatang-tao at nakasisira sa kapaligiran. Ang Global Witness ay isang internasyunal na organisasyong na nagsasagawa ng mga imbestigasyon para itaguyd ang climate justice at ipagtanggol ang mga batayang karapatang-tao,

Nakopo noong 2018 ng kumpanyang Royal Boskalis Westminster NV ang kontratang nagkakahalaga ng 1.5 bilyong euros para sa

gawaing dredging—ang unang hakbang ng dambuhalang proyektong Aerotropolis o New Manila International Airport. Nakuha nito ang garantiya ng estado ng The Netherlands sa pamamagitan ng pagkuha ng kontrata sa seguro mula sa Atradius Dutch State Business noong Mayo 2022. Itinatayo ang naturang proyekto sa Taliptip, Bulacan.

Nasa 700 pamilya ang napilitang lumikas sa lugar matapos tambakan ng mga sundalo ang target na mga lugar ng proyekto. Dahil sa takot at walang awat na intimidasyon ng mga sundalo, napilitan silang gibain ang kanilang mga bahay at pumirma sa mga dokumentong nagsasaad na hindi nila tututulan ang proyekto. Halos kalahati sa kanila na pinangakuan ng kumpensasyon ay walang natanggap hanggang ngayon.

Pipinsalain ng Aerotropolis ang lugar na inirekomenda pareho ng mga estado ng Pilipinas at The Netherlands na ideklarang “mahigpit na protektado.” Wawasakin nito ang Manila Bay, isang biodiversity hotspot.

“Kumikita ang Boskalis sa isang proyektong di pasado sa mga pamantayang maka-kalikasan at panlipunan,” ayon sa Global Witness. “(H)indi nito pinakinggan ang mga babala ng mga pag-aaral sa magiging epekto sa kapaligiran at lipunan, nakinabang ito sa mga tahasang mga pagbabantang militar sa komunidad na pinalayas...” Panawagan ng grupo na magkaroon ng bagong mga tuntunin para pigilan ang pang-aabuso ng mga kumpanya.

“Minamadali ang New Manila International Airport nang walang tunay na konsultasyon sa mga komunidad na pinalayas sa pamamagitan ng mga armadong sundalo,” ayon ay Rachel Cox ng Global Witness. “Ang mga pag-aaral na nagpapakita sa pinsala nito sa mga lokal na komunidad at maseselang ekosistema sa Manila Bay ay binalewala, at walang sinabi sa orihinal na kontrata para rito tungkol sa (pagtatayo ng) paliparan. Nakagagalit na ang isang kumpanyang European ay kumikita mula rito.”

Iginiit ng Global Witness ang kakagyatan ng pagkakaroon ng malalakas na tuntunin para sa mga kumpanyang European laban sa paghuthot ng mga ito ng kita sa paglabag sa mga karapatang-tao at pangwawasak sa kapaligiran.

Tinyente, 2 pang sundalo ng 49th IB, napatay sa aksyon ng BHB

Pebrero 20, 2023

Tatlong sundalo ng 49th IB ang napatay sa operasyong demolisyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Albay noong Pebrero 15 sa Barangay Ramay, Oas, Albay. Ang naturang yunit ng 49th IB ay nag-ooperasyon at naghahasik ng takot sa mga residente simula pa Pebrero 13.

Ayon sa ulat ng BHB-Albay, pinatamaan nila ang tropa ng 49th IB matapos mabalitaan sa mga residente ang operasyon ng mga sundalo sa lugar. Gumagamit ang yunit ng command-detonated explosives (CDX). Kinilala ang mga napatay na sundalo bilang sina 2Lt. Nico Malcampo, S Sgt.

Aldrin Valuager, at Pvt. Nilo Villarez Jr. Liban sa kanila ay mayroon pang ilang nasugatang mga sundalo.

Ang CDX ay armas pandigma na pinahihintulutan sa ilalim ng mga internasyunal na batas sa digma, taliwas sa ipinakakalat ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Katangian ng CDX na gamit ng BHB na sumasabog lamang kapag sadyang i-detonate ng blaster. Pinahihintulutan ang klase ng eksplosibo sa Ottawa Treaty.

Matapos ang armadong aksyon at kabiguan ng 49th IB, pinagbalingan nito ng galit ang mga residente sa magkakanugnog na barangay sa bayan ng Oas. Binugbog ng mga sundalo ang isang sibilyan sa Barangay Bangyawon. Ang mga residente at magsasaka sa Barangay Bangyawon, Ramay, at Mayag ay pinagbawalan din na magkopra at magpastol ng kanilang hayop. Nagdulot ng labis na takot at pagkaantala sa kabuhayan ang naturang operasyong militar.

Samantala, pinarangalan ng BHB-Albay si Eric Veraquit (Ka Nene) na mamartir sa naturang aksyon ng BHB. Siya ay nagmula sa Villasocorro, Libmanan, Camarines Sur.

Barikadang bayan kontra mina, itinayo sa Palawan

Pebrero 21, 2023

Nagtayo ng barikadang bayan ang mga residente ng Brooke's Point, Palawan noong Pebrero 18 para ipatigil ang iligal at mapangwasak na mga

operasyong mina ng Ipilan Nickel Corporation (INC) sa lugar. Ayon sa mga grupong maka-kalikasan, nag-oopereyt ang minahan kahit walang permiso mula sa lokal na gubyrerno.

Itinayo nila ang barikada matapos tumangging sumunod ang kumpanya sa atas ng lokal na gubyrerno na itigil ang operasyon. Ayon kay Brooke's Point Vice Mayor Jean Feliciano, Pebrero 6 pa inilabas ng atas si Mayor Cesareo Benedito Jr sa INC na itigil ang kanilang mga operasyon dahil wala itong permiso para mag-opereyt ngayong taon.

"Ang mamamayan mismo ang nag-oorganisa ng pagkilos para ipaglaban ang kanilang kagalingan," pahayag ni Feliciano. Dagdag pa niya, nagpapasalamat sila sa mga residente ng Brooke's Point na handang magsakripisyo para protektahan ang kanilang likas na yaman, kabuhayan at kinabukasan.

Noong Disyembre 2022 hanggang Enero, lumubog sa baha ang Brooke's Point dulot ng walang awat na pag-ulan mula simula ng taon dulot ng "shear line" o ng magkaibang direksyon ng hangin, kakumbina ang mga pag-ulan at low-pressure area.

Ayon sa mga residente, ngayon lamang sila nakaranas ng ganoong katinding pagbaha. Bigla na lamang tumaas ang antas ng tubig sa ilog ng Tigaplan, anila. Ayon sa mga upisyal, noon pang 1975 huling nakaranas ng ganitong pagbaha sa lugar. Lubos na isinisi ng residenteng si Mary Jean

Feliciano ang matitinding pagbaha sa mapangwasak na pagmimina sa lugar.

Ang INC ay subsidyaryo ng Global Ferronickel Holdings, ikalawa ito sa pinakamalaking kumpanya na nagpprodyus ng nikel sa bansa. Hindi bababa sa 2,800 ektarya ang minahan nito sa Palawan na tatawid sa apat na barangay ng Brooke's Point. Noong 2020, tumaas nang 43% o P735 milyon ang kita nito sa kabila ng pandemya. Samantala noong 2017, sangkot ang INC sa pamumutol ng 15,000 mga puno sa mahigit 100 ektaryang natural forest sa Brooke's Point.

Sa prubinsya ng Palawan, 28,000 ektarya o 1.89% ng 1.5 milyong ektarya ng kabuuang kalupaan ng prubinsya ang nasasaklaw ng mga operasyon ng mapaminsalang minahan noong 2021.

Magsasaka, pinatay ng militar sa Albay

Pebrero 21, 2023

Pinatay ng mga pwersa ng estado ang magsasakang si Vernon Bonggat noong Pebrero 20, sa kanyang bahay sa Barangay Tablon, Oas, Albay. Ang pagpatay sa kanya ay pinaniniwalaang ganting-salakay ng pwersa ng estado matapos ang kabiguan ng 49th IB laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Pebrero 15 sa Barangay Ramay.

Ayon sa ulat, sapilitang pinasok ng dalawang ahente ng militar ang kanyang bahay bandang alas-8:30 ng gabi. Ang bahay ni Bonggat ay isang

kilometro lamang ang layo mula sa isang seksyon ng 49th IB na nag-ooperasyon sa lugar.

Ang barangay at mga kalapit nitong komunidad ay isang linggo nang nakapailalim sa matinding militarisasyon matapos ang armadong aksyon ng BHB noong nakaraang linggo.

Ganito rin ang sinapit ng sibilyang si Armancio Malto na pinatay ng 49th IB sa kanyang bahay sa Purok 5, Barangay Badbad noong Marso 2022. Pinag-initan siya ng mga sundalo matapos magkaroon ng engkwentro sa pagitan ng yunit nito at ng BHB sa naturang barangay.

Sangkot din ang 49th IB sa pagpatay sa dalawang upisyal ng Barangay Badbad noong Setyembre 15, 2020. Wala pa ring hustisya ang mga biktima hanggang sa kasalukuyan.

Mga kawani sa Senado, naigiit ang dagdag na alawans

Pebrero 21, 2023

Makatatanggap ng dagdag na alawans para umagapay sa implasyon ang mga kawani ng Senado ng Pilipinas matapos ianunsyo kahapon ni Senate President Juan Miguel Zubiri na itataas ang kanilang alawans mula ₱12,200 tungong ₱50,000. Ayon sa unyong Sandigan ng mga Empleyadong Nagkakaisa sa Adhikain ng Demokratikong Organisasyon (SENADO), ang dagdag benepisyo na ito ng maliliit na kawani ng Senado ay bunga ng ilang dekada na nilang pakikibaka.

Tinatayang 3,000 kawani ng Senado ang makatanggap ng karagdagang alawans. Ayon kay Zubiri ibibigay ito sa darating na Agosto.

Kaugnay nito, sinabi ng grupong Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) na “sana all” o dapat lahat ng ahensya ng pamahalaan ay makatanggap ng ganito bilang ayuda at insentibo sa mga kawani sa harap ng tumitinding krisis.

Ayon sa SENADO, “makatwiran at makatarungan ang pagbibigay ng dagdag na benepisyo upang makaagapay sa napag-iiwanang sweldo... Ang nakabubuhay na sweldo at proteksyon sa paggawa ay tungkulin ng estado sa kanyang mamamayan.”

Ipinunto ng unyon na lampas sa nakamit na dagdag alawans, “nakikiisa sila sa panawagan ng mga manggagawa, iba pang kawani sa pamahalaan at ng sambayanang Pilipino para sa pagtataas ng sahod/sweldo, dagdag na benepisyo at ayuda upang maibsan ang hirap na dinaranas dahil sa walang ampat na pagtaas ng presyo ng mga bilingin at tumitinding krisis sa ekonomya.”

Sa pahayag ni Santiago Dasmariñas Jr, pambansang pangulo ng Courage, “Tama rin ang tinuran ng Senador na hindi “living wage” ang sweldo ng karamihan ng mga kawani. Kaya patuloy na panawagan natin na gawing nakabubuhay ang pambansang minimum na sahod ng mga kawani at manggagawa.”

Iginigiit ngayon ng mga kawani ng gubyero na gawing ₱33,000 kada buwan ang minimum na sahod ng mga kawani sa buong bansa.

Pamilyang inaakusahang tumulong sa BHB sa Bukidnon, ginipit ng militar

Pebrero 21, 2023

Labag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas ang ginagawang panggigipit ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa isang pamilya sa Sityo Gabonan, Barangay Dumalaguing, Impasug-ong, Bukidnon noong Enero 29. Pinararatangan ang pamilya na tumulong at naghatid ng suplay sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Niransak ng mga sundalo ang bahay ni Nerisa Lumayag, kanyang asawa at mga anak at tinakot sila. Sampung sundalo ang sumugod sa bahay ng mag-anak. Nagdulot ng labis na takot ang teroristang panggigipit na ito ng mga sundalo sa pamilya laluna sa mga bata.

Ayon sa ulat, bago sila sinugod ng mga sundalo, minanmanan ang bahay nila nang madaling araw ng Enero 29 ng mga bayarang aset ng kaaway sa barangay.

Kasalukuyang tumutuloy sa sentro ng barangay ang pamilya dahil sa takot na bumalik sa kanilang komunidad.

Ang pag-atake ng militar ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law

(CARHRIHL), na pinirmahan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Nakasaad sa seksyon ukol sa paggalang sa internasyunal na makataong batas, Artikulo 4, Bilang 4:

“Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

Sa gitna ng trahedyang, Syria binomba ng Israel

Pebrero 21, 2023

Binomba ng mga eroplanong Israeli ang isang mataong lugar sa katimugang bahagi ng Damascus, kabisera ng Syria, noong kalagitnaan ng gabi ng Pebrero 19. Ito ay habang lugmok ang bansa sa trahedyang at abala sa pagsalba sa mga biktima ng malakas na lindol na tumama dito at sa Turkey noong Pebrero 6.

Ayon sa Syrian Observatory for Human Rights, isang organisasyong nakabase sa United Kingdom, hindi bababa sa 10 ang napatay sa pambobomba, kabilang ang isang babae at isang batang Syrian. Ayon sa grupo, tinarget ng mga bomba ang isang residensyal na eryl. Tinarget nito ang isang 7-palapag na gusaling residensyal, isang eskwelahan at mga upisina ng institusyong pangkultura. Napinsala din nito ang isang makasaysayang gusali (citadel).

Mahigpit na kinundena ng mga upisyal ng Syria ang pang-aatake, lalupa't isinagawa ito sa panahong "naghihilom" pa ang mga sugat ng bansa dulot ng lindol. Nananawagan ang Syria na kundenahin ng UN ang aktong ito ng Israel. Anila, dapat umano itong ituring na krimen laban sa sangkatauhan.

Daan-daan nang ulit na binomba ng Israel ang Syria nang walang probokasyon sa nakaraang dekada. Madalas na walang inilalahad ang Israel na dahilan ng mga pang-aatakeng ito.

Huling bimomba ng Israel ang Syria noong Enero 2 kung saan pinatamaan nito ang internasyunal na paliparan sa Damascus. Apat na Syrian ang napatay sa pambobomba at dalawa ang nasugatan.

Presensyang militar ng US sa Pilipinas, maaring magpasiklab ng gerang nukleyar

Pebrero 22, 2023

Sa pamamagitan ng presensya ng tropa, gamit militar at nukleyar na arsenal nito sa Pilipinas, inilalagay ng US ang buong rehiyong Asia sa "bingit ng isang nukleyar na Armageddon." Ito ang babala ni Prof. Roland Simbulan sa isang webinar na pinamagatang "Countercurrents: Foreign Policies and Anti-imperialist Struggle na inilunsad noong Pebrero 4. Si Simbulan ay isang propesor sa University of the Philippines at pangalawang pangulo ng Center for People's Empowerment in Governance.

“Imbwelto ang Pilipinas sa mahigpit na kumpetisyon sa pagitan ng US at China dahil sa lokasyong geopolitikal nito,” aniya. Matagal nang bahagi ang bansa sa “imprastrukturang nukleyar” ng US, na nagsisilbing daungan ng malalaking barkong pandigma na nagdadala ng mga armas nukleyar at pinatatakbo ng enerhiyang nukleyar. “Bahagi na tayo (Pilipinas) ng opensibong first island chain ng pagkubkob sa China dahil sa Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement at ng Enhanced Defense Cooperation Agreement,” aniya.

Sa pamamagitan ng mga tratado at kasunduang ito, napanatili ng US ang hegemonyang militar ng US sa Pilipinas, kahit wala na itong minamantineng malalaking permanenteng base militar sa bansa.

“Matagal nang itinuturing ng US na krusyal na lokasyon ang Pilipinas para sa sarili nitong pangmatagalang seguridad,” ayon kay Prof. Simbulan. Tinawag niyang “muog ng US” ang Pilipinas sa Asia na nagsisilbing lunsaran ng mga operasyong pandagat at panghimpapawid hindi lamang sa South China Sea, kundi sa buong Asia-Pacific at Middle East.

Ang kontrol ng US at “bakal na ugnayan” nito sa Pilipinas ay hindi nauga at lalong di natumbasan ng pakikipagmabutihan at pagkukunwari ng nagdaang presidente na si Rodrigo Duterte na pagpaling nito sa China.

Katunayan, humigpit pa ang hawak ng US sa Pilipinas sa termino ni Duterte. Isinagawa sa

ilalim ng kanyang termino ang luma at bagong malalaking pagsasanay-miliatr. Sa ilalim din niya nagsimula ang “renegosasyon” ng EDCA at MDT para bigyan ng dagdag na mga pribiliheyo at ekstra-teritoryal na mga karapatan ang US sa bansa. Nagsimula din habang presidente pa siya ang negosasyon para gamitin ng Cerberus, isang kumpanyang Amerikano, ang naluging Hanjin Shipyard sa Subic para sa pagkukumpuni, pag-refuel at pagdaong ng US Navy.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, sunud-sunod ang pagbisita ng matatas na upisyal at upisyal-militar ng US sa Pilipinas. Noong Nobyembre 2022, lumapag si US Vice President Kamala Harris para pormal na ipabatid ang intensyon ng US na dagdagan ng lima pang kampo ng AFP para itayo ang mga pasilidad ng US para sa mga tropa at gamit militar nito sa Pilipinas. Sinundan ito ng pagbisita ni Lloyd Austin, kalihim ng State Department ng US noong Pebrero 2.

Naipirmi sa mga pagbisitang ito ang pagpapabilis sa konstruksyon sa unang limang base militar ng US sa bansa na gagastusan ng \$100 milyon, at ang pagdagdag na apat pang lokasyong maaaring lagakan ng kanilang tropa at armas. Ang mga lokasyong ito ay nagbibigay sa US ng bentahe para sa mabilis na paglulunsad ng mga operasyon sakaling magkaroon ng tunggalian sa Taiwan o habang nagsasagawa ang US Navy ng mapanghamong mga “operasyon sa malayang paglalalayag” sa South China Sea.

Pang-uupat ng gera

Noong Pebrero 4, dumating sa Pilipinas ang mataaas na upisyal-miltiar ng US para ipinalisa ang plano para sa paglulunsad ng mas masisinsin at malalaking pagsasanay-militar ng US sa Pilipinas, kabilang ang Balikatan 2023. Noong 2022, inianunsyo ng AFP na magkakaroon ng 469 na iba't ibang pagsasanay at aktibidad militar ang US sa bansa para sa taong 2023. Mas mataas ito sa 461 na mga operasyong militar ng US sa 2022 at 353 nooong 2021.

Ang mga pagsasanay na lakip dito ay bahagi ng opensibong militar ng US para udyukan ang China. Kasabay at karugtong ang mga ito sa libu-libo pang pagsasanay sa digma (war exercises) na inilulunsad ng US sa rehiyon.

Bagamat sa Abril pa idadaos ang ika-38 serye ng Balikatan, ang taunang “pagsasanay-militar” sa pagitan ng mga armadong hukbo ng US at Pilipinas, nasa Pilipinas na ang mga pwersang Amerikano. Noong Pebrero 20, inilunsad ng US at Philippine Army ang Warfighting Functions Exchange, isang 3-araw na kumperensya bilang paghahanda sa pagdaraos Salaknib 2023, ang dalawang-seryeng pagsasanay na ilulunsad bago at pagkatapos ng Balikatan. Lalahukan ang pagsasanay na ito ng 3,000 tropa mula sa 25th ID ng US at 5th ID, 7th ID at 1st Brigade Combat Team ng Pilipinas. Magsisimula ang Salaknib sa Marso 5, at tatagal ng 20 araw.

Samantala, lalahukan ang Balikatan 2023 ng 16,000 tropa, pinakamarami sa kasaysayan nito. Idadaos ang mga pagsasanay sa Ilocos Norte, at

Batanes, Fuga at Calayan — mga islang dikit sa Taiwan Strait.

Hindi lamang ang US ang gumagamit sa Pilipinas bilang lunsaran ng digma. Noong Pebrero 20, binuksan ng AFP at Australian Defense Force ang Philippine-Australia Army-to-Army Exercise 23-1 sa Camp Siongco, Awang, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao del Norte. Katulad ng US, may visiting forces agreement ang Pilipinas at Australia. Nakatakda ring pumirma ang Japan at Pilipinas ng katulad na kasunduan para sa malayang paglabas-masok naman ng mga tropang Japanese sa bansa. Parehong alyado ng US ang Australia at Japan sa panunulsol nito ng gera laban sa China.

Higit sa mga pagsasanay, muli na ring ilulunsad ang mga magkasanib na pagpapatrulya ng US at Pilipians sa South China Sea. Direkta nitong isasangkot ang mga tropang Pilipino sa pakikipaggirihan nito sa mga barko at pwersa ng China.

Mapanganib ng plantang nukleyar

Isa sa itinulak ni US Vice Presidente Harris nang bumista siya sa bansa ang pagtatayo ng US ng mga plantang nukleyar sa tabing ng paglutas ng krisis ng enerhiya ng Pilipinas. Sa ilalim ng “123 Agreement Negotiations for Civil Nuclear Energy Cooperation,” itatayo sa bansa ang mga plantang nukleyar (small modular reactor) na pinaunlad ng US Army at sinubok sa mga base militar nito.

Nitong Pebrero, ibinunyag ng Pangasinan People's Strike for the Environment ang pagraratsada ng lokal na guberno para sa pagtatayo ng anim na mga plantang nukleyar, lahat sa Labrador, Pangasinan. Nakaharap ang bayan na ito sa Lingayen Gulf, isa sa pinakamayamang pangisdaan sa bansa.

Babala ng mga kinatawan ng Makabayan, dalawang gamit ang teknolohiyang ipapasok ng US sa bansa — sibil at militar. Maraming aspeto ng programang nukleyar ng US ay napakadaling gamitin para sa gera, kahit ang mga kunwa'y para sa mga gamit sibilyan.

Katunayan, pinaunlad ngayon ng US ang Project Pele na naglalayong maglatag ng mga "mobile nuclear power plant" o "battlefield nuke reactors" na bahagi ng paghahanda nito ng "teatro ng digma" sa rehiyon ng Asia. Lalabas na gagamitin ng US ang Pilipinas bilang laboratoryo ng proyektong ito, na nasa antas eksperimento pa lamang.

Kagyat at kinakailangang pagtutol

Sa kasalukuyan, papalaki ang posibilidad ng paggamit ng armas nukleyar sa gerang itinulak ng US at NATO sa Ukraine, sa Korean Peninsula, Taiwan Straits at South China Sea. Sa gayon, lalong nagiging kagyat ang pangangailangang hadlangan ito ng mamamayan.

"Itinutulak ng papalaking banta ng gerang nukleyar ang lahat ng nagmamahal ng kapayapaan sa buong mundo na pigilan ang

paglaki ng posibilidad nito,” ayon kay Prof. Simbulan. “Pigilan natin ang mga probokasyong ginagawa ng US, gayundin ang mga operasyong militar ng China, na maaaring sumiklab sa isang dambuhalang gera para sa kapangyarihan.”

4 na batalyong itinambak sa Samar, magpapalala sa paglabag sa karapatang-tao

Pebrero 23, 2023

Apat na batalyon ang itinambak ng Armed Forces of the Philippines sa Eastern Visayas sa pagitan ng Disyembre 2022 at Pebrero para “gapiin” ang “natitirang apat na aktibong larangang gerilya” sa hilagang bahagi ng Samar. Tiyak na patitindihin ng mga ito ang pamamaslang, pang-aaresto, pambabanta at pwersahang pagpapasurender sa mga komunidad ng magsasaka sa rehiyon.

Dumating sa Palo, Leyte noong Pebrero 20 ang 74th IB galing sa Basilan at 42nd IB na galing sa Quezon-Bicol noong Pebrero 20. Dumating din sa rehiyon ang 21st Scout Ranger Company na nakapailalim sa 4th Scout Ranger Battalion mula sa Davao City noong Pebrero 17. Bago nito, 400 elemento na ng 4th SRB ang lumapag sa daungan ng Calbayog City noong Disyembre 11, 2022. Dagdag sa mga tropang ito ang 564 bagong mga sundalo na nagtapos sa isang 6-buwang pagsasanay militar sa Camp Eugenio Daza sa Hinabangan, Samay noon ding Pebrero 20.

Duguang batalyon

Mahaba ang listahan ng mga paglabag ng 4th SRC na sangkot sa mga operasyong pamboboma, pamamaslang, pang-aaresto at pwersahang pagpapasurender sa mga sibilyan sa mga barangay sa Agusan del Norte at Misamis Oriental. Mayor din ang naging papel nito sa pagdurog sa Marawi City na nagpalayas sa halos isang milyong Moro.

Samantala, bantog ang 42nd IB sa Bicol sa papel nito sa pagpapatupad ng Memorandum Order 32 ng noo'y rehimeng US-Duterte mula 2018. Ayon sa National Democratic Front-Bicol, nagresulta ang kautusang ito sa pagpaslang ng isang Bikolano kada linggo ng mga pwersa ng AFP at PNP sa rehiyon. Batay sa pagmonitor ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao, hindi bababa sa 17 ang biktima ng pamamaslang noong Enero-Nobyembre 2022 lamang.

Pesteng militar, pinalayas ng masa sa isang paaralan sa Abra

Pebrero 23, 2023

Sama-samang kumilos noong Martes, Pebrero 21, ang mga magulang at guro ng Mataragan National Agricultural School sa Barangay Mataragan, Malibcong, Abra laban sa mga sundalong nagkakampo sa loob mismo ng paaralan, dahil sa banta ng mga ito sa seguridad ng mga bata. Matagumpay nilang napalayas ang mga sundalo.

Reklamo ng mga residente na lagi't-laging naiistorbo ang buong komunidad dahil sa presensya ng mga sundalo sa lugar. Hindi na sila

makatrabaho sa kanilang sakahan at makapasyal sa mga gubat dahil sa walang awat na operasyong militar.

Samantala, iniulat ang panggigipit at pag-iinterogeyt ng mga ahente ng militar kay Jerome Agaid, isang magsasaka na kabilang sa Lupong Tagapamayapa ng tribung Mabaca na naninirahan sa Mataragan, Malibcong. Kasama ni Agaid noong Pebrero 16, 2023 ang kanyang 5-taong gulang na anak na nangingisda sa Barangay Gadani, Tayum, Abra, nang sindakin at hawakan ng mga sundalo.

Dahil sa pangyayaring ito at iba pang nakaraang pang-aabuso ng militar sa Abra, lumalakas ang mga pagkilos ng mamamayan upang magreklamo sa nakakaalarmang pangyayari. (Ulat ng NPA-Abra)

Pagratipika ng Senado sa RCEP, lalong wawasak sa ekonomya

Pebrero 24, 2023

Muling nagpahayag ng mariing pagtutol ang mga grupo ng magsasaka, sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, sa pagpasok ng Pilipinas sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP). Niratipikahan ng Senado ang tratado noong Pebrero 23, sa botong 22 sang-ayon, 1 tutol at 1 abstensyon.

“Sadyang nagbubulag-bulagan ang mga senador na bumoto para sa RCEP sa mga iginiit at hinaing ng mga magsasaka,” ayon kay Danilo Ramos, pinuno ng KMP. “Parang di pa sapat ang napala

natin sa pagiging myembro sa WTO at iba pang kasunduan sa malayang kalakalan, pumasok naman ngayon ang pamahalaang Marcos sa RCEP...”

Ayon sa KMP, pinakaapektado ang sektor ng agrikultura sa ilalim ng RCEP. “Tatamaan nito ang ating mga sensitibong mga produkto at 84% ng mga produktong agrikultural dahil nangako tayong gawing zero o tanggalin ang lahat ng taripa sa mga ito,” ayon sa KMP. Mas malala, ayon sa organisasyon, marami sa mga programang sinasabi ng gubyerno na makatutulong sa mga magsasaka ay hindi gumagana, at wala sa pusisyon ang mga magsasaka na makipagkumpetisyon sa mga imported na produkto sa ngayon.

Ang deka-dekadang mga patakaran ng World Trade Organization at mga kasunduan sa malayang kalakalan ay nagdulot ng “irreparable damage” sa agrikultura at industriya ng Pilipinas, ayon sa grupo.

“Anumang industriya mayroon tayo ngayon at mawawala sa ilalim ng RCEP. Lalong papatayin ng mga import ang lokal na produksyon dahil babaklasin ng RCEP ang mga taripa sa industriya nang hanggang 93%,” aniya.

Hindi totoong “maiwan” ang Pilipinas kung hindi ito papasok sa RCEP tulad ng ipinangtatakot ng mga senador na bumoto para rito, ayon naman kay Rosa Bella Guzman, senior researcher ng Ibon Foundation. Mula 1995, nakapaloob ang bansa sa di bababa 10 katulad na kasunduan kabilang ang

AFTA-CEPT (1992), ASEAN-China (2005), ASEAN-Korea (2007), ASEAN-Japan (2008), ASEAN-Australia/New Zealand (2008), ASEAN Trade in Goods Agreement (2010), Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA, 2008), European Free Trade Association-Philippines (EFTA-PH FTA, 2016), mga kasunduan sa ilalim ng World Trade Organization sa kalakalan, produkto, serbisyo, agrikultura at marami pang iba.

“Ang totoo, lagi tayong pikit-matang nauunang pumapasok sa mga kasunduang ito, habang patuloy namang lumulubog ang ating ekonomya,” aniya.

Ganito rin ang pahayag ni Sonny Africa, executive director ng Ibon. Walang idinulot na pag-unlad ang mga kasunduang ito sa bansa. Katunayan, ang Pilipinas ngayon ang pangatlong may pinakamataas na bilang ng mga naghihirap sa Asia, pang-apat na may pinakamaliit na sektor sa pagmamanupaktura. “Pinakamaliit ang bahagi ngayon ng pagmamanupaktura sa GDP sa nakaraang 70 taon, habang ang agrikultura ay pinakamaliit sa buong kasaysayan ng bansa,” aniya.

5 pistola at shotgun, nakumpiska ng BHB sa operasyong dis-arma sa Canlaon City

Pebrero 25, 2023

Nakumpiska ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang apat na .45 kalibre pistola at isang 12 gauge shotgun,

mga magasin at mga bala sa isang operasyong pagdis-arma laban kay Noleto Hermoso ng Sityo Inatito, Barangay Bucalan, Canlaon City noong Pebrero 21. Ayon sa yunit, nagtagal ng 10 minuto ang operasyon.

Si Hermoso ay kilalang may koneksyon sa militar at nag-iimbak ng mga armas ayon sa ulat ng BHB-Central Negros. Dagdag pa nila, nagpapatok at nananakot sa kanyang mga kapitbahay. Bago ang operasyon, makailang-ulit nang kinausap ng BHB si Hermoso para itigil ang kanyang anti-sosyal na gawi. Ngunit sa halip na tumalima, nagpatuloy si Hermoso sa mga ito.

Nagsimula ang operasyong pagdis-arma bandang alas-7 ng gabi nang surpresang pinasok ng mga Pulang mandirigma ang bahay ni Hermoso para kumpiskahin ang kanyang mga armas. Halos 1.5 kilometro lamang ang distansya ng bahay na ito mula sa detachment ng militar sa kalapit na Barangay Budlasan. Ang sityo na tinutuluyan niya ay palagian dinadaan ng militar sa panahon ng nakapokus na operasyong militar.

Agad namang sumunod sa utos si Hermoso nang kausapin siya kasama ang kanyang pamilya. Kwento pa ni Ka Win, tim lider ng naturang operasyon, “nagpasalamat pa ang pamilya nang isinalaysay ang dahilan ng pagdis-arma.” Ayon pa sa kanila, akala nila ay papatayin si Hermoso.

Salaysay pa ng pamilya na “maaring leksyon na sa kanilang ama ang mga kabulastugan na ginawa niya dati...at para magbagong-buhay.”

Sa panig ng mga Pulang mandirigma, nagpatibay ng kanilang loob ang matagumpay na operasyon. Ayon sa kanila, “nagbigay din ng bagong karanasan at kaalaman sa matagumpay na implementasyon ng misyon sa opensiba.”

Katutubo, anak nitong 5-taong gulang, ginipit ng 24th IB

Pebrero 25, 2023

Ginipit at sinindak ng mga ahente ng 24th IB ang mag-amang Jerome Agaid at kanyang 5-taong gulang na anak sa bayan ng Malibcong sa Abra sa nagdaang mga linggo. Si Agaid ay Lupong Tagapamayapa at bahagi ng tribung Mabaca.

Pilit na “pinasusuko” ng 24th IB si Agaid at pinagtatraydor sa kanyang sariling tribu. Ayon sa ulat, sinamantala ng militar ang kamakailang pagkakaospital ng kanyang asawa para “kumbinsihin” si Agaid na makipagtulungan sa kanila. Anang mga sundalo, babayaran ng mga ito ang pagpapagamot sa asawa kung susunod sa atas ng militar.

Bago pa ang naturang insidente, ilang ulit nang minanmanan at ginipit si Agaid at kanyang pamilya.

Patung-patong na paglabag sa karapatan ng mga pambansang minorya at karapatang-tao ang ginagawa ng 24th IB at 102nd IB sa maraming bayan ng Abra. Kasabay ito ng matinding militarisasyon at okupasyong militar sa mga bayan ng Lacub, Malibcong, Tineg, Baay-Licuan,

Daguioman, Bucloc, Boliney, Sallapadan, Luba, Tubo at Pilar.

Laganap sa mga bayang ito ang mga kaso ng sapilitang pagpapasuko, pagmamanman at pananakot ng militar. Nagdudulot ito ng matinding ligalig at pangamba sa mga mamamayan tuwing pumupunta sila sa kanilang mga sakahan at sa kagubatan.

Mga riders sa CDO, nanawagan ng benepisyong at seguro

Pebrero 25, 2023

Naglunsad ng pakilos ang mga tagadeliber ng Food Panda sa Cagayan de Oro City noong Pebrero 21 para ipanawagan na bigyan sila ng mga benepisyong at seguro ng kumpanya. Ang kilos-protesta ay isinagawa matapos mamatay sa isang hit-and-run si Jasper Dalman, 19 na taong gulang na Food Panda rider noong Pebrero 19. Naganap ang trahedyang habang siya'y nasa trabaho.

Ayon sa lokal na organisasyon ng mga rider sa Cagayan de Oro, dapat bigyan ng Food Panda ng pinansyal na tulong ang pamilya ni Dalman, kabilang ang bereavement assistance o ayuda para sa pagdadalmhati ng pamilya. Kasabay nito, nananawagan sila sa kumpanya at lahat ng mga delivery platform na tiyaking may kumprehensibong seguro ang lahat ng kanilang mga rider. Ayon sa grupo, isa si Dalman sa mga nagtayo ng Cagayan de Oro United Riders of the Philippines, lokal na balangay ng Riders of the Philippines.

Panagutin si Gen. Durante at 1001st IBde, giit ng mga grupo

Pebrero 25, 2023

“HUSTISYA SA NEW BATAAN 5!” ang sigaw ng mga grupo ng kabataan at ng Save Our Schools (SOS) Network sa isang martsa kahapon sa University of the Philippines (UP) Diliman, unang anibersaryo ng tinaguriang New Bataan 5 Massacre.

Iginiit ng mga nagprotesta na dapat managot ang 1001st IBde sa karumal-dumal na pagpatay kina Chad Booc at Gelejurain Ngujo II, mga boluntir na guro sa paaralang Lumad, kay Elegyn Balonga, isang manggagawang pangkalusugan sa komunidad, at mga sibilyang sina Robert Aragon at Tirso Añar. Tinortyur at sadyang pinatay ang lima ng mga sundalo sa utos ni Gen. Jesus Durante III sa Barangay Andap, New Bataan, Davao de Oro noong Pebrero 24, 2022.

Sa martsa, iginiit ng mga grupo na papanagutin ang 1001st IBde sa brutal na krimen nito at ang dating kumander nito na si Gen. Durante. Dapat din umanong papanagutin si dating pangulong Rodrigo Duterte sa kasong ito at marami pang krimen laban sa sangkatauhan ng kanyang administrasyon.

Naglunsad din ang mga grupo ng isang programang pangkultura at nagtirik ng mga kandila pagkatapos ng martsa.

Ayon sa SOS, natanggap nila noong Pebrero 20 lamang ang pinal na ulat sa awtopsi sa bangkay ni Booc na isinagawa ng kilalang forensic pathologist na si Dr. Raquel Fortun. Ayon kay Dr. Fortun, ang paraan ng pagkamatay ni Booc ay homicide, taliwas sa pinalalabas ng militar na isang “engkwentro” ang naganap na nagresulta sa pagkamatay ng lima.

Liban umano sa maraming tama ng bala, iniulat ni Dr. Fortun iba pang tinamong sugat si Booc na sensyales na posibleng dumaan siya sa tortyur. Mayroong fracture sa kanyang ika-5, 6, 7 at 8 thoracic vertebrae at kanang ika-8, 9, at 11 na ribs, laceration sa kanyang spinal cord, baga, atay, spleen, bato, tiyan at intestine, internal na mga hemorrhage, vertebrae, at kanang buto sa braso. Ayon pa kay Dr. Fortun, ipinakikita ng pinal na resulta ng awtopsi ang “intensyong patayin” sila ng mga sundalo.

Giit ng SOS, dapat magkaroon ng “kagyat, masusi at imparsyal na imbestigasyon sa New Bataan 5 Massacre para papanagutin si General Jesus Durante III ng 1001st IB.”

“Dapat tayong magsama-sama para ilantad ang mga paglabag sa internasyunal na makataong batas at batayang mga karapatang-tao laban sa limang biktima sa New Bataan 5 Massacre,” pahayag pa ng grupo.

Naglabas din ng kanilang pahayag ang Katribu - Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas at Sandugo Movement of Moro and

Indigenous Peoples for Self-Determination para kilalanin ang lima at maggiit ng hustisya.

Pinagpugayan nila ang mga ito para sa kanilang mga sakripisyo at “paglalaan ng kanilang oras, kakayahan at kabataan para sa kagalingan ng mga kabataang Lumad at kanilang mga komunidad.”

Serye ng mga protesta kontra Kaliwa Dam, inilunsad

Pebrero 25, 2023

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mga pambansang minorya at demokratikong grupong bahagi ng Network Opposed to Kaliwa, Kanan, Laiban Dams (No to KKLD) sa Metro Manila noong Pebrero 20 para paigtingin ang panawagang itigil ang mapanirang proyektong Kaliwa Dam sa Sierra Madre.

Nagprotesta sila sa upisina ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), House of Representatives at Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS). Binatikos nila ang NCIP sa ginawang manipulasyon at panloloko sa pagkuha ng Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) o pagpayag ng mga katutubo para pahintulutan ang kontruksyon ng dam. Humiga sila sa labas ng upisina bilang simbolo ng pagpatay at pagpapalayas ng dam sa humigit-kumulang na 20,000 Dumagat-Remontados sa Sierra Madre.

Nagkaroon din ng porum ang NO to KKLD sa UP Diliman kung saan dumalo ang mga grupo ng

estudyante mula sa pamantasan upang dinggil ang panawagan at pakikibaka ng mga Dumagat at Remondato.

Samantala, nakaabot na sa Mendiola noong Pebrero 23 ang halos 300 katutubong Dumagat at Remontado na lumahok sa 'Alay-Lakad Laban sa Kaliwa Dam' na nagsimula noong Pebrero 15. Nagmula sila sa Barangay Catablingan sa General Nakar, Quezon. Tinatayang 150-kilometrong layo ang nilakad ng mga pambansang minorya.

Ang mga katutubo ay sinalubong ng iba't ibang mga grupo sa Metro Manila. Nakiisa rin sa kanila ang University of Sto. Tomas, Ateneo de Manila University at iba pang mga institusyon.

Iginiit ng mga grupo kay Marcos Jr ang kagyat na pagpapahinto sa paghuhukay sa bayan ng Teresa sa Rizal. Nagsimula nang butasin ang kabundukan ng Teresa, Rizal para tumagos tungong General Nakar, Quezon na hindi bababa sa 28 kilometro ang distansyang sasaklawin.

Anibersaryo ng EDSA People Power, ginunita sa Davao

Pebrero 26, 2023

Nagsagawa ng kilos-protesta ang mga progresibong grupo sa Davao City noong Pebrero 24 para gunitain ang makasaysayang EDSA People Power na nagpatalsik sa diktador na si Ferdinand Marcos Sr, 37 taon ang nakalipas.

Kasabay nito, ginunita rin nila unang anibersaryo ng kamatayan ng New Bataan 5, kung saan ang

mga guro ng Lumad school na sina Chad Booc at Gelejurain Ngojo II at tatlong pang sibilyan ay brutal na pinatay ng mga pasistang tropa ng Armed Forces of the Philippines sa New Bataan, Davao de Oro noong nakaraang taon, Pebrero 24, 2022.

Samantala, mariing kinundena ng Kabataan Partylist - Southern Mindanao Region (SMR) ang nagkalat na posters ng disimpormasyon tungkol sa EDSA People Power na nakitang nakapaskil sa Tagum City, Davao City at sa iba pang bahagi ng Davao Region kasabay ng paggunita sa ika-37 taong anibersaryo ng EDSA People power kahapon.

Isinaad sa mga poster na “peke ang 1986 EDSA Revolution” dahil ito ay pagtitipon ng ilang milyong Pilipino na “nalinlang lamang” para lumahok.

“Ang EDSA People Power ay hindi peke,” ayon sa pahayag ng Kabataan Partylist-SMR. “Ito ay ang pagkakaisa ng sambayanan para patalsikin ang diktadurang Marcos! Ang mga ganitong propaganda ay hayagang ipinapatupad ng kasalukuyang rehimeng Marcos Jr- Duterte para linlangin ang sambayanan.”

Itigil ang pagphase-out ng mga dyip

Pebrero 26, 2023

Binatikos ng grupong PISTON ang rehimeng Marcos at mga ahensya nito sa pagpupumilit na ituloy ang programang modernisasyon ng mga

dyip sa kabila ng malakas na pagtutol dito. Ito ay matapos ianunsyo ng LTFRB ang Memorandum Circular 013-2023 na nagtatakda ng dedlayn para sa konsolidasyon ng bagong mga prangkisa at pag-phase-out ng mga dyipni sa katapusan ng Hunyo.

Ang konsolidasyon ng mga prangkisa ay nagmumula sa dati nang kautusan ng Department of Transportation na palitan ang mga indibidwal na mga prangkisa ng mga drayber at opereytor at ipailalim sila sa isang “fleet management system.” Ang “maneydsment” na ito ang mangangasiwa sa pagpapatakbo ng minimum na 15 imported na minibus na siyang papalit sa mga dyip.

Sa nakaraang mga taon, tinutulan ng mga drayber at mga opereytor ang iskemang ito dahil wala silang kakayahan na bumili ng ipanghalili na mga sasakyan na nagkakahalagang ₱2.4 milyon hanggang ₱2.8 milyon. (Ang mga tradisyunal na dyip ay nagkakahalaga lamang ng ₱200,000 hanggang ₱600,000 kada isa.)

“Malinaw na palpak ang PUVMP kaya hanggang ngayon, marami pa ring operator ang tumatangging pumaloob dito at isuko ang kanilang mga prangkisa at kabuhayan dahil sa oras na isuko nila ang kanilang indibidwal na prangkisa, ‘pag di nila nakayanan ang bigat ng gastos ng modernization, wala na silang babalikang kabuhayan dahil wala na silang mga prangkisa, consolidated na,” ayon kay Mody Floranda, presidente ng PISTON.

Malinaw na ang iskemang ito ay para lamang makopo ng malalaking kumpanya ang seksyon ng transportasyon na pinatatakbo ng maliliit na mga may-ari at kanilang mga drayber. Tanging ang malalaking kumpanya na may kakayahang bumili ng 15 minibus ang hindi mababaon sa utang.

“Dapat nakabatay sa makatarungang transisyon ang anumang programa sa modernisasyon,” ayon sa Piston. Libu-libong drayber ang mawawalan ng trabaho dahil dito.

“Patuloy ang panawagan namin para sa modernisasyong nakabatay sa rehabilitasyon at pagkukumpuni ng mga lumang dyipni para maging mas malinis at mas komportable at para makapagpaunlad ng sarili nating industriya sa pagmamanupaktura at makalikha ng maraming trabaho sa milyun-milyong manggagawang walang pormal na trabaho, hindi yung sapilitang isinusupalpal sa maliliit na opereytor ang mga pagkamahal-mahal na imported minibus na itinatambak na nga dito sa bansa, wala pang direktang ambag sa ating ekonomya,” ayon kay Floranda.

Unang anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, sinalubong ng protesta

Pebrero 26, 2023

Magkakasabay na protesta at iba't ibang aktibidad at pagtitipon ang inilunsad ng mga demokratikong organisasyon noong Pebrero 24 at 25 bilang paggunita sa ika-37 anibersaryo ng pag-aalsang

Edsa noong 1986. Pangunahin sa mga pagtitipong ito ang pagkilos ng mga organisasyon, sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabaya (Bayan), sa People Power Monument sa EDSA, Quezon City kahapon. Ang paggunitang ito sa makasaysayang pag-aalsang nagpatalsik sa diktadurang Marcos ang unang ginanap sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, anak ng diktador.

Libu-libong kabataan, beterano ng pakikibakang anti-Marcos, magsasaka, manggagawa at iba pang sektor ang nagsama-sama sa mga pagkilos. Naglunsad din ng mga pagkilos sa mga syudad ng Cebu, Iloilo, Baguio, Davao at Bacolod.

“Hindi dapat ipagdiwang ang EDSA ng nakabibinging katahimikan. Dapat itong gunitain nang may maalab na paninindigan na makamit ang tunay na kalayaan at demorasya,” pahayag ni Renato Reyes Jr, pangkalahatang kalihim ng Bayan.

Aniya, ang mga aral sa panahon ng EDSA ay nananatiling wasto at balido hanggang ngayon, laluna sa “kolektibong pagharap ng bayan sa ikalawang rehimeng Marcos.”

Nakasama ng Bayan sa naturang protesta ang Movement Against Tyranny, Campaign Against the Restoration of the Marcoses in Malacanang (CARMMA), ML50, Movement Against Disinformation, Concerned Lawyers for Civil Liberties, Tanggol Kasaysayan, One Voice, Babae Laban sa Katiwalian, Project Gunita, 1sambubungan, Movement for Good Governance

and Genuine Democracy, Sandugo at ang Concerned Artists of the Philippines.

Iginiit ng CARMMA na dapat ikampanya ang pagbawi sa nakaw na yaman ng pamilyang Marcos. Tinatayang aabot sa \$10 bilyon ang hawak pa ng mga Marcos. Ayon din sa grupo, dapat igiit at papanagutin si Marcos Jr at kanyang inang si Imelda sa hindi pagbayad ng estate tax ng kanilang pamilya na hindi bababa sa ₱203 bilyon.

Binatikos rin ng Bayan ang patuloy na maling pamamalakad ng kasalukuyang gobyerno na nagpapalubha sa krisis sa ekonomya. Tuluy-tuloy pa din ang mga paglabag sa karapatang-tao, kawalan ng pananagutan sa mga nagdaang mga paglabag sa karapatang-tao ni Duterte, pagwawaldas sa pera ng bayan, at pagyuko sa mga dayuhan.

Umalingawngaw sa protesta ang panawagang 'EDSA 37: Tuloy ang laban para sa hustisya, kabuhayan, kalayaan at demokrasya!'

Anti-mangingisdang Philippine Fisheries Code of 1998, ipinababasura

Pebrero 27, 2023

Kinalampag ng mga mangignisda ang upisina ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) sa Quezon City noong Pebrero 24 para igiit ang pagbabasura sa mapaniil na Philippine Fisheries Code of 1998 sa ika-25 anibersaryo nito. Liban dito, ipinatitigil nila ang paghuhukay ng lupa o dredging at mga proyektong reklamasyon

sa Manila Bay na nakapipinsala sa kalikasan at kabuhayan ng maliliit na mangingisda.

Paninindigan ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), inilugmok sa hirap ng Fisheries Code ang maliliit na mangingisda. Ang limitadong 15 kilometro mula sa baybayin na inilaan para sa kanila ay pumabor sa mga komersyal at dayuhang barkong pangisda. Giit pa nila lalong naging laganap ang pagbabakod ng tubig at marami ang hinuhuli dahil sa “illegal entry.”

Samantala, binatikos ni Aries Soledad, koordineytor ng grupo sa Cavite, ang dredging o paghuhukay sa Manila Bay. Nagdudulot ng “signipikanteng pinsala” sa maliliit na mangingisda ang aktibidad, aniya. Isinalaysay niya ang masasamang epekto ng dredging tulad ng pagkagambala at pagtataboy ng mga isda dahil sa polusyon sa ingay, mas malalaking alon at pagtaas ng agos ng tubig sa mga dredging site, mga insidente kung saan ang mga lambat ng pangingisda ay hinahakot ng mga kagamitan sa dredging kasama ng mga buhangin, at pagbagsak ng dami ng isda dahil sa polusyon at pagkagambala sa lugar ng mga isda.

Kabilang umano sa listahan ng mga mapangwasak na dredging ang isinasagawa ng Silverquest Mining Resources Inc. (SMRI) na nakatanggap ng pahintulot mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) para sa paghuhukay sa buhangin sa mga bayan Ternate at Naic sa Cavite noong 2021. Sinasaklaw ng operasyon ng naturang kumpanya ang 2,124

ektarya na katubigan ng naturang mga bayan at nagsasagawa ng dredging sa 318-ektaryang Manila Waterfront Project.

Liban dito binatikos ng Pamalakaya ang hindi bababa sa 187 proyektong reklamasyon sa buong bansa na sumasaklaw sa 25,000 ektarya ng tubig pangisda, kung saan 30 sa mga ito o 16% ay nasa Manila Bay. Tinataya nito na hanggang 70% ang nawala sa produksyon ng pangisdaan ng Manila Bay.

Itigil ang gerang US-NATO sa Ukraine, giit ng mga grupo

Pebrero 27, 2023

Nagprotesta ang libu-libong mamamayan sa Belgium noong Pebrero 25 para ipanawagan ang kagyat na pagwawakas sa gerang US-NATO sa Ukraine na sumiklab isang taon na ang nakalilipas. Nakilahok sa protesta ang International League of Peoples' Struggle (ILPS)-Belgium, mga alyadong organisasyon nito at ang International Peoples' Front (IPF). Nagmartsa rin ang mga migranteng Pilipino sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan-Europe.

Idiniin ng ILPS sa protesta ang panunulsol ng US-NATO sa gera sa Ukraine at kung paanong ginagamit ang bansa sa isang digmang proxy.

Sa pahayag ng IPF, sinabi nitong ang “gerang ito ay pinangunahan ng US sa pamamagitan ng North Atlantic Treaty Organization (NATO)...at mayroong nakatagong interes ang US sa magiging

resulta ng tunggalian at aktibong ginagamit at iniimpluwensyahan ang pagtindi nito.”

Ayon pa sa IPF, ang kamakailang desisyon ng mga gubyrno ng Germany, Poland, Denmark, the Netherlands at iba pang bansa na magpadala ng mga tangke sa Ukraine ay isang “malubhang senyales” na posible pang tumindi ang gera.

Sa mga balita, sinasabing higit 100,000 na ang namatay sa gera, maliban pa sa ilampung libong napalayas at nagdurusang mga sibilyan dahil sa walang tigil na panganganyon sa mga teritoryong nasa hangganan. Ayon sa IPF, hindi umano malabo na posible pang ibayong tumindi ang gera dahil mayroong akses sa armas nukleyar ang US at Russia.

Giit ng IPF, ang panawagang wakasan na ang gera ay hindi lamang dapat isinasabalikat ng mamamayan ng Russia at Ukraine, bagkus ng lahat mamamayan gaano man kalayo sa sentro ng gera. “Iginigiit ng mga gubyrno, organisasyon at institutsyon ang isang diplomatikong resolusyon sa tunggalian, pero matapos ang isang taon ay wala pa ring epekto” ayon pa dito.

Panawagan nila, dapat manggaling ang presyur sa mamamayan. “Dapat igiit ng mamamayan at itulak ang mga gubyrnong sangkot sa NATO na itigil ang pagpapalawak ng alyansa nito sa silangan at tuluyan nang buwagin,” saysay ng IPF.

“Dapat organisahin ng mamamayan ang kanilang sarili para pangibabawan at talunin ang makinarya sa digma na pinamumunan ng US,”

ayon dito. “Ang kagustuhang nating makamit ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay dapat maging kongkretong aksyon para wakasan ang lahat ng gerang agresyon at tunggalian.”

Mga mambabatas ng EU, nakipagpulong sa blokeng Makabayan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao

Pebrero 27, 2023

Nakipagdayalogo ang mga mambabatas ng European Union (EU) Subcommittee on Human Rights sa mga mambabatas ng blokeng Makabayan at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao noong Pebrero 23 para pag-usapan ang kalagayan ng karapatang-tao sa bansa.

Sa isang pulong sa House of Representatives sa Quezon City, pinag-usapan nila ang gera kontra droga ng dating rehimeng Duterte at ang pagsuporta ng EU sa itinutulak na imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) laban kay Rodrigo Duterte at kanyang mga kasabwat sa kanilang krimen laban sa sangkatauhan.

Ibinahagi ng mga kinatawan ng Makabayan sa mga mambababatas ng EU ang nagpapatuloy at tumitinding paglabag sa karapatang-tao sa bansa laluna sa mga progresibong organisasyon at sektor. Kasabay nito, isinumite ng bloke sa mga mambabatas ng EU ang mga kopya ng kanilang resolusyon sa House of Representatives na

nagtutulak ng imbestigasyon sa mga paglabag sa karapatang-tao.

Anang Makabayan, umaasa silang aaksyunan ng House of Representatives ang mga resolusyong ito para sa kapakinabangan ng mamamayang Pilipino.

Ayon sa Kabataan Partylist, itutulak umano nila ang pagpapanagot sa mga sangkot sa anti-mahirap na gera sa droga sa mga paglabag sa karapatang-tao na idinulot nito. Sa taya ng mga grupo, hindi bababa sa 30,000 ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa ilalim ng gera sa droga ni Duterte.

“Sa lagay ng sirang sistema ng hustisya sa bansa, naniniwala kami na dapat gamitin ang lahat ng mga lokal at internasyunal na plataporma para sa prosekusyon kay dating pangulo Rodrigo Duterte at kanyang mga heneral sa gera sa droga,” giit pa ng grupo.

Samantala, nagpasalamat naman si Tinay Palabay, pangkalahatang kalihim ng grupong Karapatan, sa delegasyon ng EU para sa isang “mabunga at prangkang diskusyon sa sitwasyon ng karapatang-tao sa bansa.”

Simbahan, dismayado sa pagbabasura ng Sandiganbayan sa kaso ng mga Marcos

Pebrero 27, 2023

Tinawag ni Bishop Jose Colin Bagaforo, pinuno ng Caritas Philippines, ang desisyon kamakailan ng Sandiganbayan bilang “nakapanlulumo at

nakadidismaya” matapos nitong ibasura ang isang kaso kaugnay sa nakaw na yaman ng dating diktador na si Ferdinand Marcos Sr.

“Mayor na pagkatalo ito para sa mamamayang Pilipino na ninakawan na ng mas maaliwalas ng kinabukasan at kasalukuyang dumaranas ng matinding kahirapan,” aniya.

Ang naturang desisyon na may petsang Pebrero 21 ay inilabas ng Ikalimang Dibisyon Sandigabayan. Kaugnay ito sa prenteng korporasyong Philippine Integrated Meat Corp. (Pimeco) at kaakibat nitong mga negosyo. Liban kay Marcos Sr at asawa niyang si Imelda, ang mga kinasuhan ay ang mga kroni at tau-tauhan nilang sina Luis Yulo, Roberto Benedicto, Nicolas Dehesa, Jose Tengco Jr., Rafael Sison, Peter Sabido, Cesar Zalamea, at Don Ferry.

Kasabay ng pagbabasura sa kaso ay ang pagtanggap sa sekwestrasyon at gayon ay pagbabalik sa mga Marcos sa 40,000-ektaryang Yulo King Ranch sa Palawan at Lianga Bay Logging Company sa Surigao del Sur. Ayon sa Sandiganbayan, “hindi napatunayan” na mga prenteng korporasyon ng mga Marcos ang nabanggit na mga kumpanya.

Kinundena rin ng CARRMA ang pagbasura ng isa na namang kaso laban kay Marcos Sr at kanyang mga kroni. “Muli na namang ninakawan ang mamamayan sa pakikibaka para papanagutin ang mga Marcos at kanilang mga kroni sa kanilang korapsyon at pandarambong,” ayon sa grupo.

Sa huling mga ulat, limang kaso na laban sa mga Marcos at kanilang nakaw na yaman ang ibinasura ng Sandiganbayan. Pinakahuli bago ngayong taon ang pagbasura ng Sandiganbayan Second Division noong Oktubre 2019 sa mga pagsisikap ng estado na bawiin ang mga obra, ari-arian at pamumuhunan ng mga Marcos na nagkakahalaga ng ₱1 bilyon.

Ang mga pagbabasurang ito, na ginawa sa ilalim ng rehimeng Duterte, ay una nang binatikos ng mga kinatawan ng Makabayan na nagsabing animo’y “nililinis” ni Rodrigo Duterte ang nakaw na pera ng mga Marcos bilang paghahanda sa noo’y eleksyong 2022.

“Nakagagalit na parang pinabibilis ng Sandiganbayan ang pagbabasura ng mga kaso laban sa mga Marcos at baluktutin ang kasaysayan,” ayon kina Carlos Isagani Zarate at Bayan Muna tsirman Neri Colmenares noong 2019.

Kalampagan para sa dagdag-sahod sa Buwan ng Kababaihan

Pebrero 28, 2023

Naghahandang magsagawa ng mga serye ng kalampagan at protesta ang mga grupo ng kababaihan, sa pamumuno ng Gabriela, sa pagbubukas ng Buwan ng Kababaihan ngayong Marso. Sinimulan ito noong Pebrero 17 sa harap ng SM North sa Quezon City at sa harap ng Iloilo Provincial Capitol.

“Bubuksan ngayong linggo ang National Women’s Month at tiyak maraming palamuting handog ang Marcos-Duterte admin sa kababaihang Pilipino. Habang sa katunayan, hindi nito nilulutas ang pangunahing sagka sa pagtamasa ng kababaihan ng tunay na kalayaan—ang kahirapan, kawalan ng oportunidad sa trabaho, pandarahas at pagsasamantala sa loob at labas ng tahanan. Sa halip, nangunguna ang pamahalaan sa pagpapabaya at pagpapahirap sa amin, lalo na sa kababaihang anakpawis,” pahayag ni Gabriela Secretary General Clarice Palce.

Ang pagbibingi-bingihan ni Ferdinand Marcos Jr sa hinaing ng mga manggagawa para sa dagdag-sahod at iba pang problema sa ekonomya ay lalong pinalalala sa “maluhong pamumuhay” niya at ng kanyang pamilya, ayon sa grupo.

“Ayon sa konserbatibong taya ng gubyrerno, nabubuhay sa palagiang kahirapan ang 33 milyong Pilipino, at tinatayang dadami pa sila ngayong taon. Pero walang pakialam dito ang mga nangungunang lider habang nagbibyahe sila ibang bansa, nanonood ng mga konsyerto, nagpipiging, nagpapahatid sa mga helikopter, habang ang mga ordinaryong Pilipino ay nagbabayad sa mga ito sa pamamagitan ng dagdag na mga buwis, dagdag-pasahe, sumisirit na presyo ng mga bilihin at serbisyo” ayon kay Palce.

Inaalala ng kababaihan na unang ginunita ang Internasyunal na Araw ng Kababaihang Anakpawis sa bansa noong Marso 8, 1971 laban sa noo’y presidente na si Ferdinand Marcos Sr.

Mga manggagawa ng asukarera sa Batangas, nagpiket

Pebrero 28, 2023

Naglunsad ng piket ang mga manggagawang kasapi ng Batangas Labor Union at Central Azucarera Don Pedro Professional Technical Monthly Paid Workers Union Inc. sa harap ng ilohan ng Central Azucarera Don Pedro sa Nasugbu, Batangas kahapon. Inihayag nila ang mga isyu ng pakikialam ng maneydsment sa unyon, intimidasyon at panggigipit laban sa unyon at mga kasapi nito at ang malawakang kawalan ng kabuhayan dulot ng pagsasara ng ilohan.

Isinara ng CADPI ang tatlong mayor na departamento nito sa Nasugbu noong Disyembre 15, 2022. Ayon kay Christian Bearo, tagapagsalita ng Sugarfolks Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas, tinatayang 12,000 manggagawang bukid at mahigit 7,000 maliliit na plantador ang nawalan ng kabuhayan dahil sa hindi makatarungang pagsasara ng asukarera. “Sinisira nito ang lokal na industriya ng asukal hindi lamang sa prubinsya, kundi sa buong bansa,” ayon pa sa grupo.

Sa mga piket, iginiit ng mga manggagawa na muling buksan ang ilohan para magkaroon ng trabaho, sapat na kumpensasyon sa mga plantador ng asukal at pagrespeto sa mga napagkasunduan sa collective bargaining agreement ng maneydsment at unyon.

Naghain ng motion to strike ang dalawang unyon noong Pebrero 8 sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) laban sa CADPI kaugnay ng hindi pagtugon nito sa kahingian ng mga manggagawa.

Kasama ang Makabayan, naghain ng resolusyon sa House of Representatives ang mga manggagwa ng CADPI at manggagawang-bukid noong Pebrero 15. Kinapanayam din nila ang ibang kinatawan sa kongreso para makakuha ng suporta sa kanilang panawagan.

Bago nito, iginiit ng SUGAR-Batangas sa gubyerno na bilhin at pangasiwaan ang operasyon ng CADPI para maisalba ito upang palakasin ang lokal na industriya ng asukal sa prubinsya.

Anang SUGAR, lubhang apektado ng pagsasara ang mga plantador sa Batangas. Ito ay dahil 4,500 metriko toneladang asukal lamang kada araw ang kayang gilingin ng nalalabing tumatakbong sugar mill sa prubinsya kumpara sa kapasidad ng CADPI na 12,000 metriko tonelada kada araw. Sa taya noong 2020, sinasaklaw ng CADPI ang 10,980 ektarya ng tubuhan sa prubinsya.

Planong demolisyon sa Taguig City, tinutulan

Pebrero 28, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga residente ng Maysapang, Barangay Ususan, Taguig City noong Pebrero 22 para tutulan ang bantang demolisyon sa komunidad. Ang naturang araw din ang huling

araw na ipinataw ng R-II Builder at MGS Consortium upang “magself-demolish” ang mga residente o gibain ang sarili nilang mga bahay.

Ang protesta ay nilahukan ng mga kasapi ng Nagkakaisang Residente Maysapang Home Owners Association Inc at Anakbayan Taguig. Nagmartsa paikot sa komunidad ang mga residente at nagtapos ang programa sa kahabaan ng Levi Mariano Avenue. Sa kalagitnaan ng programa, paulit-ulit na hinaras at tinakot ng mga maton ng Jericko Security Agency ang mga residente.

Giit nila sa lokal na gubyerno ng Taguig City at mayor nitong si Mayor Lani Cayetano na huwag pirmahan ang Certificate of Compliance na siyang magbibigay ng buong pahintulot sa R-II Builders at MGS Consortium na gibain ang mga bahay sa Maysapang.

Noong Pebrero 26 ay muling naglunsad ng pulong masa ang mga residente para pagtibayin ang kanilang kampanya laban sa demolisyon. Ilang linggo bago nito, nagtirik ng kandila bilang protesta ang mga residente ng Maysapang noong Pebrero 3 upang irehistro ang kanilang nagkakaisang tindig.

Noon namang Pebrero 2, nagsagawa ng “konsultasyon” ang pinagsamang pwersa ng BCDA, R-II Builders/MGS Consortium, lokal na pamahalaan ng syudad, SWAT, at kapulisan sa mga residente. Sa kumperensya ay iginiit ng mga mamamayan ang kanilang paninindigang depensahan ang lupang kinatitirikan ng kanilang

mga tahanan, at patuloy na pagpanawagan para sa karapatan sa paninirahan.